


Liahona

A man and a woman are sitting at a desk, looking at a photo album. The man is holding a white envelope and pointing at it, while the woman smiles. They are surrounded by various photos and documents on the desk.

**Mga Disipulo at
ang Pagtatanggol
sa Usapin ng Kasal,
mga pahina 18, 28, 80**

**Kaligtasan sa Pagsunod sa mga
Pamantayan ng Diyos, p. 24**

**Pin, Post, Tweet: Punuin ng
Katotohanan ang Mundo, p. 48**



“Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila. Nakapuputi baga ng mga ubas sa mga tinikan, o ng mga igos sa mga dawagan?”

“Gayon din naman ang bawa’t mabuting punong kahoy ay nagbubunga ng mabuti; datapuwa’t ang masamang punong kahoy ay nagbubunga ng masama.

“Kaya’t sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila.”

Mateo 7:16–17, 20



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Manindigan Bilang Isang Liwanag**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Banal na Katangian ni Jesucristo—Maamo at Mapagpakumbaba**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 18 Mga Disipulo at ang Pagtatanggol sa Usapin ng Kasal**
Ni Elder Russell M. Nelson
Kailangan nating ipagtanggol ang tradisyonal na kasal at ipahayag ang kalooban ng Diyos.

SA PABALAT
Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ng grapix/iStock/Thinkstock. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni mycola/iStock/Thinkstock.

- 24 Mga Permanenteng Pamantayan ng Ama sa langit**
Ni Elder Allan F. Packer
Ang pamumuhay ayon sa mga pamantayan ng Diyos ngayon ay maghahanda sa atin para sa Huling Paghuhukom.
- 28 Ang Pagpapahayag tungkol sa Mag-anak: Paglagpas sa Kalituhang Dulot ng Kultura**
Ni Elder Bruce C. Hafen
Ang pag-aasawa at pagiging magulang ay mahahalagang hibla sa disenyo ng ating lipunan.
- 34 Kalalakihang Banal sa mga Huling Araw at Diborsyo**
Ni Brent Scharman
Sa oras at pagkatapos ng trahedyang ng diborsyo, mahalagang manatiling malapit sa inyong mga anak at sa ebanghelyo.

MGA BAHAGI

- 8 Notebook ng Kumperensya ng Abril 2015**
- 10 Ang Ating Paniniwala: Naniniwala Kami sa Pagiging Mapagpakumbaba**
- 12 Mga Balita sa Simbahan**
- 14 Ating Tahanan, Ating Pamilya: Isang Maluwalhatang Pagkikitang Muli**
Nina Susan L. at C. Terry Warner
- 16 Paglilingkod sa Simbahan: Ang Bisa ng Home Teaching**
Ni Jeff B. Marler
- 17 Mga Pagmumuni: Ang Bintana sa May Pool**
Ni Becky Heiner
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Itinuro Niya sa Akin ang Makalangit na Orden ng Kawalang-Hanggan**
Ni Elder Parley P. Pratt

42




42 Pagtitiis: Higit pa sa Paghihintay
 Ni Hillary Olsen
Ang ibig sabihin ng pagtitiis ay aktibong paggawa ng "lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya" (D at T 123:17).

46 Misyong Pera?
 Ni Gelzcke Felix Nogueira
Sulit bang isakripisyo ang pera para maglingkod sa misyon?



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Piliin ang tama!

60



48 Punuin ang Mundo sa pamamagitan ng Social Media
 Ni Elder David A. Bednar
Biniyayaan tayo ng Panginoon ng bagong teknolohiya para makatulong na punuin ng katotohanan ang mundo.

54 Mga Tanong at mga Sagot
Nagdiborsyo ang mga magulang ko. Paano ko sila mapapatawad?

56 Resipe para sa Isang Masayang Pamilya
 Ni Mindy Anne Leavitt
Itinuro sa atin ng pagpapahayag tungkol sa mag-anak kung paano patatagin ang ating pamilya at makabuo ng masasayang tahanan.

60 Ang Sabbath ay Kaluguran
Ipinaliwanag ng mga kabataan mula sa Eastern Europe kung bakit at paano nila pinananatiling banal ang araw ng Sabbath.

62 Paghihintay nang May Pananampalataya
 Ni Mikaeli Duarte da Silva
Sasapi pa kaya sa Simbahan ang iba pang mga miyembro ng aking pamilya?

64



64 Pakikipagkarera ni Shelly
 Ni Jan Pinborough
Kabado si Shelly na kausapin ang tatay niya hanggang sa makuha niya ang priesthood blessing mula sa kanyang bishop.

66 Saklolo! May Nakikipagdiborsyo
 Ni Katherine Nelson
Ilang sagot na maaaring makatulong sa iyo kung magdiborsyo ang mga magulang mo.

68 Tag, Taya Ka!
 Ni Amie Jane Leavitt
Sapat ba ang tapang ni Lauren para ipagtanggol si Ally?

70 Ang Tama'y Ipaglaban

71 Musika: Maglakas-loob, Tama'y Gawin
 Nina George L. Taylor at A. C. Smyth

72 Isang Mahirap na Pagpapasiya
 Ni Amanda Michaelis
Kapag nakakakita si Diego ng masamang video game, kailangan niyang gumawa ng mahirap na pagpapasiya.

74 Natatanging Saksi: Paano ako mananatiling malaya?
 Ni Elder Quentin L. Cook

75 Maaari Kang Magsisi at Magpatawad

76 Si Clara at ang Primary Program
 Ni Jane McBride Choate

78 Oras para sa Banal na Kasulatan: Muling Binuhay ni Jesus si Lazaro

AGOSTO 2015 TOMO 18 BLG. 8

LIAHONA 12568 893 (ISSN 1096-5165)

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:

Allan R. Loyborg

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Publications Assistant: Lisa Carolina López

Writing and Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekir, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining:

J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hincley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison,

Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator:

Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett,

Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,

Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalina: Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang <http://store.lds.org>. Huwag kalimutang isaad ang inyong ward/branch bilang address na pagpapadalan ng inyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber

o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online

sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa

Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St.,

Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa:

liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.



"Mga Disipulo at ang Pagtatanggol sa Usapin ng Kasal," pahina 18: Isipin kung paano kayo magiging "tagapagtanggol ng kasal" sa sarili ninyong tahanan. Nakausap na ba ninyo ang inyong mga anak tungkol sa pag-aasawa nila sa hinaharap o kung paano naiiba sa mundo ang pananaw ng Simbahan tungkol sa kasal? Naibahagi na ba ninyo sa inyong mga anak ang inyong damdamin tungkol sa kasal? Naituro na ba ninyo sa kanila ang mga turo ng mga propeta at apostol hinggil sa pag-aasawa? Sa isang family home evening, isiping talakayin ang mga paksang ito, gamit ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (*Liahona*, Nob. 2010, 129).

"Punuin ang Mundo sa pamamagitan ng Social Media," pahina 48: Matapos basahin ang artikulong ito, talakayin bilang pamilya kung paano ninyo gagamitin, tulad ng sabi ni Elder Bednar, "ang social media para iparating ang mensahe ng ebanghelyo," na sinusunod ang mga tuntuning iminungkahi niya. Maaari kayong magbahagi ng mga siping-banggit mula sa mga General Authority sa inyong Facebook page o mag-post ng mga larawan ng inyong mga paboritong talata sa banal na kasulatan sa Instagram. Makakaisip pa ang inyong pamilya ng sarili ninyong hashtag na gagamitin kapag nag-post kayo ng mga larawan o siping-banggit na nauugnay sa ebanghelyo (gaya ng mga miyembrong nagsimula ng #LDSconf hashtag).

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, 41

Araw ng Sabbath, 60

Basbas ng priesthood, mga, 64

Diborsyo, 34, 54, 64, 66

Espiritu Santo, 40

Family history, 39

Gawaing misyonero, 41, 46, 48

Gawain sa templo, 14, 62

Halimbawa, 4, 48, 68

Home teaching, 16

Ikapu, 46

Integridad, 24

Jesucristo, 7, 78

Kalayaan, 24, 70, 72, 74

Kapalaluan,

pagmamalaki, 10

Kasal, pag-aasawa, 18, 28, 80

Pagbabalik-loob,

pagbabagong-loob,

paniniwala, 14, 62

Pagiging magulang, 28, 34

Pagkakaibigan, 68, 72

Pagkamarapat, 24

Pagmamahal, pag-ibig,

18, 56, 68

Pagpapakumbaba, 7, 10

Pagpapatawad,

kapatawaran, 54, 56,

66, 75

Pagsisimba, 38, 60

Pagsisisi, 56, 75

Pagsunod, 24, 70

Pamantayan, mga, 24, 70

Pamilya, mag-anak, 14,

17, 18, 28, 56, 62, 80

Panalangin, 39, 40, 56,

64, 76

Pananakot, pang-aapi, 68

Patotoo, 4, 48

Sakripisyo, 46

Social Media, 48

Tapang, lakas ng loob, 64,

71, 72, 76

Tiyaga, pasensya, 42, 62

Trabaho, gawain, 56



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

Nagkaroon na ako ng pribilehiyong dumalo sa maraming kultural na pagdiriwang na idinaos kaugnay ng mga paglalaan ng templo. Nagustuhan ko ang lahat, pati na ang pinakahuling dinaluhan ko sa Phoenix, Arizona, USA, noong Nobyembre.

Ang mga kabataang Banal sa mga Huling Araw na kalahok sa kultural na mga pagdiriwang ay nagtanghal ng kagila-gilalas at di-malilimutang mga programa. Noong isang taon sa Phoenix, bago ang pagdiriwang, sinabi ko sa mga kalahok, “Kayo ay mga anak ng liwanag.”

Gusto kong malaman ng lahat ng mga kabataan ng Simbahan na sila ay mga anak ng liwanag. Dahil diyan, responsibilidad nilang maging “mga ilaw sa sanglibutan” (Mga Taga Filipos 2:15). Tungkulin nilang ibahagi ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Tungkulin nilang tumayo bilang tanglaw sa tuktok ng templo, na mababanaagan ng liwanag ng ebanghelyo sa isang mundong lalong nagdidilim. Pananagutan nilang panatiliing maningning at maalab ang kanilang ilaw.

Para tayo maging “uliran ng mga nagsisisampalataya” (I Kay Timoteo 4:12), kailangang maniwala tayo mismo. Dapat tayong magkaroon ng pananampalatayang kailangan upang manatiling espirituwal at maging liwanag sa iba. Kailangan nating pangalagaan ang ating patotoo hanggang sa ito ay maging angkla sa ating buhay.

Kasama sa pinakaepektibong mga paraan para matamo at mapanatili ang pananampalatayang kailangan natin ngayon ang magbasa at mag-aral ng mga banal na kasulatan at manalangin nang madalas at palagian. Sa mga kabataan ng Simbahan, sinasabi ko, kung hindi pa ninyo ito nagagawa, ugaliin na ngayong araw-araw na mag-aral ng mga banal na kasulatan at manalangin. Kung wala ang dalawang mahahalagang kaugaliang ito, maaaring mapalamlam o mapawi ng mga impluwensya sa labas at kung minsang’y ng malulupit na katotohanan ng buhay ang inyong liwanag.

Hindi madaling maging tinedyer. Iyon ang kasibulan ng buhay kung kailan tutuksuhin kayo ni Satanas at gagawin



MANINDIGAN BILANG ISANG LIWANAG

niya ang lahat para akitin kayong lumihis sa landas na magbabalik sa inyo sa inyong tahanan sa langit. Ngunit kapag patuloy kayong nagbasa at nanalangin at naglingkod at sumunod, mas makikilala ninyo “ang ilaw na nagliliwanag sa kadiliman” (D at T 6:21), ang ating Huwaran at ating lakas—maging ang Panginoong Jesucristo. Siya ang Liwanag na itataas natin upang iwaksi ang natitipong kadiliman (tingnan sa 3 Nephi 18:24).

Sa malakas na patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo, napakarami ninyong pagkakataong magliwanag. Nakapaligid sila sa inyo bawat araw, anuman ang inyong sitwasyon. Kapag sinunod ninyo ang halimbawa ng Tagapagligtas, magkakaroon kayo ng pagkakataong maging ilaw, ika nga, sa buhay ng mga tao sa paligid ninyo—mga miyembro man sila ng sarili ninyong pamilya, kaklase, katrabaho, kakilala lamang, o tunay na estranghero.

Kapag kayo ay isang liwanag sa mundo, madarama ng mga tao sa paligid ninyo ang espesyal na sigla na gagan-yak sa kanila na gustuhing makasama kayo at sundan ang inyong halimbawa.

Nakikiusap ako sa mga magulang at lider ng ating mga kabataan na tulungan silang manindigan sa katotohanan at kabutihan. Palawakin ang kanilang pananaw sa mga



pagkakataong matuto, makaunawa at makapaglingkod sa kaharian ng Diyos. Bigyan ninyo sila ng lakas-ng-loob na paglabanan ang mga tukso ng mundo. Bigyan sila ng determinasyong mamuhay sa kabanalan at pananampalataya, maging madasalin, at umasa sa kaitaasan bilang palagian nilang gabay.

Sa ating mga kabataan, sinasabi ko, mahal kayo ng ating Ama sa Langit. Nawa'y madamangin ninyo ang pagmamahal ng mga lider ng Simbahan para sa inyo. Nawa'y magkaroon kayo palagi ng hangaring paglingkuran ang inyong Ama sa Langit at ang Kanyang Anak. At nawa'y lagi kayong lumakad sa katotohanan at manindigan bilang ilaw sa mga anak ng Diyos. ■

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Isiping talakayin sa mga tinuturuan ninyo ang ibig sabihin ng maging isang "anak ng liwanag." Anong mga responsibilidad ang kaakibat nito? Maaari ninyong talakayin ang mga pagkakataon na nag-ibayo ang ningning ng kanilang liwanag at ano ang dahilan nito. Magpaisip sa kanila ng isang partikular na tao, tulad ng isang kabataan, katrabaho, o miyembro ng kanilang pamilya, na maaaring nangangailangan ng liwanag. Pagkatapos ay maaari kayong manalangin nang magkasama tungkol sa isang paraan na mababahaginan ninyo ng liwanag ang taong iyon.



MGA KABATAAN

Gabay na Liwanag

Itinuro ni Pangulong Monson na ang mga kabataan ng Simbahan ay “may tungkuling tumayo bilang tanglaw sa tuktok ng templo, na mababanaagan ng liwanag ng ebanghelyo sa isang mundong lalong nagdidilim.” Nagbigay siya ng ilang paraan para magawa ninyo ito:

- Ibahagi ang ebanghelyo
- Maniwala
- Magkaroon ng pananampalataya
- Maging liwanag sa iba
- Pangalagaan ang inyong patotoo hanggang sa ito ay maging angkla sa buhay ninyo
- Basahin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan
- Manalangin nang madalas at palagian




- Maglingkod
- Sumunod

Isiping bigyan ng marka ang inyong sarili mula 1 hanggang 5 sa bawat isa sa mga aspetong ito. Para sa mga aspetong mas mababa ang marka, maaari ninyong pag-aralan ang mga paksang ito sa mga banal na kasulatan o saliksikin ang mga ito sa LDS.org. Matapos ninyong pag-aralan ang mga paksang ito, maaari kayong mag-isip ng mga paraan para mapalakas ninyo ang mga aspetong ito at makapagtakda kayo ng mga mithiing gawin ito.

MGA BATA

Paningningin ang Iyong Liwanag

Bilang anak ng Diyos, ikaw ay isang anak ng liwanag. Magkakaroon ka ng higit na liwanag sa pagsunod sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Mahal ka ni Jesucristo at ng Ama sa Langit at nais Nilang magningning ka para sa iba at akayin sila kay Cristo. Maaari kang magningning sa pamamagitan lamang ng pagiging ikaw kapag sumunod ka sa mga kautusan, gaya ng pagdarasal at pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Punuin ang mga bituin sa ibaba ng mga ideya kung paano ka maaaring magningning para sa iba bilang halimbawa ni Jesucristo. Ang unang dalawa ay ginawa na para sa iyo. Kulayan ang mga bituin.



Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabaha-hagi. Paanong daragdagan ng pagkaunawa sa buhay at mga tungkulin ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa reliefsociety.lds.org.

Mga Banal na Katangian ni Jesucristo: Maamo at Mapagpakumbaba

Ito ay bahagi ng isang serye ng *Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas*.

Sabi ni Jesus, “Ang lalong dakila sa Sinyo, ay maging tulad sa lalong bata; at ang nangungulo ay maging gaya ng naglilingkod. Sapagka’t alin ang lalong dakila, ang nakaupo baga sa dulang, o ang naglilingkod? hindi baga ang nakaupo sa dulang? datapuwa’t ako’y nasa gitna ninyo na gaya niyang naglilingkod” (Lucas 22:26–27).

“Ang Tagapagligtas ang ating [pinaka]dakilang halimbawa ng kapangyarihan ng kapakumbabaan at pagkamasunurin. Kunsabagay, ang pagsunod Niya sa kalooban ng Ama ang nagbigay-daan sa pinakadakila at maging sa pinakakagila-gilalas na pangyayari sa buong kasaysayan. Marahil ang ilan sa pinakasagrang mga salita sa buong banal na kasulatan ay, ‘Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo’ (Lucas 22:42).”¹

Bilang mga disipulo ni Jesucristo, lagi nating hinahangad na maging katulad Niya. “Ang kaamuan ay mahalaga para lalo tayong maging katulad ni Cristo,” sabi ni Elder Ulisses Soares ng Pitumpu. “Kung wala ito hindi mapapasaatin ang iba pang mahahalagang katangian. Ang kababaang-loob



ay hindi nangangahulugan ng kahinaan, ngunit ibig sabihin nito ay pagkilos na may kabutihan at kabaitan, pagpapakita ng lakas, katahimikan, mainam na pagpapahalaga sa sarili, at pagpipigil sa sarili.”² Habang sinisikap nating magkaroon ng katangiang ito, masusumpungan natin na ang “mapakumbabang pagsunod sa kalooban ng Ama ang naghahatid sa atin ng kaloob ng Diyos—ang kapangyarihan ng kapakumbabaan. Ito ang kapangyarihang harapin ang mga problema sa buhay, ang kapangyarihan ng kapayapaan, ng pag-asa, ng pusong puspos ng pag-ibig at patotoo sa Tagapagligtas na si Jesucristo, maging ang kapangyarihan ng pagkatubos.”³

Karagdang mga Banal na Kasulatan

Mateo 26:39; Juan 5:30; Mosias 3:19; Helaman 3:35

MGA TALA

1. Richard C. Edgley, “Pinagkalooban ng Kapakumbabaan,” *Liahona*, Nob. 2003, 99.
2. Ulisses Soares, “Maging Maamo at Mapagpakumbabang Puso,” *Liahona*, Nob. 2013, 9.
3. Richard C. Edgley, “Pinagkalooban ng Kapakumbabaan,” 99.

Isipin Ito

Paano tayo matutulungan ng pagpapakumbaba na magmahal na katulad ng Tagapagligtas?

Pananampalataya,
Pamilya,
Kapanatagan



Mula sa mga Banal na Kasulatan

Isa sa pinakamatatamis at pinakamatitinding sandali ng ministeryo ni Cristo ay nang hugasan Niya ang mga paa ng Kanyang mga disipulo. “[Siya] ay nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit; at siya’y kumuha ng isang toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili. Nang magkagayo’y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya’y nakabigkis” (Juan 13:4–5).

Nang pasimulan ng Tagapagligtas ang ordenansang ito, maaaring nanggilalas nang husto ang mga disipulo na ang kanilang Panginoon at Guro ay lumuhod sa kanilang harapan at nagsagawa ng napakaabang paglilingkod. Pagkatapos ay ipinaliwanag ni Jesus ang mga aral na gusto Niyang matutuhan nila at nating lahat:

“Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay narapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa’t isa.

“Sapagka’t kayo’y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo” (Juan 13:14–15).

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2015

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2015, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga turo kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

TAMPOK NA DOKTRINA



Isang Sagradong Sabbath

“Paano natin magagawang *banal* ang araw ng Sabbath? Noong ako ay bata pa, pinag-aralan ko ang listahan na ginawa ng ibang tao tungkol sa bagay na dapat gawin at *hindi* dapat gawin sa araw ng Sabbath. Kalaunan ko lang natutuhan mula sa mga banal na kasulatan na ang aking kilos at pag-uugali sa Sabbath ay dapat na maging *tanda* sa pagitan ko at ng aking Ama sa Langit. Dahil sa pagkaunawang iyon, hindi ko na kailangan ng mga listahan ng mga dapat gawin at mga hindi dapat gawin. Kapag kailangan kong magpasiya kung ang isang aktibidad

ay angkop o hindi sa araw ng Sabbath, tinatanong ko lang ang aking sarili, ‘Anong *tanda* ang nais kong ibigay sa Diyos?’ Sa tanong na iyon naging napakalinaw sa akin ang mga dapat piliin sa araw ng Sabbath. . . .

“Ang pananampalataya sa Diyos ay nagbubunga ng pagmamahal sa Sabbath; ang pananampalataya sa Sabbath ay nagbubunga ng pagmamahal sa Diyos. Ang banal na Sabbath ay tunay na kaluguran.”

Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Sabbath ay Kaluguran,” *Liahona*, Mayo 2015, 130, 132.

PANGAKO NG PROPETA



Binabago ng mga Handog-ayuno ang mga Puso

“Sa Simbahan ngayon binibigyan tayo ng pagkakataong mag-ayuno minsan sa isang buwan at magbigay ng saganang handog-ayuno sa pamamagitan ng ating bishop o branch president para sa kapakanan ng mga maralita at nangangailangan. . . .

“ . . . Bahagi ng ating handog-ayuno sa buwang ito ay gagamitin upang tulungan ang sinuman, saanman, at ang ginhawang dulot nito sa kanila ay madarama ng Panginoon na para bang sa Kanya ito ginawa.

“Marami pang magagawa ang inyong handog-ayuno maliban sa pagbibigay ng pagkain at kasuotan. Pagagalingin at babaguin nito ang mga puso. Maaaring ang bunga ng kusang pagbibigay ng handog-ayuno ay maging dahilan upang ang taong natulungan nito ay hangarin ding tulungan ang ibang nangangailangan. Nangyayari iyan sa iba’t ibang dako ng mundo.”


Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?” *Liahona*, Mayo. 2015, 23, 24.

ANG PLANO NG KALIGTASAN

“Kailangan ang apat na bagay man lang para magtagumpay ang banal na planong ito,” sabi ni Elder D. Todd Christofferson. Hanapin ang mga sagot sa kanyang mensahe, “Bakit Dapat Mag-asawa at Bumuo ng Pamilya,” 50.

1. “Ang paglikha ng _____ bilang ating tirahan.”
2. “Dahil sa Pagkahulog [nina Eva at Adan] nalaman natin ang _____ at _____ at ang kapangyarihang _____ na bigay ng Diyos. Sa huli, ang Pagkahulog ay naghatid ng pisikal na _____ na kailangan upang ang ating panahon sa lupa ay maging pansamantala lamang upang hindi tayo mabuhay sa ating mga kasalanan magpakailanman.”
3. “Nakikita natin ang papel na ginagampanan ng kamatayan sa plano ng ating Ama sa Langit, ngunit mawawalan ng saysay ang planong iyon kung walang anumang paraan para madaig ang kamatayan sa huli, kapwa _____ at _____. Kaya nga, isang Manunubos, ang Bugtong na Anak ng Diyos na si Jesucristo, ang nagdusa at namatay upang magbayad-sala para sa paglabag nina Eva at Adan, sa gayon ay nailaan ang _____ at imortalidad para sa lahat.”
4. “Inorden ng Diyos na ang mga lalaki at babae ay dapat makasal at magkaroon ng mga anak, nang sa gayo’y makalikha, sa pakikipagtuwang sa Diyos, ng mga pisikal na katawan na mahalaga sa _____ ng mortalidad at _____ sa walang-hanggang kaluwalhatian sa piling Niya.”

Mga Sagot: 1. daigdig; 2. mabuti, masama, pumili, kamatayan; 3. pisikal, espirituwal, pagkabuhay na mag-uli; 4. pagsusbok, kailangan



MGA SAGOT PARA SA INYO

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga propeta at apostol sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng Mayo 2015 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Ano ang “takot sa Diyos,” at paano nito mapagpapala ang ating buhay? Tingnan sa David A. Bednar, “Anupa’t Nabawasan ang Kanilang Pagkatakot,” 46.
- Ano ang pinakamahahalagang tradisyong pangrelihiyon sa tahanan na nakakatulong sa mga anak na malaman na sila ay minamahal at ligtas? Tingnan sa Quentin L. Cook, “Tanglaw Ko ang Diyos,” 62.
- Paano nakakatulong ang pag-unawa sa kaugnayan ng katarungan, pag-ibig, at awa para maunawaan natin ang Pasko ng Pagkabuhay at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo? Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Kapag ang Katarungan, Pag-ibig, at Awa ay Nagtugma,” 104.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.

NANINIWALA KAMI SA PAGIGING MAPAGPAKUMBABA

“Ang palalo ay mas takot sa paghatol ng tao kaysa paghatol ng Diyos. Ang ‘Ano ang iisipin ng mga tao tungkol sa akin?’ ay mas pinahahalagahan nila kaysa sa ‘Ano ang iisipin ng Diyos tungkol sa akin?’” —Pangulong Ezra Taft Benson

Kapag tayo ay naging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, naki-kipagtipan tayo na lagi Siyang alalahanin, taglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan, at sundin ang Kanyang mga kautusan (tingnan sa D at T 20:77). Anumang kasalanan ay pumipigil sa atin na tuparin ang tipang ito, ngunit may isang kasalanan, higit sa lahat ng iba pa, na kailangan nating iwasan dahil humahantong ito sa napakarami pang iba: ang kapalaluan.

“Iniisip ng karamihan sa atin na ang kapalaluan ay pagkamakasarily, pagmamagaling, pagyayabang, pagmamataas, o pagmamalaki,” pagtuturo ni Pangulong Ezra Taft Benson

(1899–1994). “Lahat ng ito ay mga sangkap ng kasalanan, ngunit ang sentro, o buod, ay wala pa rito.” Sinabi niya na “ang pinakatanda ng kapalaluan ay pagkapoot [pagkamuhí o galit]—sa Diyos at sa ating kapwa.”¹

Ang pagkapoot sa Diyos “ay dahil sa ugaling ‘ang aking kalooban ang masusunod at hindi ang inyo.’ . . . Hindi matatanggap ng palalo ang awtoridad ng Diyos na papatnubay sa kanilang buhay. . . . Nais ng mga palalo na sumang-ayon sa kanila ang Diyos. Ayaw nilang baguhin ang kanilang mga opinyon para umayon ito sa Diyos.”²

Nakikita ang pagkapoot sa ating kapwa sa maraming paraan:

“paghahanap ng mali, pagtitsismis, panirirang-puri, pagbubulungbulong, pamumuhay nang higit pa sa ating kinikita, inggit, pag-iimbot, hindi pasasalamat at pagbibigay ng papuri na maaaring magpasigla sa iba, at hindi pagpapatawad at pagseselos.”³

Ang kapalaluan ay humahadlang sa ating pag-unlad, sumisira sa ating mga pakikipag-ugnayan, at naglilimita sa ating paglilingkod. Iminungkahi ni Pangulong Benson ang solusyong ito: “Ang lunas sa kapalaluan ay pagpapakumbaba—kaamuan, pagkamasunurin. Ito ang bagbag na puso at nagsisising espiritu.”⁴ Itinuro niya na “ang pagpapakumbaba ay tumutugon sa kalooban ng Diyos—sa takot sa Kanyang mga paghatol at sa mga pangangailangan ng mga tao sa ating paligid. . . . Piliin nating magpakumbaba.”⁵

Ang sumusunod na mga paglalarawan ay nagpapakita ng mga paraan na maaari nating piliing magpakumbaba. ■

Ang mga banal na kasulatan ay nagbibigay ng maraming babala tungkol sa kapalaluan, tulad sa Mga Kawikaan 16:18; Ezekiel 16:49–50; Doktrina at mga Tipan 23:1; 38:39.

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (2014), 271–72.
2. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 272.
3. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 275.
4. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 278.
5. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 269, 279.



ANG PINAKAMA-PAKUMBABANG TAO

“Ang pinakadakila, pinakamahasay, pinakatagumpay na taong nabuhay sa

daigdig na ito ang siya ring pinakamapagkumbaba. Isinagawa Niya ang ilan sa Kanyang lubhang kahanga-hangang paglilingkod sa mga pribadong sandali, na iilan lang ang nakamasid, na sinabihan Niyang ‘huwag sabihin kanino man’ ang Kanyang ginawa [tingnan sa Lukas 8:56]. Nang may

tumawag sa Kanya na ‘mabuti,’ agad Niyang tinanggihan ang papuri, na iginigiit na Diyos lamang ang tunay na mabuti [tingnan sa Marcos 10:17–18]. Malinaw na walang halaga sa Kanya ang papuri ng mundo. . . . Makabubuting tularan natin ang halimbawa ng ating Panginoon.”

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Sa Pagiging Tapat,” *Liahona*, Mayo 2015, 83.

Makakapagpakita
tayo ng pagpapa-
kumbaba sa:




Pagtanggap ng payo at
pagwawasto.




Di-makasaring paglilingkod.



Pagdarasal nang may tunay na
layunin.



Paglilingkod sa misyon.



Paggawa ng
gawain sa family
history at pagdalo
sa templo nang
mas madalas.

Mula sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*:
Ezra Taft Benson (2014), 279.

MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Itinalagang mga Bagong Lider sa Area

Ibinalita ng Unang Panguluhan ang mga pagbabago sa mga tungkulin ng mga pamunuan sa area, simula sa Agosto 1, 2015. Lahat ng miyembro ng mga Area Presidency ay mga miyembro ng Una o Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Ang Pitumpu ay tinatawag sa pamamagitan ng paghahayag, sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, upang tulungan ang Korum ng Labindalawang Apostol sa kanilang paglilingkod sa iba't ibang dako ng mundo.

“Ang kasaysayan ng mga Pitumpu ay talagang nagsimula pa sa panahon ng Lumang Tipan,” sabi ni Pangulong

Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.¹ Ang unang reperensya sa Pitumpu ay matatagpuan sa Exodo 24:1, at kalaunan ay tinukoy sila sa Mga Bilang 11:16–17, 25, nang magtipon sila para tulungan si Moises.

Noong panahon ng ministeryo ni Cristo sa lupa, tinawag Niya ang Pitumpu, pinagbilinan sila sa paraang katulad ng pagbibilin Niya sa Labindalawang Apostol, at isinugo sila “mula sa kanyang harapan,” na ipinaliwanag na yaong mga nakarinig sa kanilang tinig ay maririnig ang Kanyang tinig (tingnan sa Mateo 10:1, 16–17; Lucas 10).

“Naniniwala kami sa samahang ding yaon na umiral sa sinaunang Simbahan,” sabi ni Pangulong Packer. “At kabilang dito ang mga Pitumpu.” (Tingnan sa Mga Saligan ng Pananam-palataya 1:6.) Sa Simbahang mabilis na lumalago ngayon, mahalaga ang tungkulin ng Pitumpu sa pagtulong sa Labindalawa. “Magagawa ng mga Pitumpu ang anumang iutos ng Labindalawa na gawin nila,” sabi ni Pangulong Packer.² ■

MGA TALA

1. Boyd K. Packer, sa “The Twelve and the Seventy, Part One: Revelation and the Role of the Seventy” (video), LDS.org.
2. Boyd K. Packer, sa “The Twelve and the Seventy.”

Panguluhan ng Pitumpu



Ronald A. Rasband
Tumutulong sa lahat ng area



L. Whitney Clayton
Utah North
Utah Salt Lake City
Utah South



Donald L. Hallstrom
North America
Northeast



Richard J. Maynes
North America
Northwest
North America
West



Craig C. Christensen
Idaho
North America
Central



Ulisses Soares
North America
Southeast



Lynn G. Robbins
North America
Southwest

Africa Southeast



Stanley G. Ellis
Unang
Tagapayo



Carl B. Cook
Pangulo



Kevin S. Hamilton
Pangalawang
Tagapayo

Africa West



Terence M. Vinson
Unang
Tagapayo



LeGrand R. Curtis Jr.
Pangulo



David F. Evans
Pangalawang
Tagapayo

Asia



Randy D. Funk
Unang
Tagapayo



Gerrit W. Gong
Pangulo



Chi Hong (Sam) Wong
Pangalawang
Tagapayo

Asia North



Kazuhiko Yamashita
Unang Tagapayo



Scott D. Whiting
Pangulo



Yoon Hwan Choi
Pangalawang Tagapayo

Brazil



Jairo Mazzagardi
Unang Tagapayo



Claudio R. M. Costa
Pangulo



Marcos A. Aidukaitis
Pangalawang Tagapayo

Caribbean



Claudio D. Zivic
Unang Tagapayo



J. Devn Cornish
Pangulo



Hugo E. Martinez
Pangalawang Tagapayo

Central America



Adrián Ochoa
Unang Tagapayo



Kevin R. Duncan
Pangulo



Jose L. Alonso
Pangalawang Tagapayo

Europe



Paul V. Johnson
Unang Tagapayo




Patrick Kearon
Pangulo



Timothy J. Dyches
Pangalawang Tagapayo

Europe East



Jörg Klebingat
Unang Tagapayo



Bruce D. Porter
Pangulo



Larry S. Kacher
Pangalawang Tagapayo

Mexico



Paul B. Pieper
Unang Tagapayo



Benjamín De Hoyos
Pangulo



Arnulfo Valenzuela
Pangalawang Tagapayo

Middle East/Africa North



Larry R. Lawrence
Pinangangasiwaan mula sa headquarters ng Simbahan



Wilford W. Andersen
Pinangangasiwaan mula sa headquarters ng Simbahan

Pacific



O. Vincent Haleck
Unang Tagapayo



Kevin W. Pearson
Pangulo



S. Gifford Nielsen
Pangalawang Tagapayo

Philippines



Shayne M. Bowen
Unang Tagapayo



Ian S. Ardern
Pangulo



Allen D. Haynie
Pangalawang Tagapayo

South America Northwest



W. Christopher Waddell
Unang Tagapayo



Juan A. Uceda
Pangulo



Carlos A. Godoy
Pangalawang Tagapayo

South America South



Francisco J. Viñas
Unang Tagapayo



Walter F. González
Pangulo



José A. Teixeira
Pangalawang Tagapayo

ISANG MALU- WALHATING PAGKIKITANG MULI

Nina Susan L. at C. Terry Warner

*Maraming dekada ng paghihiwalay
at sama-ng-loob ang nagwakas nang
pagtagpuin ng Panginoon ang isang
ama at ang anak nitong lalaki sa templo.*

Isang magandang umaga iyon ng Abril 2012 nang pumasok si John Ekow-Mensah sa Accra Ghana Temple. Ang matandang lalaki, na nasa 80s na ang edad, ay naglakbay kasama ng isang grupo ng mga Banal mula sa Nkawkaw, kung saan siya namuhay na magisa. Plano ng grupo na matulog sa gabi sa kalapit na mga silid para sa mga temple patron at maglingkod nang dalawang araw sa templo.

Nakaupo sa loob ng templo, naghihintay si Brother Ekow-Mensah na makalahok sa mga ordenansa sa initiatory nang maupo ang isang nakababatang lalaki sa kanyang tabi. Plano ng nakababatang lalaki, edad 54, na dumalo sa isang endowment session sa umagang iyon kasama ang kanyang asawa ngunit, dahil nahuli sila ng dating para sa sesyong iyon, ipinasiya niyang magsagawa ng mga ordenansa sa initiatory.

“Tagasaan ka?” tanong ni Brother Ekow-Mensah.

“Sekondi,” sagot ng lalaki.

“Saang parte ng Sekondi?” tanong ni Brother Ekow-Mensah.

“Ketan,” sagot ng nakababata, “kung saan naroon ang mga paaralan.” Habang patuloy ang pag-uusap, kapwa nadama ng dalawa kung saan



maaaring humantong ang mga tanong na ito.

Naantig ng nabubuon pakiramdam ng pagkakilala, tumingin ang nakababatang lalaki kay Brother Ekow-Mensah. “Kayo ang tatay ko,” pahayag niya. Ano ang pangalan ninyo?

“John Ekow-Mensah.”

“Iyan din ang pangalan ko,” sagot ng anak.

Matapos maglingkod sa templo, matagal na naupo ang dalawang lalaki sa silid-selestiyal, at muling pinag-uugnay ang kanilang buhay at pinag-aalab ang kanilang pagmamahal.



Bagama't lahat ng sinabi at ginawa ni Brother Ekow-Mensah Jr. ay magalang at angkop, tila hindi pa siya handang tanggapin nang buong puso ang kanyang ama—hanggang sa malaman niya kung bakit kinailangang umalis ng kanyang ama at bakit hindi niya maaaring kontakin ang kanyang pamilya.

Halos 50 taon na ang nakalipas pinakasalan ni Brother Ekow-Mensah Sr. ang isang babae na ang lola—ang pinakamatandang matriarch noong panahong iyon—ang may pinakamataas na kapangyarihan sa kanilang lipi. Ang malungkot, ayaw ipakasal ng matriarch ang kanyang apo kay John. Sa pamimilit nito naghiwalay ang mag-asawa sa huli noong apat o limang taong gulang pa lamang ang pangnanay na anak nilang si John Jr. Ang pagkakilala ni

John Jr. sa kanyang lola-sa-tuhod ay isa itong malakas at masipag na babae, hindi isang makapangyarihang tao na nagkait sa kanya na makaugnayan ang kanyang tunay na ama nang halos 50 taon.

Lubos na naputol ang lahat ng kanilang kaugnayan nang

palayasin ng pamilya ang kanyang ama. Dahil sa kawalan ng telepono o serbisyo ng koreo, nawalan ng paraan si John Sr. na makontak ang kanyang pamilya. Matagal siyang napalayo dahil sa paghahanap ng trabaho. Nanirahan siya sa Mankessim bandang 1963 hanggang 1989, kung saan siya nagtayo ng maliit na paint shop. Mula roon lumipat siya sa Ada, kung saan isang babae na may-ari ng gusaling pinipinturahan niya ang nagpakilala sa kanya sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sumapi si Brother Ekow-Mensah Sr. sa Simbahan noong 1991.

Dahil napakabata pa ni Brother Ekow-Mensah Jr. nang mawalan ng saysay ang kasal ng kanyang mga magulang, wala siyang gaanong alam tungkol sa kanyang pinagmulan. Paminsan-minsa'y sinabi ng kanyang ina na siya ay “kamukhang-kamukha” ng kanyang ama, ngunit hanggang doon lang ang alam niya.

Nang lumaki na siya at makapag-asawa, nagpasiya si John at ang kanyang asawang si Deborah na maghanap ng simbhang masasapian nila. Nasa University of Ghana sa Accra si John nang makakita siya ng isang magasing *Liahona* sa ibabaw ng isang istante. Dinampot niya ito at naging interesado siya sa sinabi rito. Tinandaan ni John ang naglathala: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Pag-uwi ni John sa bahay niya sa Sekondi mula sa paaralan, sabik na ikinuwento sa kanya ng kanyang

asawa ang tungkol sa isang simbhang ipinaalam sa kanya ng isang kaibigan. Sinabi nito sa kanya na ang pangalan ay Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sinabi sa kanya ni John na iyon ang simbhang nabasa niya sa isang magasin sa unibersidad.

Itinuro kina John at Deborah ang ebanghelyo at nabinyagan sila noong 1999. Pagkaraan ng sampung taon ibinuklod sila sa Accra Ghana Temple, at ang tatlong pinakabata sa lima nilang anak ay ibinuklod sa kanila.

Pagkatapos sa templo noong Abril 2012, naiyak ang ama at anak nang makilala nila ang isa't isa. Naragdagan ang kanilang kagalakan sa pagka-unawa na hiwalay silang sumapi sa Simbahan at nagkatagpo sila sa templo noong magandang umagang iyon. ■

Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA, at naglingkod sa Ghana Accra Mission.

Ama at anak, nagkitang muli sa templo pagkaraan ng halos 50 taon ng paghihiwalay.



ANG BISA NG HOME TEACHING

Ni Jeff B. Marler

Paano namin maho-home teach ang isang pamilyang ni ayaw kaming pagbuksan ng pintuan?

Iⁿatasan akong mag-home teach na kasama si Brother Erickson, isang nakatatandang miyembro ng aking ward na isang masigasig na home teacher. Ako ang pinag-iskedyul niya, at ayos lang iyon sa akin.

May isa kaming pamilya, ang mga Wright (binago ang pangalan), na hindi aktibo sa simbahan. Nang tumawag ako sa bahay nila, sabi ni Brother Wright, “Huwag ka nang tatawag dito kahit kailan.”

Ikinuwento ko kay Brother Erickson ang nangyari. Nang sumunod na buwan, nang patawagin niya akong muli sa mga Wright, ipinaalala ko sa kanya na ayaw na kaming patawagin ni Brother Wright. Iginiit ni Brother Erickson na tumawag pa rin ako, kaya tumawag nga ako. Nang sagutin ni Brother Wright ang telepono, hiniling ko na huwag niya akong babaan ng telepono at sinabi ko na iginiit ng home teaching companion ko na tumawag ako. Itinangon ko kung puwede namin siyang i-home teach sa pagtawag lang buwan-buwan. Pumayag siya.

Mula noon, tinawagan ko na ang mga Wright buwan-buwan. Tuwing tatawag ako, sinasabi ni Brother Wright, “Nakatawag ka na.” Pagkatapos ay ibababa na niya ang telepono. Wala akong problema roon, at wala nang ibang hiniling si Brother Erickson.

Ngunit makalipas ang ilang buwan, iminungkahi ni Brother Erickson na mag-ayuno kami para

sa mga Wright. Pumayag ako, kaya isang araw ng Linggo ay nagdasal kami at nag-ayuno upang makahanap ng paraan na makausap si Brother Wright. Kinaumagahan pagdaan ko sa bahay ng mga Wright papunta sa trabaho, palabas ng bahay si Brother Wright. Nakita ko ang isang laruang trak sa ilalim ng isa sa mga gulong sa likuran ng kanyang sasakyan, kaya tumigil ako at itinuro ko iyon. Pinasalamatana niya ako.

“Siyanga pala,” sabi ko, “ako po ang home teacher ninyo.”

Pinasalamatana niya akong muli at tumuloy na ako sa trabaho.

Tinawagan ko si Brother Erickson para ikuwento sa kanya ang nangyari. Inutusan niya akong tawagan si Brother Wright para mag-set up ng home teaching appointment para

sa kasunod na gabi, na sinunod ko. Kapwa nalugod at nagpaunlak si Brother Wright. Naging maganda ang pakikipag-usap namin sa pamilya at nag-set up kami ng isa pang appointment. Nilisan ko ang bahay nila na may mas malakas na patotoo tungkol sa pag-aayuno at panalangin at sa kahalagahan ng pagiging home teacher.

Kalaunan noong linggong iyon nalaman namin na pinayagan ni Brother Wright ang mga full-time missionary na simulang turuan ang kanyang 15-taong-gulang na anak na babae. Ilang buwan nang ipinagdasal nito na lumambot ang puso ng kanyang ama at hayaan siyang magpabinyag. Sa paglipas ng panahon nagsimulang magsimba ang pamilya, at kalaunan ay pumayag si Brother Wright na mabinyagan ang kanyang anak. Katunayan, siya ang nagbinyag dito.

Nagpapasalamat ako na nakaayon si Brother Erickson sa Espiritu. Ang kanyang mga ideya sa karanasang ito ay nakatulong sa akin na magkaroon ng mas malaking patotoo tungkol sa bisa at kayang gawin ng masigasig na home teaching. ■

Ang autor ay naninirahan sa Arizona, USA.



ANG BINTANA SA MAY POOL

Ni Becky Heiner

Matutulungan tayo ng ating mga ugnayan sa pamilya na pag-aralan, unawain, at ipamuhay ang ebanghelyo.

Patapos na ang bakasyon namin. Habang kumakain ng waffles sa umagang iyon, nagplano kami kung paano gugugulin nang husto ang aming oras sa hotel bago pagtiisan ang limang oras na biyahe pauwi. Nagpasiya ang asawa ko na dalhin sa pool ang tatlong anak naming babae para sa huling pag-aaliw. Sasamantalahin ko namang mag-treadmill sa gym.

Ang napili kong treadmill ay nakaharap sa isang bintanang kasinglapad ng dingding kung saan tanaw ang swimming pool. Hindi nagtagal nakita ko ang isang pamilya, ang pamilya ko, papunta sa pool. Inihagis lang nila ang mga tuwalya, sapatos, at T-shirt kung saan-saan habang tuwang-tuwa silang naghandang tumalon sa tubig. Karaniwan ay kasunod nila ako, na nagtitipon ng mga damit at sapatos at, sa totoo lang, medyo kinainisan ko iyon. Sa halip, minasdan ko ang pamilyang ito mula sa labas, na para bang isang malaking screen ng sinehan ang malaking bintana sa harapan ko. Habang

sumasabay ang mga paa ko sa takbo ng treadmill, nanood ako.

Nakita ko kung gaano kasaya ang lahat, sama-samang nagtatawanan at naglalaro, at naisip ko ang mga pagkakataon na nadismaya ako sa walangkuwentang mga pagtatalong hindi maiwasang mangyari sa isang pamilya, sa pagkabalising nadama ko, na kahit ginawa ko na ang lahat, bigo akong turuan ang aking mga anak na mahal ang isa't isa. Ngunit habang nanood ako, nakita ko ang mga tao na masayang magkakasama. Natuklasan ko na hindi ako bigo sa pagtuturo sa kaniila na magmahalan; hindi ko lang napansin na kaya nilang gawin iyon.

Pinanood ko ang isa sa mga batang babae na tumatalon nang paulit-ulit mula sa gilid ng pool at sinasalo ng tatay niya. Naisip ko ang lahat ng malalaking pagtalon na gagawin niya sa buong buhay niya at umasa akong magtiwala siya na sasaluhin siya ng Ama sa Langit sa tuwina. Alam ko na sa bawat pagtalon niya ay natututo siyang magtiwala at ang pagiging bahagi

ng aming pamilya ay ligtas na paraan para matutong magtiwala nang gayon.

Isa pang anak na babae ang gustong maperpekto ang isang kahasayan sa paglangoy. Nakita ko kung paano siya nahikayat ng kanyang pamilya na patuloy na magsikap. Magkakaroon ng mga pagkakataon sa kanyang buhay na kakailanganin niya ang suportang iyon sa harap ng mas mahihirap na hamon.

At pagkatapos ay pinanood ko ang aming pangatlong anak na babae na di-sinasadyang nabundol at nahulog sa pool. Inis at galit, umahon siya mula sa tubig at naupo sa isang silya. Agad napansin ng kanyang pamilya na nawawala siya. Pinanood ko ang bawat isa na magiliw na hinikayat siya na muling sumama sa kanila. Kalaunan ay ginawa niya ito, at naisip ko ang kanyang kinabukasan, ang lahat ng pagkakataon na masasaktan siya at madarama niya na parang gusto na niyang sumuko. Umaasa ako na laging niyang masusumpungan sa pagmamahal ng kanyang pamilya ang lakas na magtiis.


Bigla, naunawaan ko: maaaring maging mahalaga ang ating mga pamilya sa kakayahan nating pag-aralan, unawain, at ipamuhay ang ebanghelyo. Napansin ni Nephi na “sa pamamagitan ng maliliit na pamamaraan ay maisasagawa ng Panginoon ang mahahalagang bagay” (1 Nephi 16:29). At gayon din sa mga pamilya. Oo, nahihirapan ang mga magulang. Ngunit bawat pagsisikap na magturo at magsanay at magmahal, gaano man kaliit, ay mahalaga.

Nagwakas ang aking maikling pelikula. Nang patayin ko ang treadmill at panoorin ko ang aking pamilya na tinitipon ang kanilang mga damit, nakadama ako ng panibagong determinasyong magpatuloy, sa paggawa ng lahat ng maliliit na bagay na kung minsan ay ipinag-aalala kong walang nagagawang kaibhan. ■

Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.







**Ni Elder
Russell M. Nelson**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

Mga Disipulo at ang Pagtatanggol sa Usapin ng Kasal

Ang mga disipulo ng Panginoon ay mga tagapagtanggol ng tradisyonal na kasal. Hindi tayo maaaring magpabaya. Hindi ang kasaysayan ang hahatol sa atin. Hindi ang sekular na lipunan ang hahatol sa atin. Diyos ang hahatol sa atin!

May dakilang kapangyarihan sa malakas na pagtutuwang. Ang mga tunay na magkatuwang ay mas maraming makakamit kaysa sa kabuuan lamang ng bawat pagkilos. Sa mga tunay na magkatuwang, ang isa dagdagan ng isa pa ay higit pa sa dalawa. Halimbawa, binuo ni Dr. William J. Mayo at ng kanyang kapatid na si Dr. Charles H. Mayo ang Mayo Clinic. Ang mga abugado at iba pa ay bumubuo ng mahahalagang pagtutuwang. At sa mag-asawa, mabubuo ng isang lalaki at isang babae *ang* pinakamahalagang pagtutuwang sa lahat—isang walang-hanggang pamilya.

Ang masusuportahang mga pagbabago sa anumang adhikain ay depende sa pagtutulungan at kasunduan. Ang magagaling na lider at magkatuwang ay nagkakaroon ng kasanayang magbahagi ng mga ideya at pagsisikap at ng huwaran sa pagbuo ng mga bagay-bagay. Ang mga dakilang magkatuwang ay lubos na tapat sa isa't isa. Pinipigilan nila ang kanilang pagkamakasarihi kapalit ng pagiging bahagi ng paglikha ng isang bagay na mas malaki kaysa sa kanila. Ang magagaling na pagtutuwang ay depende sa pagkakaroon ng bawat katuwang ng kanyang personal na pag-uugali.

Mga Tagapangalaga ng Kabanalan

Tila ngayon ang oras ko para dumalo sa mga libing. Nasaksihan ko na ang maraming pamilya na namamaalam sandali sa mga mahal nila sa buhay at kung kanino sila nabuklod. Madalas kong lisanin ang mga libing na nag-iisip na, “Ano kaya ang gugustuhin kong sabihin nila tungkol sa akin sa libing ko?”

Panahon na para itanong din ninyo ito. Ano ang gusto ninyong sabihin nila tungkol sa inyo sa libing ninyo?

Umaasa ako na sasabihin nila na kayo ay isang mabuting asawa at ama o ina, na kayo ay isang taong may integridad, na kayo ay mabait at matiyaga, na kayo ay mapagpakumbaba at masipag, at na kayo ay isang taong banal.

Ang pinakadakilang mga tagapangalaga sa lahat ng kabanalan ay ang kasal at pamilya. Ito ang partikular na nangyayari sa mga banal na katangiang kalinisang-puri at katapatan, na kapwa kailangan sa paglikha ng tumatagal at lubos na nakasisiyang pagtutuwang sa kasal at mga ugnayan sa pamilya.

Ang lalaki at babae ay nilikha para sa kanilang magagawa at maaaring kahiratnan—nang magkasama. Kailangan ng isang lalaki at isang babae para magluwal ng isang bata sa mundo. Ang mga ina at mga ama ay hindi maaaring magpalit ng tungkulin. Ang mga lalaki at mga babae

ay magkaiba at pinupunan ang mga pagkukulang ng isa’t isa. Ang mga bata ay nararapat bigyan ng pagkakataong lumaki na may isang ina at isang ama.¹

Malamang na mararanasan ninyo ang dumaraming debate tungkol sa kahulugan ng kasal. Marami kayong kapitbahay, kasamahan, at kaibigan na hindi maririnig kailanman ang makatwiran at inspiradong mga katotohanan tungkol sa kahalagahan ng kasal ayon sa pakahulugan ng Diyos mismo. Magkakaroon kayo ng maraming pagkaka-taong palakasin ang pag-unawa sa mga argumentong iyan na panig sa Panginoon sa pamamagitan ng kagalingan ng inyong mga halimbawa, bilang mga indibiduwal at bilang mga pamilya.

Nakinita ni Apostol Pablo ang ating sitwasyon nang sabihin niyang:

“Sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib.

“Sapagka’t ang mga tao’y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungyaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan,

“Walang katutubong pagibig, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga mabangis, hindi mga maibigin sa mabuti,

“. . . mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios.”

At nagtapos siya: “Lumayo ka rin naman sa mga ito” (II Kay Timoteo 3:1–5).

Pagkatapos ng kanyang kahanga-hangang propesiya tungkol sa ating panahon, idinagdag ni Pablo ang babalang ito: “Oo, at lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig” (II Kay Timoteo 3:12).



Pag-isipan ninyo iyan! Nangangahulugan ito na sa mapanganib na mga panahong ito, ang buhay ay hindi magiging komportable para sa mga tunay na disipulo ng Panginoong Jesucristo. Ngunit kakasihang Niya tayo. Ibinigay Niya sa atin ang katiyakang ito: “Mapapalad silang lahat na pinag-uusig dahil sa aking pangalan, sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit” (3 Nephi 12:10).

Sa madaling salita, bilang mga disipulo, bawat isa sa atin ay susubukan. Anumang oras ng anumang araw, may pribilehiyo tayong pumili sa pagitan ng tama at mali. Napakatagal na ng digmaang ito na nagsimula bago pa tayo isinilang. At ang digmaang iyan ay mas tumitindi araw-araw. Ang katatagan ng inyong pagkaka-tao ay higit na kailangan ngayon kaysa noon.

Walang Part-Time na Disipulo

Lipas na ang araw na maaari kayong manahimik at mapanatag bilang Kristiyanong. Ang inyong relihiyon ay hindi lamang tungkol sa pagsisimba sa araw ng Linggo. Ito ay tungkol sa pagiging tunay na disipulo mula Linggo ng umaga hanggang Sabado ng gabi—24/7! Walang part-time na disipulo ng Panginoong Jesucristo.

Inaanyayahan ni Jesus ang sinumang gustong maging Kanyang disipulo na pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Kanya (tingnan sa Mateo 16:24; Marcos 8:34; D at T 56:2; 112:14). Handa ba kayong sumama? O



ikahihiya ninyo ang ebanghelyo? Ikahihiya ba ninyo ang inyong Panginoon at ang Kanyang plano? (tingnan sa Mormon 8:38). Magpapatangay ba kayo sa tinig ng mga tao na nagyayaya sa inyong sumama sa kanila sa popular na panig ng makabagong kasaysayan?

Hindi! Hindi mag-aatubili ang mga kabataan ng Sion! Naniniwala ako na magiging matapang kayo at ipapahayag ninyo ang katotohanan ng Diyos nang buong linaw at kabaitan, kahit hindi popular sa karamihan ang Kanyang katotohanan! Ipinakita ni Pablo ang huwarang iyon nang sabihin niyang, “Hindi ko ikinahihiya ang evangelio [ni Cristo]: sapagka’t siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa’t sumasampalataya” (Mga Taga Roma 1:16; tingnan din sa II Kay Timoteo 1:8).

Ang mga disipulo ng Panginoon ay mga tagapagtanggol ng tradisyonal na kasal. Hindi tayo maaaring magpatangay sa iba. Hindi kasaysayan ang hahatol sa atin. Hindi ang sekular na lipunan ang hahatol sa atin. Diyos ang hahatol sa atin! Para sa bawat isa sa atin, ang Araw ng Paghuhukom ay gaganapin sa paraan at oras na itinakda ng

Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 2:5; Alma 33:22; Eter 11:20; D at T 88:104; 133:38).

Ang kinabukasan ng kasal at ng buhay ng napakaraming tao ay ipapasiya ng inyong kahandaan na taimtim na patotohanan ang Panginoon at mamuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo. Malaking proteksyon ang sasatatin kapag tayo ay nabinyagan at tinaglay sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo. Ipinaliwanag ni Haring Benjamin: “At ngayon, dahil sa tipang inyong ginawa kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, mga anak niyang lalaki, at mga anak niyang babae; sapagkat masdan, sa araw na ito kayo ay kanyang espirituwal na isinilang; sapagkat sinasabi ninyo na ang inyong mga puso ay nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; anupa’t kayo ay isinilang sa kanya at naging kanyang mga anak na lalaki at mga anak na babae” (Mosias 5:7; tingnan din sa talata 8).

Pinasasalamatan ko ang pahayag ni Sister Sheri Dew, dating miyembro ng general Relief Society presidency, sa Brigham Young University Women’s Conference kamakailan. Sabi niya: “Ang tuntunin ng pagiging mga disipulo ay *gawin* ang ipinapangako nating gawin

Ang isa sa mas mahihirap na pagkakataon sa ating panahon ay ang manindigan sa katotohanan hinggil sa kasagra-duhan ng kasal.



Mabigat ang pasanin ng pagkadisipulo. Bilang mga disipulo ng Panginoon, kayo ay maninindigan bilang mga tagapagtanggol ng kasal.

tuwing nakikibahagi tayo ng sakramento—ang ‘laging alalahanin’ ang Panginoon. Ibig sabihin nito ay aalalahanin Siya kapag pinipili natin kung sa anong media natin gustong malantad ang ating espiritu. Ibig sabihin nito ay aalalahanin Siya sa kung paano natin gugugulin ang ating oras at kapag pumipili tayo sa pagitan ng popular na kultura at ng Salita ng Diyos. Ibig sabihin nito ay aalalahanin Siya sa gitna ng labanan o kapag may paparating na tukso. Ibig sabihin nito ay aalalahanin Siya kapag inaatake ng mga kritiko ang Kanyang Simbahan at nililabak ang katotohanan. Ibig sabihin nito ay aalalahanin na tinaglay natin ang Kanyang pangalan.”²

Ang mensahe ni Sister Dew ay nakaayon sa isang mensahe ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95), na nagsabing: “Kung ang ating buhay at ating pananampalataya ay nakasentro kay Jesucristo at sa Kanyang ipinangumalik na ebanghelyo, walang anumang magiging permanenteng mali kailanman. . . . Kung ang ating buhay ay hindi nakasentro sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo, walang anumang magiging permanenteng tama kailanman.”³

Ipahayag ang Kalooban ng Diyos

Saanman tayo magpunta, tayo bilang mga disipulo ng Panginoon ay may sagradong responsibilidad na ipahayag ang kalooban ng Diyos sa lahat ng tao. At ang isa sa mas mahihirap na pagkakataon sa ating panahon ay ang manindigan para sa katotohanan hinggil sa kasagraduhan ng kasal.

Ang ating mensahe ay hinubog ng banal na doktrina, na itinanghal sa Biblia:

“Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa” (Genesis 1:1).

“At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae” (Genesis 1:27).

“At sila’y binasbasan ng Dios, at sa kani-la’y sinabi ng Dios, Kayo’y [magbunga], at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa” (Genesis 1:28).

“Kaya’t iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila’y magiging isang laman” (Genesis 2:24).

“At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka’t siya ang ina ng

lahat ng mga nabubuhay” (Genesis 3:20; tingnan din sa Moises 4:26).

Ang Diyos ang Ama ng lahat ng lalaki at babae. Sila ay mga anak Niya. Siya ang nag-orden ng kasal bilang pag-iisang-dibdib ng isang lalaki at isang babae. Ang kasal ay hindi nilikha ng mga taong hukom o mambabatas. Hindi ito nilikha ng mga grupong nagsasaliksik o sa pamamagitan ng botohan o ng madalas banggiting mga blogger o kritiko. Hindi ito nilikha ng mga lobbyist. Ang kasal ay nilikha ng Diyos!

Ipinagbawal ng Sampung Utos ang pangangalunya at kasakiman (tingnan sa Exodo 20:14, 17; Deuteronomio 5:18, 21).

Ang mga sinaunang utos na iyon ay ibinigay kalauanan sa mga tao sa panahon ng Bagong Tipan (tingnan sa Mateo 5:27–28; 19:18; Mga Taga Roma 13:9) at sa panahon ng Aklat ni Mormon (tingnan sa Mosias 13:22, 24; 3 Nephi 12:27). Sa makabagong paghahayag muling pinagtibay ng Panginoon, “Inyong mahal in ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba” (D at T 42:22).

Ang tunay na intimasiya, ayon sa plano ng ating Lumikha, ay nararanasan lamang sa loob ng sagradong pag-iisang-dibdib ng isang mag-asawang lalaki at babae dahil ito ay pinagyaman ng katotohanan at pinasigla ng paggalang sa mga tipang ginawa ng mag-asawang lalaki at babae sa isa’t isa at sa Diyos. Mahalagang pansinin na ipinagbabawal ng lubos na katapatan sa mga tipang iyon ang pornograpiya, pagnanasa, o pang-aabuso sa anumang paraan.

Ang mga impluwensya ng lipunan at pulitika na baguhin ang mga batas tungkol sa kasal ay nauwi sa mga gawaing salungat sa kalooban ng Diyos hinggil sa likas na kawalang-hanggan at mga layunin ng kasal. Hindi basta magagawang moral ng tao ang ipinahayag na ng Diyos na imoral. Ang kasalanan, gawin mang legal ng tao, ay kasalanan pa rin sa mga mata ng Diyos.

Mga kapatid, na nasusuportahan ng katotohanang walang alinlangan, ipahayag ang pagmamahal ninyo sa Diyos! Ipahayag ang inyong pagmamahal sa lahat ng tao, “nang walang malisya, na may pagmamahal para sa lahat.”⁴ Sila bilang mga anak ng Diyos ay ating mga kapatid. Pinahahalagahan natin ang kanilang mga karapatan at damdamin.

Ngunit hindi natin maaaring palagpasin ang mga pagtangkang baguhin ang banal na doktrina. Hindi tao ang dapat magbago niyan.

Ang Pagmamahal ay Pagsunod

Mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak. At kung Siya ay mahal nila, ipapakita nila ang pagmamahal na iyan sa pagsunod sa Kanyang mga utos (tingnan sa Juan 14:15, 21; I Ni Juan 5:2; D at T 46:9; 124:87), kabilang na ang kalinisang-puri bago ang kasal at lubos na katapatan pagkatapos ng kasal. May babala sa mga banal na kasulatan na ang pag-uugaling salungat sa mga utos ng Panginoon ay hindi lamang magkakait sa mga mag-asawa ng intimasiyang inaprubahan ng Diyos kundi maghahatid din ng mababagsik na paghatol ng Diyos (tingnan sa Levitico 26:15–20; Awit 89:31–32; Mateo 5:19).

Ang lubhang kinasasabikan ng puso ng tao ay isang kasal na magtatagal hanggang sa kabilang-buhay. Ang lubos na katapatan sa mga tipang ginawa sa mga banal na templo ay magtutulot sa mag-asawa na mabuklod sa buong kawalang-hanggan (tingnan sa D at T 132:7, 19).

Mabigat ang pasanin ng pagkadisipulo. Bilang mga disipulo ng Panginoon, kayo ay maninindigan bilang mga tagapagtanggol ng kasal. At kapag kayo ay tunay at ta-

pat, hindi lamang Niya kayo tutulungan at poprotektahan (tingnan sa D at T 84:88), kundi pagpapalain din Niya ang inyong pamilya (tingnan sa Isaias 49:25; D at T 98:37).

Kayo ay nakikinabang sa walang-hanggan Pagbabayad-sala ng Panginoon. Dahil sa Kanya, kayo kalaunan ay gagantimpalaan ng imortalidad. At dahil sa Kanya, matatama ninyo ang pagpapala ng buhay na walang hanggan sa piling Niya at ng inyong pamilya. ■

Mula sa isang mensahe sa pagtatapos sa BYU, “Disciples of Christ—Defenders of Marriage,” na ibinigay noong Agosto 24, 2014. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
2. Sheri L. Dew, “Sweet above All That Is Sweet” (Brigham Young University Women’s Conference address, Mayo 1, 2014), 7, ce.byu.edu/cw/womensconference/transcripts.php.
3. Howard W. Hunter, “Fear Not, Little Flock” (Brigham Young University devotional, Mar. 14, 1989), 2, speeches.byu.edu.
4. Abraham Lincoln, “Second Inaugural Address,” Mar. 4, 1865.







Ni Elder
Allan F. Packer
Ng Pitumpu

MGA PERMANENTENG Pamantayan NG AMA SA LANGIT

Permanente ang mga pamantayan ng Diyos, at walang sinumang makakapagbago nito. Ang mga taong nag-iisip na magagawa ito ay magugulat nang husto sa Huling Paghuhukom.

Ang una kong trabaho pagkatapos ng kolehiyo ay sa isang malaking airplane manufacturer. Habang naroon, nalaman ko na para makagawa ng mga eroplanong ligtas na sakyan, may mga detalye ang kumpanya para sa bawat bahagi. Kinailangang sertipikahan na ang mga bahagi ay tumutugon sa lahat ng pamantayan, kasama ang hugis, laki, materyal, at mga tolerance o palugit ukol sa kakayahan nito.

Kung tumugon ang isang bahagi sa mga pamantayan, ilalagay ito sa imbentaryo sa pagbubuo ng isang eroplano. Kung hindi ito tumugon sa mga pamantayan, tatanggihan ang bahagi at ibabalik sa supplier. Sinisiguro ng mga supplier na nauunawaan at natutugunan ang lahat ng kailangan, kabilang na ang mga palugit.

Handa ba kayong sumakay sa isang eroplano na ang mga bahagi ay hindi tumutugon sa pamantayan? Siyempre hindi! Gugustuhin mong lampas pa sa pamantayan ang mga bahagi nito. Gayunman, tila handa ang ilang tao na tanggapin ang pag-uugaling di-gaanong tumutugon sa mga pamantayan sa kanilang buhay. Ngunit sa pag-alam, pag-unawa, at pamumuhay lamang ng doktrina ni Cristo ninyo makukuha ang pag-uugaling kailangan upang maging marapat sa kadakilaan.

Ang *palugit* ay isang salitang madalas marinig sa lipunan ngayon, karaniwa'y sa konteksto ng pagpayag o pagtanggap sa mga kultura o pag-uugali ng ibang tao. Kung minsan ay ginagamit ito ng mga taong nagnanais ng pagtanggap na gawin ang isang bagay nang walang pagsasaalang-alang sa epekto nito sa lipunan o sa iba. Ang layunin ko ay hindi para talakayin ang pakahulugang iyan

kundi para magtuon sa pakahulugan ng *engineering* sa salita at sa aplikasyon nito sa atin.

Ang *palugit* ay ginagamit sa paglalarawan ng katanggap-tanggap na mga pagkakaiba-iba mula sa isang tukoy na pamantayan. Sa isang ginawang bahagi, ang palugit ay maaaring partikular na tukuying limang pulgada ang haba (13 cm), dagdagan o bawasan ng isang kalibo ng isang pulgada (0.0025 cm). Ang isa pang bahagi ay maaaring ilarawan na yari sa isang materyal na 99.9 porsiyentong puro, gaya ng mga bara ng ginto. Nagtakda ng mga palugit ang Panginoon para tulungan tayong maging karapat-dapat sa kadakilaan.

Mga Pamantayan at Paghatol

Ang mga pamantayan para sa kaligtasan ay tinatawag na mga kautusan, na ibinigay ng ating Ama sa Langit. Ang mga pamantayang ito ay angkop sa lahat ng aspeto ng ating buhay at sa lahat ng panahon. Hindi lubos na iniangkop ang mga ito sa isang partikular na oras o sitwasyon. Ang mga kautusan ang nagtatakda ng mga palugit na kailangan para maging marapat sa kadakilaan.

May isang paghatol, sa isang banda, na parang proseso ng pagpapatunay sa isang bahagi ng eroplano. Tulad ng may mga pagsusuri kung maayos ang mga bahagi ng eroplano, may paghatol ang ating Ama sa Langit para malaman kung tayo ay papasa. Mainam para sa atin ang malaman at matugunan ang mga pamantayan sa loob ng palugit na itinakda ng Panginoon.

Maaalala ninyo na ang sampung dalaga sa talinghaga ng Tagapagligtas ay inanyayahan sa piging ng kasalan. Nang dumating ang kasintahang lalaki, ang lima ay

may langis at nakapasok. Ang lima pa ay nahuli ng dating at hindi na makapasok. (Tingnan sa Mateo 25:1–13.)

Tungkol sa talinghagang ito, sinabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Nakakakilabot ang mensahe ng talinghagang ito. Ang sampung dalaga ay hayagang simbolo ng mga miyembro ng Simbahan ni Cristo, dahil lahat ay inanyayahan sa kasalan at alam ng lahat kung ano ang kailangan upang makapasok pagdating ng kasintahang lalaki. Ngunit kalahati lang ang handa nang dumating ito.”¹

Ang unang limang dalaga ay tumugon sa mga pamantayan, kaya dapat ay tayo rin.

Nilikha tayo ng Diyos ayon sa Kanyang sariling wangis. Ang plano para sa atin sa daigdig na ito ay magkaroon ng katawan, karanasan, tumanggap ng mga ordenansa, at magtiis hanggang wakas. Naitakda na ang mga pamantayan at palugit na kailangan nating ipamuhay upang maging marapat sa kadakilaan. Nangako ang Diyos na tayo’y dadakilain, ngunit sinabi rin Niya, “Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako” (D at T 82:10).

Mga Pamantayan at Kalayaan

Sa plano ng kaligtasan ng Diyos, tayo ay hinuhubog, hinuhugis, at pinakikinis upang maging katulad Niya. Ito ay isang bagay na kailangang danasin ng bawat isa sa atin.

“Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Itinakda na ng Diyos ang kailangan nating gawin at ang mga pamantayang kailangan nating tugunan. Ang isang bagay na medyo kakaiba ay na binibigyan Niya tayo ng kalayaang moral na magpasiya kung tatanggapin at tutugunan natin ang mga pamantayang iyon. Gayunman, may mga bunga ang ating mga desisyon. Binigyan Niya tayo ng kalayaan, ngunit hindi Niya tayo binibigyan ng karapatang baguhin ang mga pamantayan o ang mga bunga ng ating mga desisyon.

Dahil may mga pamantayan at may kalayaan tayong pumili, may Huling Paghuhukom, na panahon para suriin ang bawa’t isa sa atin kung tumutugon tayo sa mga pamantayan—sa madaling salita, para matiyak kung namuhay tayo ayon sa mga pamantayan at palugit na itinakda ng Diyos. Ang Kanyang hatol ang panghuli.

Ang doktrina ng pagsisisi ay nagtutulot sa atin na itama o ayusin ang mga depekto, ngunit mas mabuting magtuon sa pagtugon sa mga pamantayan ng Diyos kaysa magplannong magsisi bago sumapit ang Paghuhukom. Natutuhan ko ang aral na ito noong bata pa ako.

Noong tinedyer ako ginugol ko ang mga summer ko sa pagtatrabaho sa rantso ng lolo ko sa Wyoming, USA. Iyon ay rantso ng mga tupa at baka na mahigit 2,000 akre (810 ektarya), na may karagdagan pang kaparangan. Kailangan ng maraming kagamitan para mapatakbo ang rantso. Dahil napakalayo ng pinakamalapit na repair center, tinuruan kami ng lolo ko na ingatang mabuti ang mga kagamitan at suriin ang lahat bago kami umalis ng bahay sa rantso. Kung may masira, karaniwa’y milya-milya ang layo nito mula sa bahay sa rantso, at mahabang lakaran ang ibig sabihin niyon.

Hindi natagalan at natutuhan ko ang batas ng mga kahihinatnan. Mas madaling umiwas lagi sa mga problema kaysa maglakad nang malayo. Totoo rin ito sa mga utos ng ating Ama sa Langit. Masasabi niya ang kaibhan ng isang taong tunay na nagsisikap na maging katulad Niya sa isang taong nagtatangkang lumagpas sa nakatalagang mga hangganan bagamat nagsisikap na manatili sa loob ng mga limitasyon.

Mga Pamantayan at Oposisyon

May mga tao sa mundo ngayon na nagsisikap na balewalain o baguhin ang mga pamantayang itinakda ng Diyos. Hindi na bago ang sitwasyong ito.

“Sa aba nila na tumatawag sa masama na mabuti, at sa mabuti na masama, na inaaring liwanag ang kadiliman, at kadiliman ang liwanag, na inaaring mapait ang matamis, at matamis ang mapait!” (2 Nephi 15:20).

Hindi tayo dapat palinlang o makinig sa mga taong pini-pilit tayong kumbinsihin na nagbago na ang mga pamantayan ng Diyos. Wala silang karapatang baguhin ang mga pamantayan. Ang nagdisenyo lamang, ang Ama sa Langit, ang maaaring magbago ng mga detalye.

Lahat tayo ay madaling matatanto na talagang magiging katawa-tawa para sa isang supplier ng mga bahagi ng eroplano na makinig sa kung sino lamang na walang alam na nag-uudyok na gumawa ng mga pagbabago sa mga detalye o palugit ng isang bahagi. Walang sinuman sa atin ang nanaising sumakay sa isang eroplanong yari sa bahaging iyon.

Gayundin, walang magpapatang sa tagagawa ng eroplano na hindi siya nag-iisip o wala siyang pasensya kapag hindi nito tinanggap ang mga bahaging iyon. Hindi tutulutan ng tagagawa na takutin o puwersahin siyang tanggapin ang mga bahagi na hindi sertipikado. Ang paggawa nito ay magpapahamak sa negosyo at sa buhay ng mga pasaherong sasakay sa mga eroplano nito.

Totoo rin ito sa mga batas at kautusan ng Diyos. Ang Kanyang mga pamantayan ay permanente, at walang sinumang makakapagbago nito. Ang mga taong nag-iisip na magagawa ito ay magugulat nang husto sa Huling Paghuhukom.



***Tulad ng hindi tayo kusang sasakay sa eropl-
nong gawa sa mga bahagi na hindi tumutugon sa
mga pamantayan, hindi rin natin dapat tangga-
pin o makagawian ang pag-uugaling hindi tumu-
tugon sa mga pamantayan. Tanging sa pag-alam,
pag-unawa, at pamumuhay ng doktrina ni Cristo
tayo magiging marapat para sa kadakilaan.***

Pagtugon sa mga Pamantayan

Ang ating Ama sa Langit ang nagdisenyo ng plano ng kalig-
tasan. Inihanda na Niya ang lahat ng kailangan para marapat
tayong makabalik sa Kanyang piling. Ang mga pamantayan ay
nakatakda, hayag, at nariyan lamang para sa bawat isa sa atin.

Sinabi na sa atin ng Tagapagligtas na lahat tayo ay
may kakayahang makatugon sa mga pamantayan. Ang
Word of Wisdom ay katibayan nito, na nagsasaad na ito ay
“ibinigay bilang isang alituntunin na may lakip na pangako,
iniangkop sa kakayahan ng mahihina at ng pinakamahi-
hina sa *lahat* ng banal, na tinawag o maaaring tawaging
mga banal” (D at T 89:3; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Itinuro din ng Tagapagligtas na tayo ay “hindi matutukso
nang higit pa sa [ating] makakayanan” (D at T 64:20), ngu-
nit kailangan tayong “magbantay at patuloy na manalangin”
(Alma 13:28).

Nasa inyo ang kapangyarihan: “Sapagkat ang kapang-
yarihan ay nasa [inyo], kung saan [kayo] ay kinatawan
ng [inyong] sarili. At yayamang ang tao ay gumagawa ng
mabuti hindi mawawala sa kanila ang kanilang gantimpala”
(D at T 58:28).

Matutugunan ninyo ang mga pamantayan at palugit. May
kakayahan kayong maging karapat-dapat sa kadakilaan.

Patnubay mula sa Espiritu Santo

Nalalaman natin ang mga pamantayan sa pamamagitan
ng pagsisimba at pag-aaral ng mga doktrina at pagkilos

ayon dito na matatagpuan sa mga banal na kasulatan
at sa mga salita ng mga makabagong propeta.

Ang pinakamainam na pinagkukunan ng patnubay
ay ang mga paramdam na nagmumula sa Espiritu Santo,
na magtuturo sa atin ng lahat ng bagay na dapat nating
gawin (tingnan sa 2 Nephi 32:2–3). Sa tulong ng Espiritu
Santo at ng Liwanag ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:16–
18), malalaman natin ang tama at mali. Magagabayan
tayo habang tayo’y nabubuhay. May madarama tayo
sa ating puso at papasok ang mga ideya sa ating isipan
na makapagbibigay ng kapanatagan at patnubay. Totoo
ito kahit sa mga bata.

Nangako ang Diyos na tutulungan Niya tayo kapag
sinikap nating tumugon sa Kanyang mga pamantayan.
Tulad ng hindi tayo kusang sasakay sa eroplanong gawa
sa mga bahagi na hindi tumutugon sa mga pamantayan,
hindi rin natin dapat tanggapin o makagawian ang
pag-uugaling hindi tumutugon sa mga pamantayan.
Tanging sa pag-alam, pag-unawa, at pamumuhay
ng doktrina ni Cristo tayo magiging marapat para
sa kadakilaan. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, “Standards and Tolerance,” na
ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Nobyembre 13, 2012.
Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa byui.edu.*

TALA

1. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito,”
Liahona, Mayo 2004, 8.



**Ni Elder
Bruce C. Hafen**

Naglingkod bilang
miyembro ng
Pitumpu mula
1996 hanggang
2010

ANG Pagpapahayag TUNGKOL SA Mag-anak:

PAGLILINAW SA MGA KALITUHANG HATID
NG IBAT IBANG PANANAW SA KULTURA



Ito ang una sa dalawang artikulo ni Elder Hafen na tumutulong na ipagdiwang ang ika-20 anibersaryo ng “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.” Ang pangalawang artikulo ay ilalathala sa isyu ng Setyembre 2015 ng Liahona.

“**A**no ang pinakamalalaking alalahanin ninyo?” tanong ng isang newspaper reporter kay Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) noong Hunyo 1995, bago siya tumuntong sa edad na 85 anyos. Sagot niya: “Nag-aalala ako tungkol sa buhay-pamilya sa Simbahan. Mababait ang mga tao namin, ngunit napakaraming pamilyang nagkakawatak-watak. . . . *Palagay ko [ito] ang pinakamabigat kong alalahanin.*”¹

Pagkaraan ng tatlong buwan ay binasa ni Pangulong Hinckley sa publiko ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.”²

Hindi nagkataon lang na nalathala ang taimtim na pahayag na ito sa mismong panahong nadama ng propeta ng Panginoon na, sa lahat ng paksang nasa isip niya, ang mabuway na buhay-pamilya sa *Simbahan* ang pinakamalaking alalahanin niya. Kalaunan idinagdag niya na ang pinakamalaking hamong kinakaharap kapwa ng Amerika at ng buong mundo “ay ang problema ng pamilya, na dulot ng mga magulang na nalilihis ng landas at nagbubunga ng nalihis ng landas na mga anak.”³

Ang pagpapahayag ay hindi lamang isang koleksyon ng mga kasabihan tungkol sa pamilya. Ito ay mahalagang babala ng propeta tungkol sa isang malaking problema ng buong mundo. At ngayon, pagkaraan ng 20 taon, ang problema ay lumalala, na nagpapakita na isang propesiya ang babala noong 1995.

Bago natin siyasatin ang ibig sabihin niyan para sa bawat isa sa atin, isipin natin kung bakit nagkaganito ang kultura ngayon.

Pangkalahatang Kuwento ng Pag-ibig

Ang pinakaluma at pinakaaasam na kuwento ng sangkatauhan ay pamilyar sa atin: nakilala ng lalaki ang babae, nagkaibigan sila, nagpakasal, nagkaanak, at—umaasa sila—na mabubuhay nang maligaya magpakailanman. Ang pangkalahatang kuwentong ito ng pag-ibig ay napakahalaga sa dakilang plano ng kaligayahan kaya nagsimula ito kina Eva at Adan, at para sa halos lahat ng miyembro ng Simbahan, ginagabayan pa rin nito ang ating buhay na parang North Star o Tala sa Umaga.

Ang kagalakan ng pag-ibig ng tao at pagkabilang sa pamilya ay nagbibigay sa atin ng pag-asa,

Ang mga permanenteng pangako sa kasal at pagiging magulang ay parang dalawang pangunahing sinulid sa disenyo ng tapiserya ng ating lipunan.



layunin, at hangaring gawing mas mainam ang buhay. Ipinaasam nito sa atin ang araw na mahahawakan natin ang mga kamay na humawak sa atin at magkasama tayong papasok sa presensya ng Panginoon. Doo’y yayakapin natin ang ating mga mahal sa buhay at mananatili tayo sa piling nila sa tuwina, at “hindi na . . . lalabas pa doon” (Apocalipsis 3:12).

Sa loob ng maraming taon karaniwa’y sinuportahan ng lipunan ang likas na pag-asam na ito na mapabilang. Mangyari pa, nagkaroon ng mga problema ang mga pamilya, ngunit karamihan sa mga tao ay naniwala pa rin na ang “pagbigkis” ng kasal ay lumikha ng medyo permanenteng yunit ng pamilya. At pinagsama-sama ng mga bigkis na iyon ang istruktura ng lipunan, na ang “mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig” (Mosias 18:21).

Gayunman, sa mga bagong henerasyon, ang istrukturang iyon ay lalong humihina nang maranasan natin ang tinatawag ng ilang manunulat na “pagguho ng kasal.”⁴ Ang tingin sa kasal ng maraming tao sa labas ng Simbahan ay hindi na ito pinagmumulan ng pangmatagalang kasunduan. Bagkus, ang tingin nila ngayon sa kasal at maging sa pag-aanak ay mga pansamantalang personal na opsiyon. Subalit ang mga permanenteng kasunduan sa kasal at pagiging magulang ay parang dalawang hiblang kasama sa plano ng istruktura ng ating lipunan. Kapag nagninis ang mga hiblang iyon, maaaring makalas



ang istruktura at hindi natin masusunang ang pangkalahatang kuwento ng pag-ibig.

Nakita ko ang pagkalas na ito mula sa sarili kong mga pananaw bilang ama, miyembro ng Simbahan, at guro ng batas ukol sa pamilya. Simula noong 1960s, ang kilusan para sa mga karapatang-sibil ay nagbunga ng mga bagong legal na kuru-kuro tungkol sa pagkakapantay-pantay, pansariling karapatan, at pagiging malaya. Ang mga ideyang ito ay nakatulong sa Estados Unidos na simulang supilin ang nakahihiyang kasaysayan nito ng diskriminasyon sa lahi. Nakatulong din ito sa bansa na mabawasan ang diskriminasyon laban sa kababaihan. Ang mga proteksiyong ito mula sa diskriminasyon ay bahagi ng *mga indibiduwal na interes* ng bawat mamamayan.

Gayunman, ang ilang anyo ng legal na klasipikasyon ay totoong kapaki-pakinabang. Halimbawa, ang batas ay “may diskriminasyon” sa *panig* ng mga bata batay sa kanilang edad—hindi sila maaaring bumoto, magmaneho, o lumagda sa isang may bisang kasunduan. At ilang taon silang nakakapag-aral nang libre. Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mga anak at lipunan sa mga kahihinatnan na dulot ng kawalan ng kakayahan ng mga bata habang inihahanda rin silang maging responsableng mga adult.

Ang mga batas ay nagbigay din ng pribilehiyo batay sa ugnayan sa kasal at pagkakamag-anak—hindi para diskriminahin ang mga taong walang-asawa at walang kaugnayan sa isa’t isa kundi upang hikayatin ang tunay na mga magulang na magpakasal at magpalaki ng sarili nilang matatag na mga anak, na mahalaga sa matatag at umiiral na lipunan. Ang mga batas na iyon kung gayon ay nagpapahayag ng *mga interes ng lipunan* sa mga bata at sa sarili nitong lakas at pagpapatuloy sa hinaharap.

Ayon sa kasaysayan, napanatili ng mga batas ang epektibong balanse sa pagitan ng mga interes ng lipunan at mga indibiduwal na interes dahil mahalaga ang papel ng bawat elemento sa isang malusog na lipunan. Gayunman, noong 1960s at 1970s, nagsimulang bigyang-kahulugan ng mga hukuman sa U.S. ang mga batas ukol sa pamilya sa paraang mas inuna ang mga indibiduwal na interes kaysa mga interes ng lipunan, na nagpatumba sa sistemang legal at sistema ng lipunan. Ang pagbabagong ito ay isang bahagi lamang ng pagbabago ng batas ukol sa pamilya sa Amerika—ang pinakamalaking pagbabago ng kultura sa mga saloobin tungkol sa kasal at buhay-pamilya sa loob ng 500 taon. Ialarawan ko ang pagbabagong ito gamit ang ilang halimbawa mula sa batas ng U.S., bagama’t ang mga batas ng karamihan sa mauunlad na bansa ay ganito rin ang nangyayari.

Isang Pagbabago ng Kultura

Sa madaling salita, ang mga nananalig ay nagsimulang gumamit ng mabibisang indibiduwal at malalayang ideya na matagal nang sumuporta sa mga interes ng mga anak at



lipunan sa matatag na mga istruktura ng pamilya. Tinanggap ng mga hukuman at lehislatura ang marami sa mga pansariling ideyang ito, kahit nakasira ang mga ideya sa mas malawak na interes ng lipunan. Halimbawa, ang no-fault divorce ay unang ginamit sa California noong 1968 at lumaganap sa buong Estados Unidos. Malaki ang binago ng no-fault sa paraan ng pag-iisip ng mga tao tungkol sa kasal. Sa ilalim ng mga lumang batas ukol sa diborsyo, ang mga mag-asawa ay hindi basta makapagpapasiyang tapusin ang kanilang pagsasama; bagkus, kailangan nilang patunayan ang ginawang kalokohan ng asawa, gaya ng pangangalunya o pang-aabuso. Noong mga panahong iyon ay hukom lamang na kumakatawan sa interes ng lipunan ang makapagpapasiya kung ang isang diborsyo ay makatarungan para mahigitan ang interes ng lipunan sa patuloy na pagsasama ng mag-asawa.

Sa orihinal na ipinanukala, ang no-fault divorce ay may makabuluhang mga mithiin. Nakaragdag ito sa pagkasira ng pagsasamang hindi na maisasalba, anuman ang personal na pagkakamali, bilang batayan ng diborsyo—na nagpasimple sa proseso ng diborsyo. Sa teorya, isang hukom lamang, na kumakatawan pa rin sa interes ng lipunan, ang makapagpapasiya kung ang pagsasama ay hindi na maisasalba pa. Ngunit sa nakagawian, umayon ang mga hukom na pampamilya sa personal na kagustuhan ng mag-asawa at kalaunan ay *binigyang-laya* ang sinuman sa mag-asawa na gustong wakasan ang kanilang pagsasama.

Ang mga legal na pagbabagong ito ay nagpabilis sa mas malaking pagbabago ng kultura na ang tingin sa kasal ay hindi na permanenteng institusyon ng lipunan kundi sa halip ay isang pansamantala at pribadong ugnayan, na maaaring wakasan kung kailan nila gusto—nang hindi isinaalang-alang kung paano sinira ng diborsyo ang mga anak, bukod pa rito ang kasiraang dulot nito sa lipunan. Hindi nagtagal, ang mga pagdududa ng mga hukom tungkol sa karapatan ng lipunan na ipatupad ang mga sumpaan ng mga mag-asawa sa kasal ay nagbigay ng maling impresyon sa mga mag-asawa na ang kanilang personal na kasunduan ay hindi gaanong mahalaga sa lipunan o sa kagandahang-asal. Kaya ngayon, kapag pinanghihimasukan ng mga kasunduan sa kasal ang mga personal

na kagustuhan, mas malamang na maghiwalay ang mga tao. Ang tingin nila sa kasal ay isang “kasunduang walang bisa,” anuman ang ibig sabihin ng kontradiksiyong iyan.

Habang pinag-iisipang mabuti ang mga bagong pag-uugaling ito, pinalawak ng mga hukuman ang mga karapatan ng mga ama bilang magulang at nagsimulang bigyan ng karapatan sa pangangalaga ng anak at karapatang mag-ampon ang mga walang asawa. Lubos na binago nito ang matagal nang itinatag na preperensya na ibinigay ng batas ukol sa pamilya, hangga’t maaari, sa pamilya na kasal ang dalawang tunay na mga magulang. Malinaw na ipinakita—at ipinapakita pa—kapwa ng karanasan at pagsasaliksik ng siyensyang panlipunan na ang pamilyang pinamumunuan ng mga ikinasal na tunay na magulang ang halos palaging naglalaan ng pinakamainam na kapaligiran sa pagpapalaki ng anak. Ngunit sa paglipas ng panahon, ang mga kaso ng mga magulang na hindi kasal ay nakatulong, at nakaimpluwensya, sa pagdami ng mga nagsasama nang hindi kasal at pagsilang ng mga anak sa mga magulang na hindi kasal.

Bukod pa riyon, noong 1973 pinagkalooban ng U.S. Supreme Court ang lahat ng kababaihan ng karapatang magpalaglag, sa gayo’y tinanggihan nila ang matagal nang sinusunod na mga paniniwala ng kultura tungkol sa mga interes ng lipunan na kinakatawan ng mga batang hindi naisilang at ng nahalal na mga mambabatas na hanggang sa panahong iyon ay sama-samang nagpasiya ukol sa mahalagang tanong kung kailan nagsisimula ang buhay.

Ang pag-uusap tungkol sa no-fault divorce ay makatwirang humahantong sa maikling komento tungkol sa kasal ng dalawang magkapareho ang kasarian. Naging mahirap at masidhing paksa ito, ngunit pansinin na 17 taon pa lamang ang nakararaan, walang bansa sa mundo na kumikilala na legal ang kasal ng dalawang magkapareho ang kasarian.



Kaya paano kaya biglang lumabas ang mismong ideyang ito ng kasal ng dalawang magkapareho ang kasarian sa buong mundo kung kailan nawalan ng halaga sa publiko ang konsepto ng kasal sa kasaysayan ng naunang apat na dekada?

Malamang na ang isang sagot diyan ay na ang teorya ng “personal na kalayaan” ng unang kaso sa U.S. noong 2001 na umaayon sa kasal ng dalawang magkapareho ang kasarian ay pinalawig lamang ang gayon ding pansariling legal na konseptong lumikha ng no-fault divorce. Kapag sinuportahan ng hukuman ang karapatan ng isang tao na *wakasan* ang isang kasal, anuman ang ibunga nito sa lipunan (tulad ng maaaring mangyari sa no-fault divorce), ang tuntuning iyan ay tila sinusuportahan din ang karapatan ng isang tao na *magsimula* ng isang kasal, anuman ang ibunga nito sa lipunan (tulad ng maaaring mangyari sa kasal ng dalawang magkapareho ang kasarian).

Sa madaling salita, kapag ang tingin ng mga tao sa kasal ng isang lalaki at isang babae ay mas gusto lang nila iyon dahil mahalagang institusyon iyon sa lipunan, hindi katakata na maraming magsasabi ngayon tungkol sa kasal ng dalawang magkapareho ang kasarian na dapat maging malaya ang mga indibiduwal na magpakasal kung gusto nila. Iyan ang maaaring mangyari kapag hindi natin nasundan ang interes ng lipunan ukol sa kasal at mga anak. Malinaw na mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak at inaasahan tayong tratuhin ang isa’t isa nang may *habag* at *pagpaparaya*—anuman ang pribadong pag-uugaling maaari nating maunawaan o hindi maunawaan. Ngunit lubhang kakaibang bagay ang *irekomenda* o *itaguyod* ang pag-uugaling iyan sa pagbabago ng isang legal na konsepto—kasal—na ang makasaysayang layunin ay itaguyod ang interes ng lipunan sa

Ang “bigkis” ng kasal ay lumilikha ng medyo permanenteng yunit ng pamilya na bumubuo sa istruktura ng lipunan, na ang “mga puso ay pinagbuklod sa pagkakaisa at sa pag-ibig.”



pagpapalaki ng tunay na mga magulang sa kanilang sariling mga anak sa matatatag na tahanan.

Ang U.S. Supreme Court ay nagbatay sa teoriya ng personal na kalayaan, tulad ng iba pang mga legal na teoriya, nang ipag-utos nito noong Hunyo 26, 2015, na hindi maaaring "ipagbawal [ng estado] ang pagpapakasal ng mga mag-asa-wang pareho ang kasarian." Dahil dito, legal na ngayon ang kasal ng magkaparehong kasarian sa bawat estado ng U.S.

Gayunman, karamihan sa opinyon ng korte ay "nagbibigay-diin na ang mga relihiyon, at ang mga taong nakakapit sa mga doktrina ng relihiyon, ay maaaring patuloy na itaguyod nang buong katapatan na, batay sa mga banal na tuntunin, ang pagpapakasal ng magkaparehong kasarian ay hindi dapat payagan. Tinitiyak ng First Amendment na ang mga samahan ng mga relihiyon at mga tao ay bibigyan ng wastong proteksyon sa hangarin nilang ituro ang mga alituntuning napakahalaga sa kanilang buhay at pananampalataya, at sa kanilang marubdob na mga hangaring ipagpatuloy ang istruktura ng pamilya na matagal na nilang iginagalang. Tootoo rin ito sa mga taong tutol sa kasal ng magkaparehong kasarian dahil sa iba pang mga kadahilanan."⁵

Mga Epekto sa Kasal at mga Anak

Ngayo'y isipin ang epekto ng mga pagbabagong ito sa kasal at mga anak. Simula pa noong 1965 ang U.S. divorce rate ay humigit pa sa doble, bagama't bumaba ito nang kaunti nitong nakaraang mga taon—dahil ang bilang ng mga nagsasama nang hindi kasal ay dumami nang mga 15 beses, at ang madalas na paghihiwalay nila ay hindi kabilang sa divorce rate. Ngayo'y mga kalahati ng lahat ng unang pag-aasawa ang nagwawakas sa diborsyo; gayon din ang mga 60 porsiyento ng pangalawang pag-aasawa. Ang Estados Unidos ang bansang may pinakamaraming diborsyo sa mundo.⁶

Ngayon ay 40 porsiyento ng mga isinilang sa U.S. ang nabibilang sa mga magulang na hindi kasal. Noong 1960 ang bilang na iyan ay 5 porsiyento.⁷ Mga 50 porsiyento ng

mga tinedyer ngayon ang nag-iisip na ang pagkakaroon ng anak sa labas ng kasal ay "makabuluhang estilo ng pamumuhay."⁸ Ang porsiyento ng mga anak sa mga pamilyang iisa ang magulang simula pa noong 1960 ay dumami nang apat na beses, mula 8 porsiyento ay naging 31 porsiyento.⁹ Mahigit kalahati ng kasal ngayon sa U.S. ay may pauna nang pagsasama nang hindi kasal.¹⁰ Ang dating hindi normal na gawain noong 1960s ay normal na ngayon.

Sa Europa, 80 porsiyento ng populasyon ang sang-ayon na sa pagsasama nang hindi kasal. Sa ilang bahagi ng Scandinavia, 82 porsiyento ng mga panganay na anak ang isinilang sa mga magulang na hindi kasal.¹¹ Nang manirahan kami sa Germany kamakailan, nadama namin na, sa maraming paraan, wala nang kabuluhan sa mga Europeo ang kasal. Tulad ng isinulat ng isang manunulat na Pranses, "nawala na ang gayuma [ng kasal] sa mga kabataan," na patuloy na nadarama na ang "pag-ibig ay isang pribadong bagay at walang karapatan" ang lipunan na magsalita tungkol sa kanilang pagsasama o mga anak.¹²

Magkagayunman, ang mga anak ng diborsyado o di-kasal na mga magulang ay mga *tatlong beses* na mas marami ang mabibigat na problema sa ugali, emosyon, at paglaki kaysa mga anak na nasa mga pamilyang may dalawang magulang. Sa lahat ng sukatan ng kapakanan ng bata, talagang malala ang katayuan ng mga batang ito. At kapag watak-watak ang mga anak, nagkakawatak-watak din ang lipunan. Narito ang ilang halimbawa ng pagkakawatak-watak na iyon, na tinatanggap na sa ilang elemento ay maaaring maraming sanhi ang karaniwang mga kalakarang iyon. Sa nakalipas na limang dekada:

- Dumami ang krimen ng mga kabataan nang anim na beses.
- Ang mga batang napabayaang at lahat ng uri ng pang-aabuso sa bata ay dumami nang limang beses.
- Ang mga psychological disorder o sakit sa utak ng mga bata ay lumala lahat, mula sa paggamit ng bawal na gamot hanggang sa maling pagkain; lumaki nang 1,000 porsiyento ang depresyon sa mga bata.
- Nadagdagan ang karahasan sa tahanan laban sa kababaihan, at lalong naghihirap ang mga anak.¹³

Gaano kabigat ang mga problemang ito? Tulad ng sabi ni Pangulong Hinckley noong 1995, ang mga bagay na ito ang "pinakamabigat niyang alalahanin." At ang mga kalakarang bumagabag sa kanya noon ay mas malala pa ngayon. Gaya ng sinabi ng isang manunulat sa *Time* magazine:

"Wala nang ibang nag-iisang puwersang nagsasanhi ng maraming paghihirap at kalungkutan sa tao sa bansang ito na tulad ng pagkabigo ng pagsasama ng mag-asawa. Masakit ito sa mga anak, binabawasan nito ang pinansyal na seguridad ng ina, at partikular na winawasak nito ang mga taong halos walang kakayahang magtiis: ang maralita sa bansa. . . ."

“Ang dukha ay [walang magkasamang] magulang na kasal, at winawasak ng mayayaman ang [sarili] nilang pagsasama kung hindi na [sila] masaya.”¹⁴

Pagbaling ng Ating Puso

Mababanaag sa isang gula-gulanit na ginintuang hibla sa kumakalas na tapiserya ng lipunan ang dahilan ng problema: ang mga anak—buto ng ating buto, laman ng ating laman. May isang bagay na tunay, at banal pa, tungkol sa mga inapo—sa mga anak at pagkakaroon ng anak at sa walang-hanggang mga bigkis ng pagmamahal—na tila parang mahiwagang alaala sa kalooban ng bawat tao.

Ang bigkis na nagtatali sa anak sa magulang ay napa-kahalaga kaya isinugo ng Diyos si Elijah noong 1836 para “[ibaling] ang puso” ng mga ama at ng mga anak sa isa’t isa. Kung hindi babaling nang ganito ang mga pusong yaon, sabi Niya, “ang buong mundo ay [ba]bagabagin ng isang sumpa” at “lubos na mawawasak” bago bumalik si Cristo (D at T 110:15; Joseph Smith—Kasaysayan 1:39; tingnan din sa Malakias 4:6). Sa mundo ngayon, mukha ngang bumabaling ang mga pusong iyon—ngunit palayo, sa halip na palapit, sa isa’t isa.

Nabubuhay na ba tayo sa panahon ng sumpa? Siguro nga. Ang mga bata ngayon (at samakatwid ay ang lipunan—ang daigdig) ay tunay ngang “mawawasak” (mawawalan ng halaga, mawawalan ng silbi, mamamanglaw) sa bawat usaping tinalakay dito.

Malinaw ang doktrina—at pinatunayan ng maraming taon ng pagsasaliksik. Hindi natin kailangang balikan ang mga batas ukol sa pamilya noong nakalipas na panahon, *ngunit* kung mas magmamalasakit lang tayo sa ating mga anak at sa kanilang kinabukasan, magpapakasal ang mga tao bago maging mga magulang. Mas magsasakripisyo sila, nang higit pa, para manatiling nagsasama. Palalaking ang mga anak, hangga’t maaari, ng tunay nilang mga magulang. Ang pinakamaganda, walang pipiling magpalaglag ng mga anak o magkaanak nang walang asawa. Mangyari pa, kailangang may

Ang walang-hanggang pananaw ng ebanghelyo, ayon sa turo sa mga banal na kasulatan at sa templo, ay matutulungan tayong lagpasan ang kalituhan sa panahong ito tungkol sa kasal hanggang sa ang ating mga pagsasama ay maging pinakamakabuluhan at nagpapabanal na mga karanasan sa buhay.

ilang eksepsyon—ang ilang diborsyo ay makatwiran, at madalas ay hulog ng langit ang pag-aampon. Subalit sa tuntunin, ganap na nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa pamilya noong 1995: “Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa mga pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal.”¹⁵


Ngunit malilimutin tayong lahat. Hindi natin naririnig ang kaakit-akit na mga nota ng alaalang walang hanggan, o maging nitong kamakailan. Gusto tayong kumbinsihin ng kaaway ng ating kaligayahan na ang mga sagrado at pangmatagalang bigkis ng pagmamahalan sa pamilya ay nakakapigil, samantalang ang totoo ay walang mga ugnayang higit na nagpapalaya at nakasisiya kaysa rito.

Hindi madaling bumuo ng ulirang pagsasama. Hindi ito nararapat maging madali. Ngunit kapag nililito tayo ng isang naguguluhang kultura tungkol sa kahulugan ng kasal, maaaari nating isuko ang isa’t isa at ang ating sarili nang napakaaga. Subalit ang walang-hanggang pananaw ng ebanghelyo, ayon sa turo sa mga banal na kasulatan at sa templo, ay matutulungan tayong malinawan ang kalituhan sa panahong ito tungkol sa kasal hanggang sa ang ating mga pagsasama ay maging pinakamakabuluhan at nagpapabanal—kahit napakahirap din—na mga karanasan sa buhay. ■

Hinango sa “Marriage, Family Law, and the Temple,” na ibinigay sa J. Reuben Clark Law Society Annual Fireside sa Salt Lake City noong Enero 31, 2014.

MGA TALA

1. Sa Dell Van Orden, “Pres. Hinckley Notes His 85th Birthday, Reminisces about Life,” *Church News*, Hunyo 24, 1995, 6; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
3. Gordon B. Hinckley, sa Sarah Jane Weaver, “President Hinckley Warns against Family Breakups,” *Deseret News*, Abr. 23, 2003, deseretnews.com.
4. Tingnan sa Caitlin Flanagan, “Why Marriage Matters,” *Time*, Hulyo 13, 2009, 47.
5. Justice Anthony M. Kennedy, *Obergefell v. Hodges*, 576 U.S. (2015).
6. Tingnan sa census.gov/compendia/statab/2011/tables/11s1335.pdf; tingnan din sa Alan J. Hawkins, *The Forever Initiative: A Feasible Public Policy Agenda to Help Couples Form and Sustain Healthy Marriages and Relationships* (2013), 19.
7. Tingnan sa “Disastrous’ Illegitimacy Trends,” *Washington Times*, Dis. 1, 2006, washingtontimes.com.
8. Tingnan sa *The State of Our Unions: Marriage in America 2012* (2012), 101, 102.
9. Tingnan sa “One-Parent and Two-Parent Families 1960–2012,” Office of Financial Management, ofm.wa.gov/trends/social/fig204.asp.
10. Tingnan sa Bruce C. Hafen, *Covenant Hearts: Why Marriage Matters and How to Make It Last* (2013), 227.
11. Tingnan sa Noelle Knox, “Nordic Family Ties Don’t Mean Tying the Knot,” *USA Today*, Dis. 16, 2004, 15, usatoday.com.
12. *Report of the Mission of Inquiry on the Family and the Rights of Children*, isang study commission na hinirang ng National Assembly of France, Ene. 25, 2006, 32.
13. Tingnan sa Hafen, *Covenant Hearts*, 226–27.
14. Flanagan, “Why Marriage Matters,” 47; idinagdag ang pagbibigay-diin.
15. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 129.



Yaong mga nagdiborsyo ay nakaranas ng matinding pait. Kailangan nila ang nagpapahilom na kapangyarihan at pag-asang nagmula sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Kalalakihang Banal sa mga Huling Araw at Diborsyo

Ni Brent Scharman

Retiradong tagapayo, LDS Family Services

“**A**ng pinakalayunin ng lahat ng ating itinuturo ay mapagkaisa ang mga magulang at mga anak sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, nang maging masaya sila sa tahanan, at mabuklod sa walang-hanggang kasal.”¹ Sa kabila ng inspiradong turong ito mula kay Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, may mga nagdidiborsyo pa rin. Masakit ang diborsyo: yaong mga sangkot ay maaaring magimbal, magkaila, malito, malungkot, at magalit, at magkaroon din ng mga pisikal na sintomas na tulad ng hindi makatulong sa gabi at hindi makakain o sobrang kumain.

Sa karanasan ko bilang tagapayo, natuklasan ko na, bagama’t maraming nararanasan ang mga lalaki at babae sa diborsyo na magkapareho, may ilang pagkakaiba:

- Habang kasal pa, mas malamang na maliitin ng mga lalaki ang mabibigat na problema sa pagsasama nilang mag-asawa. Ang kanilang pagkabigla sa diborsyo ay maaaring magpahina ng kanilang loob.
- Ang mga kalalakihan ay di-gaanong nagsasabi ng kanilang nararamdaman, kaya mas malamang na hindi sila matuto sa kanilang karanasan.
- Mas gusto ng mga lalaki na maging abala, kaya mas malamang na hindi sila humingi ng payo at sa halip ay itinatago nila ang kanilang damdamin sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang maraming oras o pagtuon nang husto sa isang libangan.
- Dahil sa mga problema sa pera at sa negatibong epekto sa kanilang ego, ang ilang lalaki ay dumaranas ng mga pagsubok na gaya ng depresyon, pagbigat ng timbang, pag-inom ng alak, at pagiging di-gaanong aktibo sa Simbahan.

Ang tanging ligtas na landas para makayanan ang diborsyo ay sa pananatiling tapat sa ebanghelyo. Para ma-kaakma, kailangan ay kaya ninyong maging mabait kahit

Bagama’t ang matibay na pagsasama ng mag-asawa ay uliran, nakakalungkot na may ilang mag-asawang nagdidiborsyo. Kung kayo ay diborsyado, narito ang ilang paraan para manatiling malapit sa inyong mga anak at matatag sa ebanghelyo.

parang ayaw ninyo, manatiling tiwala at may pagpapahala sa sarili, tiisin ang sakit ng damdamin habang patuloy kayong kumikilos, magpasensya sa ibang mga sangkot dito, maging patas at huwag maghiganti, at manatiling matatag sa espirituwal, na mas maglalapit sa inyo sa Panginoon, na “nagpakababa-baba” sa lahat ng bagay at na ang Pagbabayad-sala ay sapat para paghilumin ang mga sugat at pasiglahin kayo (D at T 122:8).

Sinuman ang may mas malaking kasalanan sa inyong diborsyo, hindi darating ang paghilom hangga’t walang pagsisisi at kapatawaran. Tulad ng itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: “Alisin natin ang ating mga hinanakit. . . . Alalahanin, karaniwan ang pangyayaring ito sa mga naroon sa langit: Sila ay [pin]atawad. At sila ay nag[pa]atawad.”²

Pagpapanatili ng Pakikipag-ugnayan sa Inyong mga Anak

Marahil walang anumang bagay na higit na nagpapahirap ng damdamin kaysa sa kung kanino mapupunta ang anak. Kapag ang karaniwang kasama ng anak ay ang kanilang ina, madaling madama ng ama na parang naging bisita na lang siya sa kanyang sariling mga anak. Maaaring ipadama nito sa kanya na wala siyang magawa at kontrolado siya ng batas. Gayunman, maliban kung may potensyal na may



PAG-ASA PARA SA INYO AT SA INYONG MGA ANAK

“Alam namin na iniisip ng iba nang may pagsisipi na may bahagi sila o sila ang may malaking kasalanan sa diborsyo. Lahat ng dumanas ng diborsyo ay alam ang pait na dulot nito at kailangan ang nagpapahilom na kapangyarihan at pag-asang nagmumula sa Pagbabayad-sala. Narriyan ang nagpapahilom na kapangyarihan at pag-asang iyon para sa kanila at sa kanila ring mga anak.”

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Diborsyo,” *Liahona*, Mayo 2007, 71.

pang-aabuso o iba pang nakapipinsalang pag-uugnayan, makabubuting patuloy na makipag-uugnayan ang mga anak sa dalawa nilang magulang. Mabuti na lang, karamihan sa mga dating mag-asawa ay natututong magtulungan para sa kapakanan ng kanilang mga anak.

Ang regular na pakikipag-uugnayan sa inyong mga anak ay dapat unahin palagi, gaano man kayo kalayo o mag-asawa man kayong muli. Kahit kulang ang inilaang oras sa inyo na makasama sila, gawing positibo ang mga pagbisita at huwag magsabi ng mga negatibong bagay sa mga anak tungkol sa kanilang ina. Mas malamang na tagumpay na makaakma ang mga anak sa pagdidiborsyo ng mga magulang kapag handa ang kanilang ina at ama na unahin ang kaligayahan at katatagan ng mga anak kaysa sarili nilang nasaktang damdamin.

Pananatiling Aktibo sa Simbahan

Ilang kalalakihan ang nagsabi na walang nakapagpahina ng kanilang patotoo maliban sa diborsyo. Totoo ito lalo na kung naging tapat sila sa pagiging aktibo sa Simbahan at taimtim nilang ipinagdasal na malutas ang mga problema nilang mag-asawa. Ang paghinaanang ito ng patotoo ay maaaring magpadama sa isang lalaking diborsyado na hindi na siya komportableng magsimba, lalo na kung naniniwala siya na iniisip ng iba na hindi

siya naging tapat sa kanyang asawa.

Subalit ang patuloy na pagsisimba ay ilalantad tayo sa mga tamang alituntunin at paliligiran tayo ng mga taong nagmamalasakit. Kung tila hindi kayo natutulungan ng mga miyembro ng Simbahan, huwag maghinanakit. Malamang na hindi nila alam kung ano ang gagawin o sasabihin. Magtiis at tulungan ang inyong sarili. Humanap ng support network. Sumangguni sa inyong quorum president, bishop, o stake president at isiping humingi ng payo sa isang propesyonal, tulad ng LDS Family Services, kung mayroon. Tutulungan kayo nitong suriin ang sarili ninyong pag-uugali at makita ang mga bagay-bagay nang mas malinaw.

Ang mga lalaking diborsyado ay malugod na tinatanggap sa Simbahan tulad din ng pagtanggap sa mga lalaking may-asawa. Sabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Maraming mabubuting miyembro ng Simbahan na nagdiborsyo” at binigyang-diin na “kung hindi nakagawa ng mabigat na kasalanan ang miyembrong nakipagdiborsyo, maaari siyang makakuha ng temple recommend batay sa gayunding mga pamantayan ng pagkamarapat na angkop sa iba pang mga miyembro.”³

Paglago sa Kabila ng mga Hirap

Sinasabi ng ilang kalalakihan na bagama’t hindi na nila gustong maranasan iyong muli, natuto na sila mula rito. Nakakabangon sila at nagpapatuloy sa kanilang buhay. Ang paraang iyon ay ipinahayag ng lalaking ito na pinayuhan ko: “Hindi ko pa rin maunawaan ang konsepto na diborsyado na ako, pero totoo. Hindi ko ito inasahan kailanman, pero nangyari, at tanggap ko ito. Ang mithiin ko ngayon ay gawin ang lahat ng makakaya ko para manatiling tapat kay Cristo, magbuo ng matatag at bagong pamilya, at maging mabuting halimbawa sa aking mga anak at mga anak sa una ng aking asawa hangga’t kaya ko.” ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. Boyd K. Packer, “The Shield of Faith,” *Ensign*, Mayo 1995, 8.
2. Dieter F. Uchtdorf, “Ang Mahabagin ay Kahahabagan,” *Liahona*, Mayo 2012, 77.
3. Dallin H. Oaks, “Diborsyo,” *Liahona*, Mayo 2007, 70–71.



Ang tanging ligtas na landas para makayanan ang diborsyo ay ang manatiling tapat sa ebanghelyo.

Ang mga Sugat na Dulot ng Diborsyo

Ni David Paul

Diborsyadong ama na may tatlong anak

Bilang miyembro ng Royal Canadian Navy, sinanay akong gumawa ng isang “pagsusuri” matapos sumagupa sa kaaway o sa iba pang kalamidad. Masusi kong sinusuri kung paano makakagawa ng mga pagbabago ang mga taong sangkot para mabawasan o maiwasan ang iba pang mga pinsala o sakuna. Sa buong buhay natin at lalo na sa mga oras ng pagsubok na tulad ng diborsyo, ang pagsusuri sa pangyayari ay makapagbibigay ng maraming paraan para matuto at lumago.

Nagsisimula ito sa tamang pag-angkin ng responsibilidad sa nangyari. Kapag sinuri nating mabuti ang ating mga kilos, marahil sa tulong ng isang tagapayo, at naunawaan natin ang pinili nating gawin at ang piniling gawin ng dati nating asawa, makikita natin ang mga bagay na mababago natin sa ating sarili. Matatantiya rin natin ang lagay ng ating isipan, espiritu, at damdamin.


Ang mga pagsisikap na magbago kapag ipinamuhay natin ang mga natutuhan natin ay nakakatulong sa paghilom habang sumusulong sa mas magandang kinabukasan.

Paggamit sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas

Sa digmaan laging may malalaking sugat. Ang mga ito ay maaaring malalim at masakit, ngunit yaong mga hindi pa nakaranas nito ay hindi talaga mauunawaan kung ano ang pakiramdam nito. Ang mga sugat sa ating puso’t kaluluwa sanhi ng diborsyo ay masakit at mahirap ding maunawaan ng mga hindi pa nakaranas ng ganito.

Ngunit hindi tayo nag-iisa. Handa ang Tagapagligtas na tulungan tayo. Matutulungan tayo ng nagpapahilom na kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala para makabangong muli. Huwag kayong tumalikod sa Simbahan. Humingi ng mga basbas ng priesthood at pumunta sa templo nang madalas hangga’t kaya ninyo. Madalas ay matagal maghilom ang sugat, ngunit bibilis ito kapag may patnubay ng Espiritu ang inyong buhay.

Ang unang taon matapos ang diborsyo ay mahirap. May kalungkutan sa pagkawala ng isang relasyon na minsa’y naging sentro ng ating mga pag-asam. Para itong roller-coaster ride ng matitinding damdamin at mga hamon. Ginagampanan natin ang ating bahagi sa proseso ng paghilom sa pamamagitan ng pag-alaala na tayo ay mga natatanging anak ng ating Ama sa Langit na may



banal na potensyal, sa pamamagitan ng pagdalo sa ating mga miting sa Simbahan, pagbabasa ng ating mga banal na kasulatan, pagdarasal, paglilingkod, at pagpunta sa templo. Bagama’t tila mahaba ang proseso, ang pangako ay tiyak. Sundin ang Panginoon, at magkakaroon kayo ng buhay na walang hanggan at lahat ng pagpapalang ipinangako sa inyo, kabilang na ang kapayapaan at kagalakan sa inyong kaluluwa.

Muling Pagpapakasal

Maging maingat kapag nagdesisyon kayo na muling makipagdeyt. Tiyaking kilala ninyo kung sino kayo at ano ang gusto ninyo. Maging panatag sa pag-iisa (at sa piling ng Tagapagligtas). Kapag masaya kayo sa kung sino kayo at kung saan kayo papunta, mas mahihirapan ang kaaway na ilihis kayo ng landas o magkaroon kayo ng maling pakikipagrelasyon sa iba. Natagalan ang relasyong binuo ninyo ng dati ninyong asawa bago kayo nagkaroon ng masasaya at matatamis na sandali sa inyong pagsasama. Kahit ang maling pakikipagrelasyon ay may mga sandali ng kaaliwan, kaya maaari kayong matuksong makipagrelasyon kaagad sa iba. Huwag kayong magmadali.

Pagsuporta sa mga Lalaking Diborsyado

Yaong mga nahirapan sa diborsyo ay parang mga beterano sa digmaan ito para sa ating kaluluwa. Kailangan nila ng ating paggalang, pagmamahal, pag-unawa, suporta, at pagtanggap. Magbigay ng magiliw na paggabay at paghihikayat kapag bukas ang kanilang isipan tungkol dito. Magtiwala sa kanila at alalahanin na ang Tagapagligtas ay may sariling takdang panahon sa paghilom ng sawing puso at espiritu. Darating ang paghilom at mga himala, balang-araw.

Ang awtor ay naninirahan sa British Columbia, Canada.

SAAN ANG SIMBAHAN NINYO?

Noong mga taon ko sa military, kung minsan ay mahirap hanapin ang chapel ng mga Banal sa mga Huling Araw. Halos walang abiso, basta na lang ako ipinapadala sa isang bagong lungsod o bansa.

Isang araw ng Linggo ay nasa Amsterdam, Holland, ako. Alas-8:30 n.u. biglang ibinalita ng aming koronel na day off namin. Suot ang uniporme, kinumbinsi ko ang isang kaibigan na ihatid ako sa simbahan. Sa kotseng inupahan niya, ganito ang naging pag-uusap namin:

Kaibigan: "Saan ang simbahan ninyo?"

Ako: "Hindi ko alam kasi ngayon lang ako nakarating sa lungsod na ito. Pero kung makakarating tayo

sa kabayanan nang kinse minutos bago mag-alas-nuwebe, makikita natin iyon."

Kaibigan: "Bakit? Ano ang nangyayari kinse minutos bago mag-alas-nuwebe?"

Ako: "Iyon ang sandaling makikita natin ang mga Mormon missionary na papunta sa chapel."

Kaibigan: "Akala ko ba ngayon ka lang nakarating dito?"

Ako: "Oo nga."

Kaibigan: "E, paano mo nalaman na may chapel dito?"

Ako: "Siguradong may chapel dito at mga Mormon missionary."

Kaibigan: "OK, narito na tayo sa kabayanan. Labinlimang minuto na lang alas-nuwebe na, at wala akong

nakikitang mga missionary."

Ako: "Hayun sila."

Kaibigan: "Saan? Ibig mong sabihin iyong nasa malayong iyon na patawid ng kalsada? Ni hindi nga natin makita kung sino ang mga iyon mula rito."

Nang malapit na ang mga missionary, lumabas ako ng sasakyan at masayang nakipag-usap sa kanila, nakipagkamay, nagkipagbiruan, at nakipagtawanan, at nakipagngitian.

Ako: "Salamat sa paghahatid."

Kaibigan: "Akala ko ba hindi mo kilala ang mga lalaking iyon?"

Ako: "Hindi nga. Ngayon lang kami nagkakilala."

Kaibigan: "Hindi nag-uusap nang gayon ang mga tao maliban kung kilala na nila ang isa't isa."

Ako: "Ipapaliwanag ko sa iyo mamaya."



Kaibigan: “Hindi ko sigurado kung makikita ko pang muli ang lugar na ito, at hindi mo pa sinasabi kung anong oras kita susunduin.”

Ako: “Tatlong oras ang mga miting namin. Pagkatapos ay iimbitahan ako ng isang pamilya sa hapunan. Pagkatapos naming kumain at mag-usap sandali, ihahatid nila ako sa headquarters.”

Kaibigan: “Hindi mo pa alam kung may magyayaya sa iyong maghapunan ako ng isang pamilya sa hapunan. Pagkatapos naming kumain at mag-usap sandali, ihahatid nila ako sa headquarters.”

Tiniyak ko sa kanya na magiging maayos ako at pinasalamatan ko siyang muli.

Nakakasigla ang mga miting. Tinanggap ko ang una sa tatlong paanyaya sa hapunan. Sa hapunan masaya kaming nag-usap-usap tungkol sa paglago ng Simbahan sa Holland.

Mapalad akong makakita ng mga miyembro ng Simbahan nang maraming beses sa buhay ko. Kung minsan nagkakakilala kami sa maramyang lugar at kung minsan sa abang mga kubo. Kung minsan naman sa inabandona at maalikabok na mga kuwartel. Kung minsan sa mga kapilya ng ospital. Kung minsan sa loob ng malalaking tolda o sa labas sa ilalim ng maaliwalas na kalangitan.

Saanman kami magkita, lagi akong masaya na sinikap kong matagpuan ang Simbahan. Tulad ng sabi ng Panginoon, “Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila” (Mateo 18:20). ■

Dee Jepson, Idaho, USA

“Kung makakarating tayo sa kabayanan nang kinse minutos bago mag-alas-nuwebe,” sabi ko sa kaibigan ko, “makikita natin ang chapel.”

ISANG PANALANGIN SA FAMILY HISTORY CENTER

Matapos akong tawagin bilang family history consultant para sa branch namin sa Ushuaia, Argentina, nadama ko ang matinding pangangailangang hanapin ang aking mga ninuno. Mahirap ang gawain, at walang araw na nagdaan na hindi ko sinubukan ang isang bagongistratehiya para tuklasin kung sino sila at saan sila nagmula sa Italy.

Noong 2006 tinawag akong mangasiwa sa family history center. Gayunman, patuloy akong nalungkot sa kabiguan kong makahanap ng impormasyon tungkol sa aking pamilya. Lalo pa akong nadismaya nang magtagumpay ang asawa ko sa pagsasaliksik sa kanyang mga ninuno. Sa taong iyon, nakakuha si Ruben ng mahigit 5,000 pangalan ng kanyang mga ninunong narinahan sa San Ginesio, Macerata, Italy.

Isang hapon sa family history center nang sunud-sunod na makita ni Ruben ang kanyang mga ninuno sa microfilm, masaya at paulit-ulit niyang ibinulalas, “Heto pa ang isa!” Pinanghinaan ng loob, at may luha sa mga mata, ipinahayag ko ang aking kalungkutan, at sinabi ko pa na hindi ko alam kung ano ang gagawin para makita ko ang aking mga kapamilya. Nang makita ang lungkot ko, iminungkahi niya na manalangin kami. Ginawa namin iyon, at nagsumamo kami sa Espiritu Santo na liwanagin ang aming isipan para mapabilis namin ang gawain alang-alang sa aking pamilya.

Habang nagdarasal, biglang nalalala ni Ruben ang isang partikular na website na nagtatampok sa mga apelyidong Italyano. Pagkatapos naming

magdasal, agad naming tiningnan ito. Sa loob ng ilang minuto nakakita kami ng apat na tao na ka-apelyido ko sa pagkadalaga, na Gos, sa telephone directory ng munting bayang Italyano ng Iutizzo, sa hilagang Italy.

Agad akong nagpadala ng mga liham sa bawat isa sa kanila. Sumulat ang isa, na sinasabi na kaapelyido ko ang asawa niya, pero hindi siya kabilang sa angkan. Gayunman, kilala niya ang isa sa mga yumaong kapatid na babae ng lolo ko, at nag-alok siyang tulungan ako na makontak ang isang kaanak, na buhay pa.

Ilang buwan pagkaraan, noong Disyembre 2006, nakatanggap kami ng tawag sa telepono mula sa malayong lugar.

“Ito ba si Susana Gos?” tanong ng tinig ng isang lalaki.

“Oo,” sagot ko.

“Ito ang pinsan mo mula sa Italy,” sabi niya.

Ang tumawag, si Giovanni Battista Tubaro, ay anak ng kapatid na babae ng lolo ko na si Maria!

Noong Marso 2008, binisita kami ni Giovanni at ng kanyang asawang si Miriam sa Argentina. Ipinaalam namin sa kanila ang tungkol sa ebanghelyo at sa gawain sa family history, at ilang araw kaming nag-usap tungkol sa aming mga ninuno. Ngayon bawat isa sa kanilang mga pangalan anim na henerasyon mula sa amin ay nakatala na at may kasaysayan.

Ang family history ay nagtulot sa akin na mag-ambag sa isang mahalagang bahagi ng gawain ng Panginoon. Mas nailapit din ako nito sa aking mga ninuno—mga anak ng ating Ama sa Langit na hindi ko sana nakilala kailanman kung hindi dahil sa panalangin nang may pananampalataya sa family history center. ■

Susana Magdalena Gos de Morresi, Tierra del Fuego, Argentina

DALHIN MO SIYA SA OSPITAL!

Binata ako at may sariling negosyo noong bago ako sa Simbahan, kaya may mga araw na may libreng oras ako. Sa isa sa mga araw na iyon tinawagan ko ang Relief Society president at itinanong ko kung may nangangailangan ng tulong sa hapong iyon. Binanggit niya ang isang matandang babae na nagngangalang Anita (binago ang pangalan) na inilabas kamakailan mula sa ospital at nag-iisa. Kilala ko na si Anita at masaya akong bisitahin siya.

Tumawag ako at saka ko siya pinuntahan sa kanyang apartment. Hinilingan niya akong handaan siya ng pananghalian, at pagkatapos ay

Sinabi ni Anita na mabuti ang pakiramdam niya, ngunit umalis ako sa tabi ng kanyang higaan, lumuhod, at nagdasal.

masaya kaming nag-usap. Masayahin siya at mahilig tumawa at magkuwento tungkol sa kanyang buhay.

Pagkatapos ng tanghalian sinabi niya na pagod na siya at nagpatulong sa akin na makalipat ng kama mula sa kanyang wheelchair. Hindi nagtagal at naihiga ko na siya. Bigla, nangusap sa akin ang marahan at bayanad na tinig na madalas ikuwento sa akin ng iba: “Dalhin mo siya sa ospital ngayon din!”

Ayaw ni Anita sa mga ospital at kauwi lang niya. Tinanong ko siya kung OK ang pakiramdam niya. Sinabi niya na mabuti naman ang pakiramdam niya pero nahahapo siya.

Umalis ako sa tabi ng kanyang kama at lumuhod. Nang magsimula akong magdasal, muling sinabi ng

tinig, “Dalhin mo siya sa ospital, at dalhin mo siya roon ngayon din!”

Nag-atubili ako, at itinanong ko sa aking sarili, “Ano ang sasabihin ko sa doktor sa ospital?”

Tinawagan ko ang isang kaibigan, na nanalangin din at pagkatapos ay sinabi sa akin na sundin ko ang pahiwatig sa akin.

Nagalit si Anita nang banggitin ko na dadalhin siya sa ospital, pero tumawag pa rin ako ng ambulansya. Nang dumating ito, dalawang paramedic ang pumasok at kinuha ang kanyang vital signs. Walang tanung-tanong, inilagay nila siya sa isang stretcher na may gulong at isinakay sa ambulansya.

Sumunod ako sakay ng aking van. Pagdating sa ospital, naupo ako at naghintay. Hindi nagtagal lumbas ang doktor. Tinanong niya ako, “Hindi niya sinabi sa iyo na bumagsak siya bago ka dumating sa apartment niya, 'di ba?”

“Hindi po,” sagot ko.

Sinabi niya sa akin na napinsala ni Anita ang kanyang lapay at nagdurugo siya sa loob. Kung hindi siya nagamot kaagad, sabi niya, maaari siyang mamatay.

Nakadama ako ng pagsisisi at kagalakan—pagsisisi dahil nag-atubili ako at kagalakan dahil sa huli ay nakinig ako sa Espiritu Santo. Higit sa lahat, nagpasalamat akong malaman na pinagkatiwalaan ako ng Panginoon na tulungan ang may sakit na miyembrong ito at nainspirasyonan ang aking Relief Society president na papuntahin ako sa kanya.

Humina ang sarili kong kalusugan mula nang maranasan ko ito, ngunit patuloy pa rin akong hinihikayat ng Panginoon. Ipinagdarasal ko palagi na magkaroon ako ng lakas na sundin ang mga panghihikayat na iyon. ■

Gayle Y. Brandvold, California, USA





Inalis ko ang laman ng bag ko, at naroon sa ilalim na kasama ng boarding pass ko, ang isang isyu ng *Ensign*.

MAKAKAKUHA BA AKO NG AKLAT NI MORMON?

Pagpasok ko sa airport para umuwi mula sa pagbisita sa dati kong mga kaibigan, nadismaya ako na hindi ko naibahagi ang ebanghelyo sa biyaheng ito. Lagi akong may dalang Aklat ni Mormon sa bag ko para maalala kong ipagdasal na makakita ako ng isang taong mapagbibigyan nito, pero madalas ay nananatili ito sa bag ko. Pumalya na naman ako sa biyaheng ito.

Bumuntung-hininga ako at tahimik na humingi ng paumanhin sa panalangin. Pakiramdam ko wala akong silbing member missionary.

Nang papasok na ako sa security line, nainspirasyunan akong kausapin ang babae sa unahan ko. Nag-usap kami tungkol sa aming mga destinasyon at pagkatapos ay naghiwalay na ng pila. Gayunman, nang papunta na ako sa gate na papasukin ko, nakita ko ulit ang babaeng iyon. “Hi ulit,” sabi niya. “Masaya akong makita ka!”

Tinanong ko siya kung anong oras ang lipad ng eroplano niya. “Naku, mamaya pa—maaga lang ako.”

“Halika, tabi tayo sa upuan!” sabi ko.

May 45 minuto pa ako bago sumakay ng eroplano, kaya naupo kami malapit sa gate na papasukin ko at nag-usap tungkol sa aming trabaho. Binanggit ko ang ilang isinusulat ko para sa mga Banal sa mga Huling Araw, at biglang umaliwalas ang mukha niya.

“Mormon ka?” tanong niya. “Matagal ko nang gustong makaalam pa tungkol sa mga Mormon. Paano ako makakakuha ng kopya ng Aklat ni Mormon?”

“Aba,” sabi ko, sabay bukas ng ng bag ko, “may isa ako rito.”

“Ay, talaga,” sabi niya. “Palagay ko talagang pinagkilala tayo ngayon.”

Napuspos ng pasasalamat ang puso ko. Nang itanong niya kung ano ang ipinagkaiba ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ibang relihiyon, nadama kong ginabayan ako sa isasagot ko.

Sinabi ko sa kanya na ipapakontak ko siya sa mga missionary, at pagkatapos ay narinig ko na ang tawag na sumakay na kami sa eroplano. Binuksan ko ang bag ko para kunin ang boarding pass ko pero hindi ko ito makita. Inalis ko ang lahat ng

laman ng bag ko. Naroon, sa ilalim na kasama ng boarding pass ko, ang isang isyu ng pangkalahatang kumperensya ng *Ensign*! Ibinigay ko ito sa kanya at nagpasalamat ako sa Panginoon na kinailangan kong hanapin ang boarding pass ko. Binanggit niya na karaniwan ay nagdadala siya ng babasahin pero napakiramdaman niya na hindi siya dapat magdala sa pagkakataong ito.

“Siguro para mabasa ko ito,” sabi niya. Hawak ang boarding pass ko, niyakap ko siya at nagpaalam na ako.

Ngayon nag-uusap na kami linggu-linggo, at ikinukuwento niya sa akin ang mga pag-uusap nila ng mga sister missionary. Isang taon na ngayon, at sana balang-araw ay makita ko siyang mabinyagan. Hindi ko alam kung mangyayari iyon, pero namamangha pa rin ako sa tulong ng Ama sa Langit na magkasalubong ang aming landas. Pinasasalamat ko Siya sa pagdinig sa aking panalangin at pagkakaloob sa akin ng simpleng pagkakataong maibahagi ang Aklat ni Mormon. ■
Joni Hilton, California, USA

PAGTITIIS:

Higit pa sa Paghihintay

Ni Hillary Olsen

“**S**ister Olsen, binabasbasan ka namin ng pagtitiis.” Hindi ang mga salitang iyon ang gusto kong marinig. Buong araw akong nagdarasal na magkaroon ng sapat na pananampalataya para gumaling. Sa basbas, ipinangako sa akin na gagaling ako kalaunan, ngunit tiniyak sa akin na matatagalan ito.

Napabuntung-hininga ako matakapos akong bigyan ng basbas ng mga elder. Tatlong buwan na lamang ang natitira sa misyon ko, at gusto kong makasalamuha ang mga tao—hindi narito sa higaan at maysakit. Gusto kong tanggapin ang kalooban ng Panginoon, pero talagang hindi ko maunawaan kung bakit kailangan Niya akong paghintayin.

Ilang araw pa ang lumipas bago ko natanggap ang aking kalagayan. Tinanggap ko na sa sarili ko ang katotohanan na hindi ako kaagad gagaling, ngunit miserable ako noong panahon na iyon—hanggang sa isang

Ang pagtitiis ay hindi madaling matutuhan, ngunit sulit ito.



araw binasa ko ang mga banal na kasulatan. Kalaunan, natagpuan ko ang kapayapaan na kailangan ko sa Santiago 1. Nahanap ni Joseph Smith ang kanyang sagot sa talata 5—ang akin ay sa mga talata 2–4:

“Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo’y mangahulog sa sarisaring tukso [binago ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang “sarising tukso” sa “maraming paghihirap”];

“Yamang nalalaman na ang pagsukob sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis.

“At inyong pabayaang na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo’y maging sakdal at ganap, na walang anomang kakulangan.”

Habang binabasa ko ang mga talatang iyon, hindi ko masasabi na biglang “tinanggap ko nang buong kagalakan” na maysakit ako, pero may natutuhan ako na nakatulong sa akin na hindi gaanong madama na miserable ang kalagayan ko.

Ang katotohanang hindi ako agad gumaling ay hindi nangangahulugang wala akong pananampalataya, at hindi ito nangangahulugan na hindi nagmamalasakit sa akin ang Panginoon—sa katunayan, kabaligtaran pa nga nito. Ang Panginoon ay lubos na nagmamalasakit kaya sinubukan ang pananampalataya ko sa pamamagitan ng hindi agad pagpapagaling sa akin para matuto akong magtitiis.

Natanto ko na nais ng Panginoon na matuto akong magtitiis dahil ito ay mahalagang katangian. Ang pagtitiis ay nagdadalisay sa atin. Ang pagtitiis

ay nakakatulong sa akin na maging mas higit na katulad ng Tagapagligtas. May mahahalagang responsibilidad ako bilang full-time missionary, ngunit natanto ko na kapag tungkol na sa paglilingkod sa Panginoon, nagma-malasakit Siya nang labis sa tao gayon din sa gawaing dapat gawin. Tinuruan ako ng Panginoon na magtitiis upang maging mas mabuti at mas mahusay na missionary sa mga huling buwan ko sa misyon.

Ang ipinangakong paggaling ko ay dumating din, ngunit ang aral na natutuhan ko sa pagtitiis ay hindi natapos doon. Maraming pagpapala sa ating buhay—kasal, trabaho, mga anak, pisikal o emosyonal na kalusugan, mga sagot sa panalangin—ang hindi dumarating kaagad kapag inaasam natin ang mga ito. Kapag naranasan ninyo na naantala ang mga sagot sa inyong mga panalangin, at malamang na ganito nga, magtitiis nang nagtitiwala sa Panginoon at sa Kanyang takdang panahon. Pagpapalain nito ang inyong buhay.

Pananaw tungkol sa Pagtitiis

Umuwi ako mula sa sa aking misyon sa pag-aakalang natutuhan ko na ang pagtitiis. Gayunpaman, ang isang bagay tungkol sa pagtitiis ay hindi ito isang aral na natututuhan natin nang minsanan lang. Si Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagbigay ng mensahe tungkol sa pagtitiis, at binasa ko ito sa unang pagkakataon pagkaraan ng isang nakapanlulumong pakikipaghiwalay

sa kadeyt ko. Nasaktan ang puso ko at medyo nawalan ng pag-asa, at sa pagkakataong iyon, ang huling bagay na naisip ko na kailangan ko ay ang ang paalala na maging magtitiis. Gayunman, nakakatuwa na ang pagkaunawa ni Elder Maxwell tungkol sa pagtitiis ay nagturo sa akin ng matinding konsepto na lubos na nagpabago (mul) sa aking pananaw at tinulungan akong muling magtitiis.

Ang Pagtitiis ay Hindi Pagsuko

Halimbawa, natutuhan ko na ang pagtitiis ay hindi nangangahulugang pagkibit-balikat at pagsuko na umasa. Itinuro ni Elder Maxwell: “Ang pagtitiis ay hindi pagwawalang-bahala. Katunayan, ibig sabihin nito ay lubos na pagtutuon ng pansin ngunit nakahandang pasakop sa Panginoon at sa tinatawag ng mga banal na kasulatan na ‘ayon sa takdang panahon.’”¹ Akala ko noon ang pagtitiis ay hindi aktibong pagtugon sa mga karanasan sa buhay, na parang pagsuko ito. Ngunit ang pagtitiis ay hindi pagsuko. Ang pagtitiis ay pagpapakita ng tibay ng loob at katapatan sa Panginoon.

Ang Pagtitiis ay Pagtitiwala, Hindi Pagkabalisa

Itinuro din ni Elder Maxwell: “Ang pagtitiis ay pagiging handa, sa isang banda, upang masdan ang paghahayag ng mga layunin ng Diyos nang may paghanga at pitagan, sa halip na pagkabalisa sa ating kalagayan. Sa madaling salita, ang labis na kasabikan o pagmamadaling buksan ang oven ay hindi nagpapaalsa sa tinapay. Gayundin tayo. Kung lagi nating

sinusuri ang ating sitwasyon kung masaya tayo, hindi tayo magiging masaya.”² Ang ideyang ito ay talagang tumimo sa puso ko (at hindi lamang dahil ako’y mainiping panadero). Nakakapanghina ng loob kapag nabigo ang ating mga plano o hindi nangyari ang ating inaasahan. Sa ating mga mortal na isipan, ang takdang panahon ng Diyos ay maaaring mahirap maunawaan. Ngunit ang *maaari* kong maunawaan ay ang Diyos ay isang mapagmahal na Ama na may plano na titiyak sa ating kaligayahan kalaunan kung tayo ay tapat, at natututo akong tanggapin ang Kanyang takdang panahon nang may tiwala—hindi nang may pagkabalisa.

Hindi Ito Laging tungkol sa Atin

Dahil sinusubukan tayo ng pagtitiis sa napakapersonal na paraan, nakatuon tayo kadalasan sa ating sarili. Ngunit itinuro ni Elder Maxwell na “tinutulungan din tayo ng pagtitiis na matanto na kahit handa na tayong magpatuloy, dahil nagkaroon ng sapat na natutuhan mula sa karanasan, ang patuloy na presensya natin ay madalas na kailangan bilang bahagi ng kapaligiran sa pagkatuto ng iba.”³ Hindi lamang natin kailangang magtitiis, kundi kailangan din ng iba ang ating pagtitiis o ang halimbawa ng ating pagtitiis. Hindi ko kailanman

naisip ang ideyang ito, at nakatu-long ito na maituring ko ang pagtitiis bilang isang marangal na katangian, na tunay na nakaugnay sa pag-ibig sa kapwa-tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, na “kailanman ay hindi nagkukulang” (Moroni 7:46).

Higit pa sa Paghihintay

Kahit mayroon na tayong tamang pananaw, mahirap maghintay. Ngunit natutuhan ko na ang pagtitiis ay higit pa sa paghihintay. Natutuhan ko ito mula sa kapatid kong si Andrew at sa kanyang asawang si Brianna, sa pagharap nila sa problema na hindi sila magkakaanak. Bagama’t nawalan sila ng pag-asa nang malaman nila na hindi sila magkakaanak, nakakita sila ng bagong pag-asa sa pamamagitan ng pag-aampon—ngunit nangangahulugan pa rin iyon na maghihintay pa rin sila.

Atubili akong gamitin ang salitang *maghintay* kapag tinutukoy ko sila dahil madalas ang ibig sabihin ng salitang iyan ay hindi ka kikilos. Para sa kanila, ang paghihintay ay hindi pag-aaksaya ng panahon hanggang sa dumating ang batang aampunin—ang pagtitiis ay higit pa riyon.

Sinabi ni Andrew, “Halos lahat sa pag-aampon ay nasa kamay ng Panginoon, wala sa atin. Pero maganda


sa pakiramdam na nagsikap kami-ming matamo ang aming mithiin na magkaroon ng mga anak sa aming pamilya.” Sa pamamagitan man ng pag-blog, pagbabahagi ng kanilang contact information sa mga kaibigan at pamilya, o pakikibahagi sa mga lokal na grupo ng mga nag-aampon na mga magulang, sinikap nilang “gawin ang lahat ng bagay sa abot ng [kanilang] makakaya” (D at T 123:17), at pagkatapos ay nagtiwala sila sa Panginoon.

Matapos ang ilang taong paghihintay at pagdarasal, sila ay nakapag-aampon ng isang magandang sanggol na babae na nagngangalang Jessica. Habang karga nila siya, ang mga taong puno ng kalungkutan at pagkabigo ay napawing lahat. Para sa kanila, siya ay isang himala.

Limang taon na ngayon ang lumipas mula nang ampunin nila si Jessica, at nitong huling apat na taon, sinisikap nilang mag-aampon ng isa pang bata. Ang paghihintay ay nagsimulang muli. Sinabi ni Brianna sa akin, “Palaging ipinapaalala sa amin ng mga tao na kapag para talaga sa aming pamilya ang bata ay darating ito. Alam namin na tama sila, ngunit alam din namin na hindi lang kami basta mauupo at maghihintay. Kailangang manampalataya kami na mangyayari ito ngunit kailangan ding kumilos, mamuhay nang matwid, magplano para sa aming kinabukasan, magkatuwaan, magsaya nang magkakasama.”

Mahirap maghintay, pero itinuro sa akin nina Andrew at Brianna na piliing maging maligaya ngayon. Madaling isipin na, “Magiging masaya ako kapag _____,” ngunit pinalalampas natin ang pagkakataong ibinibigay ng buhay sa pagpapaliban





Ang mga salita ng Tagapagligtas, na sinambit sa Halamanan ng Getsemani, ay sumasagisag sa pagtitiis.

Talagang nagbago ang aking pananaw tungkol sa pagtitiis nang maging adult na ako. Ang pagtitiis ay isang proseso, at palagi akong matututo. Bagama't mahirap *ang* maghintay, natuto akong “ariin [ito nang] buong kagalakan” kapag sinusubukan ang aking pagtitiis—hindi dahil sa nasisiyahan ako sa hirap na nararansan ko, kundi dahil alam ko na may maluwalhating layunin ito. Alam ko na “ang pagtitiis ay may sakdal na gawain” ay bahagi ng pagsasakatuparan ng aking layunin dito sa lupa na balang-araw ay magiging “sakdal at ganap, na walang anomang kakulangan” (Santiago 1:4). ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. Neal A. Maxwell, “Patience” (Brigham Young University devotional, Nob. 27, 1979), 1, speeches.byu.edu.
2. Neal A. Maxwell, “Patience,” 2.
3. Neal A. Maxwell, “Patience,” 3.
4. “Pumayapa, Aking Kaluluwa,” *Hymns*, no. 71.

ng ating kaligayahan. Kahit kung minsan ay kailangan nating isantabi ang ating mga hangarin para gawin ang kalooban ng ating Ama, hindi ibig sabihin niyan ay kailangan din nating isantabi ang ating kaligayahan. Ang Kanyang pagmamahal ay nagbibigay ng lakas, nagpupuno sa kahungkagan, at nagbibigay ng pag-asa.

Ang Halimbawa ng Pagtitiis ng Tagapagligtas

Ang Tagapagligtas ang ating pinakadakilang halimbawa ng pagtitiis. Para sa akin, ang mga salitang Kanyang sinambit sa Halamanan ng Getsemani ay sumasagisag sa Kanyang pagtitiis. Sa gitna ng hindi mailarawang pagdurusa at sakripisyo, hiniling Niya na, kung maaari, ang saro ng Kanyang pagdurusa ay lumampas sa Kanya. “Gayon ma’y,” sinabi Niya, “huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo”

(Mateo 26:39). Ang salitang *gayon pa ma’y* ay nagtataglay ng napakagandang mensahe. Sa kabila ng kung ano ang talagang gusto ng Tagapagligtas sa sandaling iyon, ipinahayag Niya ang Kanyang kahandaang tanggapan ang kalooban ng Kanyang Ama at magtiis.

Tayong lahat ay hihilingang maghintay para sa mga bagay sa ating buhay—kahit lubos na matwid ang hangarin ng ating puso. Ngunit si Jesucristo, na “tapat magpakailanman,”⁴ ay papanatagin tayo at muling titiyakin sa atin ang mabubuting bagay na darating. At pagtitiisan Niya tayo nang buong giliw habang natutuhan nating maging katulad Niya, habang natutuhan nating harapin ang mga inaasahan at di-inaasahang pangyayari sa buhay na ito at sabihin sa ating Ama, “Gayon ma’y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.”



PASALAMATAN SIYA PARA SA PAGTITIIS

“Kung nagdarasal kayo, kung kinakausap ninyo ang Diyos, at kung sumasamo

kayo sa tulong na kailangan ninyo, at kung pinapasalamat ninyo siya hindi lamang sa tulong kundi para sa pagtitiis at kahinahunan na nagmumula sa hindi kaagad pagtanggap o marahil hindi kailanman ng lahat ng nais ninyo, sa gayon ipinapangako ko sa inyo na kayo ay mas mapapalapit sa kanya.”

Pangulong Henry B. Eyring, *Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Waiting upon the Lord,”* (Brigham Young University devotional, Set. 30, 1990), 4, speeches.byu.edu.



Misyon o Pera?

Geizcke Felix Nogueira

Isang taon matapos maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ipinasa ko ang mga papeles ko sa paglilingkod sa full-time mission. Tutol na tutol ang pamilya ko sa pagmimisyon ko at inisip nila na sa halip ay dapat akong kumuha ng master's degree. Katatapos ko lang ng aking bachelor's degree, at noon pa man ay pangarap ko nang kumuha ng master's degree kapag nakatapos ako. Handa ring tumulong sa akin ang mga propesor ko dahil magaling akong estudyante.

Habang naghahanda akong magmisyon, nagipit sa pera ang pamilya ko. Nawalan ng trabaho ang kuya ko. Hindi naglaon ay nalugi pa ang kumpanyang matagal nang pinagtatrabahuhan ng tatay ko, at natanggal siya sa trabaho. Nagamit ni Itay ang lahat ng kanyang benepisyo mula sa gobyerno para tulungan ang lola ko, at isang gabi nakita ko siyang umiiyak dahil hindi niya alam kung paano masusupportahan ang pamilya.

Walang anumang halagang makakatumbas sa pagpapalang makita na naghahanda ang mga pamilya na makapunta sa templo at mabuklod.

Sa panahong iyon, tumatanggap ako ng university scholarship na katumbas halos ng kalahati ng minimum wage. Kapag natanggap ko na ang bayad sa akin, lagi kong inuunang bayaran ang aking ikapu. Ngunit nang matanggap ko ang pinakahuling bayad sa akin matapos mawalan ng trabaho si Itay, hiniling ni Inay na huwag na akong magbigay ng pera sa Simbahan dahil kailangan iyon ng pamilya namin. Sinabi ko sa kanya ang

tungkol sa ikapu at ang kahalagahan nito at ipinakita ko sa kanya ang pangako ng Panginoon sa Malakias 3:10. Kahit hindi siya masaya, nagbayad ako ng ikapu at alam ko na tama iyon.

Habang patuloy akong naghahanda sa misyon ko, pumasok ako sa isang kompetisyon sa isang lokal na unibersidad para lang makita kung hanggang saan ang kakayahan ko. Pumasa ako at inalok ng isang katumungkulan kung saan kikita ako nang halos katulad ng suweldo ni Itay sa kanyang trabaho. Sasapat iyon para suportahan ang pamilya ko hanggang sa puwede nang magretiro si Itay. Umasa ang pamilya ko na tatanggapin ko ang trabaho.

Nagdasal ako nang husto, at sumagot ang Panginoon na kailangan kong magmisyon. Nagtiwala ako sa Kanya at tinanggap ko ang tawag na magmisyon sa Brazil Santa Maria Mission. Pinagpala ng Panginoon ang pamilya ko habang nasa misyon ako. Alam ko na nabuksan ang mga



dungawan sa langit (tingnan sa Malakias 3:10). Muling nakakita ng trabaho ang tatay at kuya ko, at nakapag-alaga ng mga baka ang pamilya ko para pandagdag-kita.

Lumakas ang patotoo ko kay Jesucristo at sa Kanyang gawain, at ang makita ang galak sa mga mukha at ang pagbabago sa puso ng mga taong pinaglingkuran ko ay isang bagay na napakahalaga sa akin. Walang halagang makakatumbas sa pagpapalang makita na naghahanda ang mga pamilya na makapunta sa templo at mabuklod. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Ceará, Brazil.



IKAPU: ISANG PAGSUBOK SA ATING PANANAMPALATAYA

“Mahal kong mga kapatid, ang mga walang hanggang pagpapala ng ikapu ay totoo. Dinanas ko na ang mga ito sa buhay ko at ng aking pamilya. Ang pagsubok sa ating pananampalataya ay kung ipamumuhay natin ang batas ng ikapu

sa ating pagsunod at sakripisyo. Dahil, sa mga salita ni Propetang Joseph Smith, ‘ang relihiyong hindi nangangailangan ng sakripisyo ng lahat ng bagay ay walang sapat na kapangyarihang magbunga ng pananampalatayang kailangan sa buhay at kaligtasan kailanman’ (Joseph Smith, *Lectures on Faith* [1985], 69).”

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ikapu: Pagsubok sa Pananampalataya na may mga Walang Hanggang Pagpapala,” *Liahona*, Nob. 2002, 29.

Ipalaganap sa mundo ang mga mensaheng puno ng kabutihan at katotohanan.





**Ni Elder
David A. Bednar**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

PUNUIN ANG MUNDO

sa pamamagitan ng *Social Media*

Nabubuhay tayo sa isang tunay na kakaibang dispensasyon.

Ang dispensasyon ng ebanghelyo ay isang panahon kung saan matatagpuan sa mundo ang kinakailangang awtoridad ng priesthood, mga ordenansa, at kaalaman sa doktrina upang maisagawa ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Kanyang mga anak. Mahalaga sa pagtatatag ng isang dispensasyon ang isang awtorisadong lingkod ng Diyos, isang pinuno ng dispensasyon, na nagtataglay at gumagamit ng awtoridad at mga susi ng banal na priesthood. Ang mga dispensasyon ng ebanghelyo ay itinatag sa pamamagitan ni Adan, Enoc, Noe, Abraham, Moises, Jesucristo, Joseph Smith, at iba pa. Sa bawat dispensasyon ang katotohanan ng ebanghelyo ay muling inihahayag—o ibinibigay—nang sa gayon ang mga tao sa panahong iyan ay hindi lubos na umasa sa nakaraang mga dispensasyon para sa kaalaman tungkol sa plano ng Ama sa Langit.

Nagkaroon ng apostasiya mula sa katotohanan sa bawat nagdaang dispensasyon. Gayunman, ang gawain ng kaligtasan na nagsimula pero hindi natapos sa mga naunang panahon ay nagpapatuloy hanggang sa huling dispensasyon. Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith na dahil dito, ang pagsulong ng kaluwalhatian sa huling araw, maging ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon, “ay gawain na bumighani sa mga tao ng Diyos sa bawat panahon; ito ay paksang binigyang-diin ng mga propeta, saserdote at hari nang may kakaibang galak; inasam nila nang may galak ang ating panahon; at sa alab ng makalangit at masayang pag-asam sila ay umawit at sumulat at nagpropesiya tungkol sa ating panahon.”¹

Sa pinakadakila at huling dispensasyong ito ng ebanghelyo, “isang buo at husto at ganap na pagsasanib, at pag-uugnay na magkakasama ng mga dispensasyon, at

mga susi, at mga kapangyarihan, at mga kaluwalhatian ay dapat mangyari, at ipahahayag mula sa mga araw ni Adan maging sa kasalukuyang panahon. At hindi lamang ito, kundi pati na yaong mga bagay na hindi pa ipinahahayag mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, subalit maingat na itinago mula sa matatalino at marurunong, ipahahayag . . . dito, sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon” (D at T 128:18).

Ang Dispensasyon ng Kaganapan ng Panahon at Teknolohiya

Mapalad tayong mabuhay, matuto, at maglingkod sa lubos na kagila-gilalas na dispensasyong ito. Ang isang mahalagang aspeto ng kaganapan na makukuha natin sa espesyal na panahong ito ay ang mahimalang pag-unlad ng mga inobasyon at imbensyon na nagbigay kakayahan at nagpabilis sa gawain ng kaligtasan: mula sa tren, telegraph, radyo, kotse, eroplano, telepono, transistor, telebisyon, computer, satellite transmission at internet—at sa halos walang katapusang listahan ng teknolohiya at kasangkapan na magpapala sa ating buhay. Lahat ng pag-unlad na ito ay bahagi ng pagpapabilis ng Panginoon sa Kanyang gawain sa mga huling araw.

Noong 1862 sinabi ni Pangulong Brigham Young (1801–77): “Lahat ng pagtuklas sa siyensiya at sining, na tunay at kapaki-pakinabang sa sangkatauhan ay ibinigay sa pamamagitan ng tuwirang paghahayag mula sa Diyos, bagamat iilan lamang ang kumikilala dito. Ito ay ibinigay na ang layon ay ihanda ang daan para sa ganap na tagumpay ng katotohanan, at ang pagtubos ng mundo mula sa kapangyarihan ng kasamaan at ni Satanas.”²

Mangyaring isipin ngayon ang mga salita ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), na binanggit noong 1974,

nang ilarawan niya ang mangyayari sa gawaing misyonero sa hinaharap:

“Naniniwala ako na masayang maglalaan ang Panginoon sa atin ng teknolohiya na halos hindi maiisip natin na mga pangkaraniwang tao. . . .

“Sa pagbibigay ng Panginoon ng mga himalang ito ng pakikipag-ugnayan, at sa dagdag na pagsisikap at katapatan ng ating mga missionary at nating lahat, at ng lahat ng iba pa na ‘isinugo,’ tiyak na maisasakatuparan ang banal na kautusang na ito: ‘Sapagkat, katotohanan, ang tunog ay kinakailangang humayo mula sa lugar na ito hanggang sa buong daigdig, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo—ang ebanghelyo ay dapat na maipangaral sa bawat kinapal’ (D at T 58:64).”³

At noong 1981 itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): “Tiwala tayo na habang lumalaganap ang gawain ng Panginoon, bibigyang-inspirasyon niya ang mga tao na magkaroon ng mga paraan kung saan ang mga miyembro ng Simbahan, saanman sila naroon, ay mapapayuhan sa magiliw at personal na paraan ng kanyang hinirang na propeta.”⁴

Ang mga mensahe at larawang dating naipapadala at natatangap sa loob ng ilang araw, linggo, at buwan ay maipaparating na sa buong mundo nang ilang segundo lamang. Salamat, O Diyos, sa aming mga propeta na nagturo at naghanda sa atin para sa panahong ito na nabubuhay tayo—at na naghikayat sa atin na gamitin ang teknolohiya para suportahan ang patuloy na misyon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.⁵

Pinabibilisan ng Panginoon ang Kanyang gawain, at hindi nagkataon lamang na ang kapaki-pakinabang na mga inobasyon at imbensiyong ito sa komunikasyon ay nangyari sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon. Ang mga social media channel ay kasangkapang magagamit ng buong mundo na personal at positibong makakaapekto sa maraming tao at pamilya. At naniniwala ako na dumating na ang panahon para sa atin bilang mga disipulo ni Cristo na gamitin ang mga inspiradong kasangkapang ito nang tama at mas epektibo upang patotohanan ang tungkol sa Diyos Amang Walang Hanggan, ang Kanyang plano ng kaligayahan para sa Kanyang mga anak, at Kanyang Anak na si Jesucristo, bilang Tagapagligtas ng mundo; upang maipahayag ang katotohanan ng Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw; at magawa ang gawain ng Panginoon.

May ilang mahahalagang tuntunin na dapat sundin kapag ginagamit natin ang social media para ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo:

1. Maging Totoo at Tapat

Una, tayo ay mga disipulo at dapat ay totoo ang ating mga mensahe. Ang isang tao o produkto na hindi totoo ay mali, huwad, at madaya. Ang mga mensahe natin dapat ay totoo, tapat, at tumpak. Hindi tayo dapat magmalabis, magpasobra, o magkunwaring ibang tao o isang bagay na hindi naman totoong tayo. Ang ating mensahe dapat ay mapagkakatiwalaan at makabuluhan. At ang hindi pagpapakilala sa Internet ay hindi nagbibigay sa inyo ng karapatan na magkunwari.

Ang pagiging totoo ay napag-iibayo ng pagiging tapat. Ang mga mensahe ng ebanghelyo na ibinabahagi ninyo ay mas madaling tanggapin kung ang inyong halimbawa na katulad ng kay Cristo ay nakikita sa inilalagay ninyo sa inyong social media post.

Si Sister Bonnie L. Oscarson ay matinding halimbawa ng pagiging totoo sa social media. Nang tawaging maglingkod bilang Young Women general president noong Abril 2013, dumoble sa loob ng isang araw ang kanyang mga tagasunod sa kanyang Pinterest account. Ang huling pins ni Sister Oscarson sa Pinterest ay naglaan ng maraming katibayan ng kanyang integridad, na humimok sa isang blogger na magtanong sa lahat ng, “Ang inyo bang Pinterest page ay pasado sa test ni Bonnie Oscarson? . . . Ano ang iisipin ng tao sa inyo kung ang alam lang nila tungkol sa inyo ay ang nakikita lang nila sa inyong social media page?”⁶

2. Nagpapasigla at Naghihikayat

Pangalawa, tayo at ang mga mensahe natin ay dapat magpasigla at maghiikayat sa halip na nakikipagtalo, nakikipagdebate, nanghuhusga, o nanghahamak.

Ibahagi ang ebanghelyo nang may tunay na pagmamahal at malasakit sa iba. Maging matapang at malakas ang loob, ngunit hindi mayabang sa pagtataguyod at pagtatanggol sa ating mga paniniwala, at iwasang makipagtalo. Bilang mga disipulo, ang dapat na layunin natin ay gamitin ang mga social media channel bilang kasangkapan sa pagpapakita ng liwanag at katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa mundo na lalo pang napupuno ng kadiliman at pagkalito.



Pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain, at hindi nagkataon lamang na ang kapaki-pakinabang na imbensyong ito sa komunikasyon ay nangyari sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon.

HALIMBAWA NG MGA PROYEKTO SA SOCIAL MEDIA

Narito ang ilang halimbawa ng mga mensahe ng ebanghelyo at mga larawan na nilikha ng Simbahan at ng mga miyembro nito at ipinarating sa buong mundo sa pamamagitan ng social media.



1. **Dahil sa Kanya.** Isang maikling video na gawa ng Simbahan na ipinapakita ang tunay na kahulugan ng Pasko ng Pagkabuhay. Ito ay pinanood nang mahigit limang milyong beses sa linggo ng Pasko ng Pagkabuhay

noong nakaraang taon sa 191 bansa at teritoryo. Gamit ang kasamang #BecauseofHim hashtag (isang bagay na ginagamit upang tukuyin ang kaugnayan na mga mensahe sa social media), ipinarating ng mga miyembro at iba pa ang marami sa kanilang sariling kaisipan at mga larawan tungkol sa Taga-pagligtas at Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli sa maraming social channel at lugar, kabilang na ang Facebook, Twitter, at Instagram. Tingnan ito sa lds.org/media-library/video/topics/easter.



2. **Naisip Bang Manalangin?** Ang mga miyembro ng Simbahan at iba pa ay naglathala ng mahigit 300 retrato ng kanilang sarili sa Instagram, Facebook, Twitter, at iba pang social channel na kinumpleto ang mga

katagang “Nagdarasal ako kapag...” Bukod pa rito, libu-libong tao ang gumamit ng #DidYouThinktoPray hashtag upang ibahagi ang nadarama nila kung kailan at bakit sila nagdarasal sa kanilang Ama sa Langit. Ang mga simpleng gawaing ito ay humantong sa mahigit 40,000 pag-uusap tungkol sa pangangailangan sa panalangin. Tingnan sa mormonchannel.org/watch/collection/mormon-channel-videos/i-pray-when-didyouthinktopray.



3. **Aklat ni Mormon 365.** Isang Instagram account na nilikha ng isang mag-asawa mula sa Arizona, USA, na nag-post ng reading assignment mula sa Aklat ni Mormon araw-araw. Ang assignment ay nahahati


sa 365 piraso—tamang-tama ang laki para mabasa ng mga follower ang buong Aklat ni Mormon sa isang taon. Ang account na ito ay sinusubaybayan ngayon ng mahigit 45,000 katao, na marami sa kanila ang aktibong nagbabahagi ng kanilang mga ideya at impresyon sa magkakasabay na pagbabasa nila ng Aklat ni Mormon.



4. **General Authority Social Media**

Account. Noong nakaraang tag-init lumikha ang Simbahan ng opisyal na Instagram account. Ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang

Apostol ngayon ang siya nang pumipili ng kanilang sariling retrato para mai-post. Ilan sa mga Kapatid ngayon ang may sarili nang Twitter account. Lahat ng mga Kapatid ay may kani-kanya na ring Facebook page kung saan ipinaparating nila ang mahahalagang mensahe ng ebanghelyo. Hanapin ang kanilang mga page sa lds.org/media-library/social.



5. **#LDSconf.** Ang #LDSconf hashtag, na nakadispley ngayon sa ibabang kaliwang sulok ng screen sa mga brodkast ng pangkalahatang kumperensya, ay nilikha noong Oktubre 2008 ng isang

tapat na miyembro na naghahanap ng pagkakataon na masubaybayan at maibahagi ang mga bagay-bagay sa kumperensya sa twitter—bago pa nagsimula ang Simbahan na gamitin ito. Libu-libong miyembro ang nakibahagi sa #LDSconf hashtag conversation tungkol sa payo mula sa buhay na mga propeta at apostol, at sa pamamagitan nito milyun-milyong tao sa buong mundo ang napapalakas ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya.



6. **Meet the Mormons.**

Isang pelikula na gawa ng Simbahan para tulungan ang mga hindi miyembro na mas maunawaan tayo bilang mga tao. Ang pelikulang ito ay tumatalakay

sa karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa ating mga paniniwala at binibigyang-diin ang mga pagpapalang nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pelikula ay mapapanood sa DVD, sa mga visitors' center, sa Internet movie channels, at sa social media channels. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa meetthemormons.com. Ang pelikulang ito ay isa pang paraan para maibahagi ng mga miyembro ang kanilang mga paniniwala sa pamilya at mga kaibigan sa simple at epektibong paraan.



Pinapayuhan ko kayo na palaganapin sa mundo ang mga mensahe na puno ng kabutihan at katotohanan—mga mensa-heng totoo, nagpapasigla, at maipagkakapuri.

3. Igalang ang Intellectual Property

Pangatlo, tayo at ang mga mensahe natin ay dapat na gumagalang sa pag-aari ng ibang tao at organisasyon. Ibig sabihin nito hindi kayo dapat lumikha ng sarili ninyong content gamit ang sining, pangalan, retrato, musika, video, o iba pang content ng ibang tao nang walang pahintulot. Ang content sa Media Library sa LDS.org, maliban kung iba ang nakasaad, ay inapubahang gamitin ng mga miyembro nang hindi na kailangan pang humingi ng pahintulot mula sa Simbahan. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa paggamit ng media ng Simbahan ay matatagpuan sa social.lds.org.

Kapag nagbabahagi kayo ng mga mensahe online, tiyakin na nauunawaan ng iba na kayo ay nagpapahayag ng personal ninyong ideya at damdamin. Mangyaring huwag gamitin ang logo ng Simbahan o ipahiwatig sa anumang paraan na kayo ay nagsasalita bilang opisyal na kinatawan ng Simbahan.

4. Maging Matalino at Maingat

Pang-apat, maging matalino at maingat sa pagprotekta sa inyong sarili at sa mga taong mahal ninyo. Dapat nating tandaan na anuman ang ilagay ninyo sa Internet ay hindi lubusang naaalís. Katunayan, anumang ipinahayag ninyo sa pamamagitan ng social media channel ay mananatili roon magpakailanman—kahit nangako pa ang app o program na aalisin ito. Magsabi lamang kayo o mag-post kung gusto ninyong ma-access sa buong mundo ang inyong mensahe o larawan sa lahat ng panahon.

Ang pagsunod sa mga simpleng tuntuning ito ay magtututol sa mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo na makalikha at maibahagi ang mga mensahe ng ebanghelyo na magiging dahilan upang ang liwanag ay “magningning mula sa kadiliman” (Mormon 8:16).

Paanyaya ng Isang Apostol

Ang nagawa na sa dispensasyong ito sa pagbabahagi ng mga mensahe ng ebanghelyo sa pamamagitan ng social media ay isang magandang simula—ngunit isang maliit na patak pa lamang. Ngayon inaanyayahan ko kayo na tumulong na gawing malaking baha ang isang patak. Simula sa araw na ito, pinapayuhan ko kayo na ipalaganap sa mundo ang mga mensaheng puno ng kabutihan at katotohanan—mga mensaheng tunay, nagpapasigla, at maipagkakapuri—at literal na paabutin sa buong mundo gaya ng isang baha (tingnan sa Moises 7:59–62).

Dalangin ko na hindi lamang tayo makikibahagi sa isang biglaang pagtaas ng pagbaha at pagkatapos ay mabilis din ang paghupa. Hindi ko iminumungkahi ang minsanang pagsisikap kung saan agad tayo lumilipat sa susunod na nating gawain sa ebanghelyo. Hindi natin kailangang maging eksperto o panatiko sa paggamit ng social media. At hindi natin kailangang mag-ukol ng napakaraming oras sa paggawa at pagpapalaganap ng detalyadong mga mensahe.

Isipin ang magiging impluwensya natin kapag libu-libo at milyun-milyong miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon ang mag-aambag sa tila maliliit na paraan para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Nawa ang ating maraming maliit at indibiduwal na pagsisikap ay magbunga ng patuloy na pagbuhos ng kabutihan at katotohanan na unti-unting magiging napakaraming batis at ilog—at sa huli ay nagiging isang malaking baha na lalaganap at aabot sa buong mundo. “Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliit na bagay nagmumula ang yaong dakila” (D at T 64:33).

Tayo ay pinagpala at pinagpapala sa napakaraming paraan; at siya na binigyan ng marami ay marami ang hihi-ngin. Dalangin ko na mas lubos ninyong maunawaan ang espirituwal na kahalagahan at pagpapala ng pamumuhay sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, na malinaw ninyong makita kapwa ang mga posibilidad at mga patibong ng kahanga-hangang mga teknolohiya na magagamit natin sa panahong ito, na maragdagan ang inyong kakayahang na gamitin ang mga kasangkapang ito nang angkop, at na makatanggap kayo ng inspirasyon at patnubay tungkol sa tungkuling dapat ninyong gampanan sa pagtulong na mapuno ang mundo gaya ng isang baha ng katotohanan at kabutihan. Kapag sumusulong kayo sa banal na gawaing ito, ipinapangako ko na pagpapalain kayo sa buhay na ito sa indibiduwal, partikular, at mahalagang paraan na maghahanda sa inyo sa kawalang-hanggan. ■

Mula sa mensaheng ibinigay noong Agosto 19, 2014, sa Campus Education Week sa Brigham Young University.

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 215.
2. *Discourses of Brigham Young*, pinili ni John A. Widtsoe (1954), 18–19.
3. Spencer W. Kimball, “When the World Will Be Converted,” *Ensign*, Okt. 1974, 10–11.
4. Gordon B. Hinckley, “Faith: The Essence of True Religion,” *Ensign*, Nob. 1981, 5.
5. Tingnan sa “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15.
6. “Would Your Pinterest Page Pass the Bonnie Oscarson Test?” latterdaysaintwoman.com.

“Ikinasal sa templo ang mga magulang ko, pero ngayo’y nagdiborsyo na sila. Galit ako dahil sinira nila ang pamilya namin. Paano ko sila mapapatawad?”

Malungkot at mahirap ang diborsyo para sa lahat ng miyembro ng pamilya. Normal lang na magalit, mabigo, at masaktan. Gayunman, kapag mga negatibong damdamin ang pinairal mo hindi ka mapapayapa at mapapagaling. Manalangin sa Ama sa Langit na tulungan kang alisin ang mga mapanirang damdamin at maunawaan ang mga magulang mo. Unawain na sila rin ay nasasaktan.

Alalahanin na si Jesucristo—na nagdusa para sa lahat ng ating kalungkutan at kasalanan—ay handang patawarin ang bawat isa sa atin. Dapat din nating patawarin ang iba. (Tingnan sa talinghaga tungkol sa mga may utang sa Mateo 18:23–35.) Pasasalamat ka ng mga magulang mo kapag pinatawad mo sila. Kapag inalis mo at ng iyong mga kapamilya ang galit at paninisi, mapapalakas ang buong pamilya mo at mas madali nang matanggap ang sitwasyon. Yaong mga nagpapatawad ay “angat . . . sa mas mataas na antas ng paggalang sa sarili at kagalingan” (James E. Faust, “Ang Nakapagpapahilom na Kapangyarihan ng Pagpapatawad,” *Liahona*, Mayo 2007, 68).

Sa panahong ito ng pagsubok, mahalagang patuloy na patagin ang relasyon mo sa iyong pamilya, lalo na sa iyong mga magulang. Sa mga darating na panahon, masasandigan at mapapahalagahan mo ang mga relasyong iyon. Huwag hayaang hadlangan ng galit ang pagtibay ng mahahalagang relasyong ito.

Manalig sa plano ng Ama sa Langit para sa iyo at sa inyong pamilya. Maniwala na “lahat ng bagay . . . [ay] para sa iyong ikabubuti” (D at T 122:7). Maniwala na patuloy Niyang gagabayan at pagpapalain ang iyong buhay. Maniwala na maaari kang magkaroon ng masayang buhay-may-asawa balang araw at na ang Diyos ay maglalaan sa iyong pamilya sa buhay na ito at sa mga kawalang-hanggan.

Ang pagpapatawad ay isang proseso at kailangan ng panahon. Matiyagang pagsikapang mahalina, patawarin, at unawain ang mga magulang mo. Asamin ang kapayapaan at kaligayahang dulot ng pagpapatawad.

Ipagdasal na Makaunawa

Nang magdiborsyo ang mga magulang ko, nahirapan kaming magkapatid. Ilang taon ang lumipas bago ko napatawad ang tatay ko. Kinailangan kong pag-aralan ang mga banal na kasulatan at manalangin nang buong puso. Kumausap pa ako ng tagapayo. Pagkatapos ay ipinagdasal ko na maunawaan ang tatay ko. Naliwanagan ako, at naunawaan ko siya, at natulungan ako nitong mapagaling. Nagawa kong magpatawad, at nakalaya ako sa galit na umalipin sa akin nang mahabang panahon. Alam ko na ang Pagbabayad-sala ay totoo. Mahal tayo ng Panginoon at hinding-hindi tayo iiwang nagdadalamhati.

Hindi ibinigay ang pangalan



Magtiwala sa Ama sa Langit at Magpatawad

Naranasan ko ang sitwasyong ito, at alam kong mahirap. Mahalagang maunawaan na bagama’t hindi na mahal ng mga magulang mo ang isa’t isa, mahal ka pa rin nila dahil anak ka nila. Gayundin, magtiwala sa Ama sa Langit. Iniutos niya sa atin na patawarin ang lahat. Kilala ka Niya at may plano Siya para sa iyo. Kung patuloy tayong mamumuhay nang marapat, alam ko na maaari nating matanggap ang pangako na magiging walang-hanggan ang pamilya natin, hindi man gaanong matatag ang ating pamilya rito sa lupa.

Alisha M., edad 17, Texas, USA

Ipakita ang Pagmamahal Mo

Isipin kung gaano mo kamahal ang mga magulang mo. Alalahanin ang lahat ng masasayang sandaling kasama mo sila bago nangyari ito. Kuwentuhan sila tungkol sa mga sandaling ito at magplano na makasama ang nanay at tatay mo sa magkabukod na aktibidad. Makipaglaro ka sa kanila at ipakita mo sa kanila ang pagmamahal mo.

Sierra J., edad 15, Idaho, USA

**Sikapang Umunawa**

Sikapang ilagay ang sarili mo sa sitwasyon nila. Hindi magiging madali na patawarin sila kung hindi mo uunawain ang kanilang sitwasyon. Magtiwala na may plano ang Diyos para sa iyo at sa inyong pamilya at na may mga pagsubok tayo sa buhay na ito para tayo matuto at umunlad. Kung minsan hindi natin makokontrol ang ating sitwasyon, pero makokontrol natin ang ating pag-uugali. Bagama't maaaring mahirap, sikapang laging hanapin ang mabuti sa mga magulang mo at isipin kung paano ka makakatulong.

Elder Caten, edad 20, Argentina Córdoba Mission

**Magpatulong sa Iba**

Nalagpasan ko ang diborsyo ng mga magulang ko at napatawad ko sila sa tulong ng mga taong nakapaligid sa akin. Tinulungan ako aking mga kaibigan, lider, kapatid, at kapamilya sa lahat ng bagay. Nakapagpatulong ako sa buhay sa tulong ng lahat.

Geena C., edad 18, New Mexico, USA

**Kalimutan ang Hinanakit**

Ang paghihinanakit ay nakakasama at salungat sa mga turo ng Simbahan. Manalangin sa

Ama sa Langit, mag-ayuno, at basahin ang mga banal na kasulatan para makahanap ng sagot. Kung patuloy kang maghihinanakit, hinahayaan mong impluwensyahan at sirain ni Satanang ang pamilya mo dahil alam niya kung gaano kahalaga ang pamilya sa plano ng ating Ama sa Langit.

Carol M., edad 14, Honduras

Hangaring Sumaiyo ang Espiritu Santo

Una, walang sinuman sa atin ang perpekto, maliban sa ating Panginoong Jesucristo. Sisikapin kong tingnan ang sitwasyon ayon sa pananaw ng mga magulang mo. Pumili ng isang magandang pagkakataon na makausap sila. Huwag pulaan ang mga magulang mo dahil sa ginawa nila. Pangalawa, maraming tao na naghihinanakit kapag may ganitong mga pagsubok,

**NAGPAPAHILOM ANG PAGPAPATAWAD**

“Sa maraming pamilya, may mga hinanakit at

di pagpapatawad. Hindi na mahalaga kung ano ang naging sanhi ng hinanakit. Hindi maaari at hindi dapat pabayaang makapinsala pa ito. Ang paninisí’y nagpapanatili ng sugat. Pagpapatawad lang ang nakapagpapahilom.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Mga Nakatagong Kalso,” Liahona, Hulyo 2002, 20-21.

kaya sikapang sumaiyo ang Banal na Espiritu. Mag-aral ng mga banal na kasulatan at magdasal araw-araw.

Ashley P., edad 15, Utah, USA

SUSUNOD NA TANONG

“May kaibigan ako na ang pakiramdam ay wala siyang kaibigan sa simbahan maliban sa akin. Ano ang mai-tutulong ko sa kanya?”

Isumite ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Miyerkules, Setyembre 1, 2015, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paiklin o linawin pa ito.



**MGA ARALIN SA
ARAW NG LINGGO**
.....
Paksa sa Buwang Ito:
**Pag-aasawa at
Pamilya**

RESIPE

para sa isang Masayang Pamilya

Narito ang ilang paraan para mapalakas ninyo ang inyong pamilya.

Ni Mindy Anne Leavitt
Mga Magasin ng Simbahan

Sa listahan ng mahahalagang doktrina sa ebanghelyo ni Jesucristo, ang pamilya ay binibigyan ng mataas na prayoridad. Kayong mga kabataang babae ay palaging binibigkas ang inyong pangako na “palakasin ang tahanan at mag-anak,”¹ kayong mga kabataang lalaki ay inaanyayahang “gumawa ng listahan ng mga paraan na makatutulong [kayo] sa pagbubuo ng isang masayang tahanan,”² at ipinaalala sa mga kabataang lalaki at kabataang babae na: “Pagpapalain ang inyong pamilya kapag ginagawa ninyo ang inyong bahagi para patatagin ito.”³

Kaya ano ang pinakamainam na paraan para mapalakas ninyo ang inyong pamilya at makatulong kayo sa paglikha ng isang masayang tahanan? Nasa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” ang sagot! Ang mahalagang pahayag na ito ay naglalarawan kung bakit napakahalaga ng pamilya sa plano ng Ama sa Langit at kung ano mismo ang magagawa natin para mapalakas ang mga relasyon natin sa pamilya. Ipinaliliwanag

din nito kung paano magiging mas maligaya ang ating pamilya. Walang sikretong resipe—kundi mga pangunahing alituntunin lamang ng ebanghelyo na matagal nang itinuturo sa atin: “Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatag at pinanantili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan.”⁴

Ito na nga iyon—ang simpleng pormula para magkaroon ng masayang pamilya at mapatibay ang walanghanggang mga relasyon ninyo sa pamilya. Gayunpaman, hindi ibig sabihin niyan ay wala na kayong gagawin o pagsisikapan. Ngunit lahat ng pagsisikap ninyo para mapalakas ang pamilya ay tiyak na mas magpapasaya sa inyo—at sa kanila.

Narito ang ilang ideya kung paano maipapamuhay ang mga alituntuning ito.

PANANAMPALATAYA

- Makibahagi sa pampamilya at personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at sa family home evening.
- Gawing mithiin sa inyong pamilya na mas masunod ang isang kautusan, tulad ng batas ng ayuno o batas ng ikapu.
- Planuhin na sama-samang pakinggan ang darating na pangkalahatang kumperensya o pag-aralan ang mga nakaraang pangkalahatang kumperensya bilang pamilya.

PANALANGIN

- Makibahagi sa panalangin ng pamilya.
- Sa inyong personal na panalangin, ipagdasal ang bawat miyembro ng pamilya na binabanggit ang kanilang pangalan. Isipin ang kanilang mga pangangailangan kapag ipinagdarasal ninyo sila.

PAGSISISI

- Magsabi ng sori; sabihin ito nang madalas. At sabihin ito nang taos-puso.
- Alamin ang kahalagahan ng Pagbabayad-Sala ni Cristo at ng sakramento at ang tungkuling ginagampanan ng mga ito sa proseso ng pagsisisi.

PAGPAPATAWAD

- Maging mapagpakumbaba at tanggapin na lahat, maging mga magulang, ay nagkakamali.
- Isiping muli ang nagugustuhan ninyo sa mga taong nakasakit sa inyo.
- Manalangin na matulungan kayong mapatawad ang iba.

MGA KARANASAN NG MGA KABATAAN

Tinanong namin ang ilang kabataan kung paano nila ipinamumuhay ang mga alituntuning ito sa kanilang sariling pamilya. Narito ang sinabi nila tungkol sa kanilang mga karanasan:

PANANAMPALATAYA

Nagkusa akong ihanda ang susunod na dalawang family home evening, na nagtutuon sa pananampalataya. Nagsimula ako sa paghahanda ng mga lesson at sinikap kong matutuhan ang chords sa gitara ng mga awiting kankantahin namin.

Ang unang lesson ay tungkol sa panalangin. Itinanong ko kung ano ang mababago namin bilang pamilya para mapalakas ang aming pananampalataya. Sumagot sila, “Manalangin, mag-aral ng banal na kasulatan, mag-ayuno, magsimba,” at iba pa. Sumang-ayon kami na maraming magagawa para mapalakas ang pananampalataya, pero ang pinakamahalaga ay talagang gawin ito. Mahalaga na kumilos kayo upang mapalakas ang inyong pananampalataya.

Ang pangalawang lesson ay tungkol sa mga espirituwal na kaloob. Pinag-usapan namin ang pagkakaugnay ng pananampalataya at mga espirituwal na kaloob.

Ang family home evening namin na may temang pananampalataya ay naging matagumpay. May ilang bagay kaming pinagbuti sa aming pamilya; nagkatuwaan kami at hindi nagmadali para lang matapos ito. Sama-sama naming nadama ang Espiritu bilang pamilya.

Riza S., edad 16, Roskilde, Denmark

PANALANGIN

Nagpasiya akong ipamuhay ang aking relihiyon sa pamamagitan ng pagdarasal at paghiling sa Diyos na tulungan at gabayan ako. Noong una hindi ko alam ang epekto ng mga panalangin ko, pero pagkaraan ng ilang araw nakita ko na mas payapa kami sa bahay.

Kaya lang pagkaraan niyon ay sinubok ang pananampalataya ko. Nagkaroon ng matinding pinsala ang bunsong kapatid ko at kinailangang operahan, gayundin ang isa sa mga kaibigan ko, at ang nanay ko naman ay nagkaroon ng sakit sa lalamunan at mataas ang lagnat. Nawala ang katiwasayan sa paligid ko dahil sa mga nakapanlulumong sitwasyong ito. Napakalungkot ko pero patuloy pa rin akong nanalangin. Naisip ko ang paboritong tula ng lola ko, na nagsasabing mas alam ng Diyos ang lahat ng bagay kaysa sa atin at dapat tayong magtiwala sa Kanya. Kaya sinimulan

kong ipamuhay pang lalo ang aking relihiyon at gawin ang lahat ng kaya ko. Hindi nagtagal at nakalabas din ng ospital ang kuya ko. Maayos-ayos na ang lagay ng kaibigan ko kumpara sa dati. Gumaling na ang nanay ko.

Ngayon kapag nagdarasal ako para sa iba, nagdarasal ako nang mas may pagtutuon at pananampalataya kaysa rati. Dapat tayong manampalataya sa Diyos, lalo na kapag nahihirapan tayong maniwala sa Kanya at sa Kanyang mga plano, at huwag tayong magreklamo kailanman dahil alam Niya ang pinakamainam.

Jarom K., edad 18, Graz, Austria

PAGSISISI

Nalaman ko kung gaano kalaki ang epekto ng pagsisisi sa lahat ng bagay. Halimbawa, ilang buwan akong gumawa ng mga kasalanan na hindi ko pinagsisihan, at nahirapan na akong baguhin ang gawing ito. Pero matapos makipag-usap sa bishop at iba pang malalapit na kaibigan, nagawa kong magsisi at mas napalapit ako sa Diyos at naging masaya akong muli. Sa pagdarasal nang taimtim at pag-uukol ng maraming oras sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, napag-isip-isip ko na kailangan kong baguhin ang ilang aspeto ng buhay ko. Alam ko na ngayon kung gaano ako lumago dahil dito. Dahil sa karanasang ito naging mas malapit ako lalo na sa nanay at tatay ko.

Kahit may mga tukso pa rin akong nararanasan at nagagawang mga kasalanan, nahihikayat ako ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na magsisi at pag-isipang muli ang mga nagagawa ko araw-araw at sikapin

na laging magpakabuti. Walang hanggan kong pasasalamatang ang Pagbabayad-sala sa aking buhay.

Billy P., edad 17, Ipswich, England

GAWAIN

Yamang itinuturing ko ang family history na isang uri ng gawain, nagpasiya akong gumawa ng sarili kong family history book. Kaya tinipon ko ang lahat ng retrato ng mga miyembro ng pamilya ko. Ginawa ko iyon para makita ng mga anak ko at mga apo-sa-tuhod ang hitsura ng kanilang mga ninuno. At habang ginagawa ko ito, napakapayapa ng pakiramdam ko dahil alam kong hindi ko ginagawa ito para sa aking sarili, kundi ginagawa ko rin ito para sa darating na mga henerasyon.

Glory S., edad 18, Johannesburg, South Africa

Ang mga kabataan sa South Africa ay gumawa ng video tungkol sa kung paano nila ipinamumuhay ang alituntunin ng paggawain sa kanilang pamilya. Para mapanood ang kanilang video, tingnan sa artikulong ito sa liahona.lds.org.

KAPAKI-PAKINABANG NA MGA LIBANGAN NG PAMILYA

Noong una mahirap para sa akin na makasama ang mga kapatid ko sa kapaki-pakinabang na mga libangan. Pero nagbagong lahat iyon nang magpunta kami sa Blue Ridge Mountains. Ang mga dahon doon ay iba't iba ang kulay, at ang amusement park ay masayang pasyalan, pero dahil paminsan-minsan ay may masasakit na salitang maririnig, pagdaramot, at panunukso, madalas itong makawala ng gana. Bago kami umalis, inakyat namin



PAGGALANG

- Sundin ang inyong mga magulang.
- Huwag magsalita ng masama sa sinuman sa inyong pamilya.
- Hanapin ang magagandang katangiang nakita ninyo sa bawat miyembro ng pamilya. Sabihin sa kanila kung ano ang hinahangaan ninyo sa kanila.

PAGMAMAHAL

- Ipagdasal na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa—ang pagmamahal ng Tagapagligtas—para sa mga miyembro ng inyong pamilya.
- Maghanap ng mga paraan na mapaglingkuran ang inyong pamilya.
- Sumulat ng maiikling liham ng panghihikayat at pagmamahal. Itago ang mga ito sa lunch box, bag, o pitaka para makita ng mga kapamilya kalaunan.

HABAG

- Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na sabihin ang nararamdaman nila at sikaping unawain ang isa't isa.
- Panatagin ang isa't isa sa oras ng mga pagsubok at sikaping dalhin ang pasanin ng isa't isa (tingnan sa Mosias 18:8-9).

GAWAIN

- Magkusang ipagluto ng pagkain ang pamilya.
- Tumulong sa gawaing-bahay tulad ng pagtatapas ng damo, pagbubunot ng talahib, o paglilinis ng mga bintana.
- Tulungan ang inyong nakababatang mga kapatid sa kanilang gawain sa paaralan.

KAPAKI-PAKINABANG NA MGA LIBANGAN NG PAMILYA

- Tumulong na planuhin ang pamamasyal ng pamilya, bakasyon, o mga aktibidad na ikasisiyang gawin ng pamilya nang sama-sama.
- Iwasang gumamit ng anumang digital device. Isara ang TV at iba pang electronic device habang kasama ang inyong pamilya.

ng kapatid kong babae ang maliit na burol at tahimik na naupo roon habang nakikinig sa himig ng kalikasang nakapaligid sa amin. Iyon ang unang pagkakataon na nagkasama kami nang hindi nag-aaway, na tahimik na nag-uusap tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap at ang kasalukuyang mga alalahanin namin sa buhay. Naroon ang Espiritu, at naghahatid ng kapayapaan na matagal ko nang hindi naramdaman.

Sinimulan kong kausapin ang aking mga kapatid, kinumusta ko sila, niyakap sila—inalam ko ang mga nangyayari sa kanila. Tinulungan ko ang bunsong kapatid kong lalaki, na isang autistic, sa homework niya. Tinulungan ko ang bunsong kapatid kong babae na gumawa ng mga grammar flash card at lumikha ng nakakatawang mga tula para maisaulo ang iba't ibang bahagi ng pananalita. Sa sumunod na eksamen niya naragdagan siya ng mahigit 20 puntos at nakatanggap ng pinakamataas niyang marka sa pagsusulit. Ang kagalakang nadama ko mula sa mga sandaling iyon ay kakaiba at mas malalim kaysa inasahan ko.

Ang maging kabilang sa isang pamilya ay maaaring mahirap, pero sa mga ganoong panahon ay sulit ang lahat. Ang mga simpleng sandaling iyon ay nauuwi sa katuwaan, paglalaro, at tawanan; at nadama ko na muling nagkaisa ang pamilya namin. ■

Emily C., edad 17, North Carolina, USA

MGA TALA

1. "Tema ng mga Kabataang Babae," *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 3.
2. *Tungkulin sa Diyos* (buklet, 2010), 80.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 14.
4. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.





ANG SABBATH AY KALUGURAN



Limang paraan para maging mas makahulugan ang inyong mga Linggo.

Sa mga hamong nangyayari sa paligid, lalong nagiging mahalagang igalang ang araw ng Sabbath dahil tinutulungan tayo nito na manatiling espirituwal na matatag. Ibinahagi ng mga kabataan mula sa Eastern Europe kung paano sila napapalakas ng Sabbath—at kung paano rin kayo mapapalakas nito.

MAGING MAS MALAPIT SA PANGINOON

Ang Sabbath ay isang araw na lubos akong mailalaan ang sarili ko sa Panginoon. Sinisikap kong huwag magsayang ng oras at sa halip ay ginagamit ito para magpakabuti at mapalapit sa Ama sa Langit. Tuwing Linggo talagang masaya akong makapaglingkod sa mga miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng pag-upo na malapit sa kanila upang ipakita na hindi sila nakaligtaan. Ang paglilingkod sa iba ay nagpapasaya sa akin.

Para sa akin, ang araw ng Sabbath ay araw para mag-aral, magsaya, at magalak habang natututo akong maglingkod sa Panginoon. Pinanantili kong banal ang araw ng Sabbath hangga't kaya ko. Ang pagtitiwala sa Ama sa Langit sa lahat ng bagay ay magpapagalak at magpapaligaya sa atin sa lupa at sa langit sa piling Niya at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

Arvis B., edad 18, Latvia

TUMANGGAP NG SAKRAMENTO

Araw-araw kong inaasam na makapagsimba at makatanggap ng sakramento. Halos hindi na ako makapaghintay na isuot ang aking damit-pangsimba, ihanda ang aking sarili, magsimba, at muling magpanibago ng mga tipan sa Diyos.

Kung minsan pagbangon ko sa umaga, parang matamlay ako. Pero kapag nagsimba na ako at tumanggap ng sakramento, dumalo sa mga miting, at nag-aral ng mga banal na kasulatan, nadarama ko ang Espiritu Santo, at sumisigla ang pakiramdam ko. Mahalagang makatanggap ng sakramento linggu-linggo, dahil ipinakita sa atin ng Tagapagligtas mismo kung ano ang kailangan nating gawin.

Diana D., edad 14, Latvia

PAG-ARALAN ANG MGA BANAL NA KASULATAN KASAMA ANG IBA

Ang pagdalo sa mga miting tuwing Linggo at pagtanggap ng sakramento ay pinupuspos tayo ng Espiritu sa buong linggo. Mas nakakakuha tayo ng impormasyon mula sa mga banal na kasulatan, at ang mga karanasan ng ating mga guro ay tumutulong sa atin na mas maunawaan ang mga banal na kasulatan. Kapag sama-sama nating pinag-aralan ang mga banal na kasulatan, nakakakuha tayo ng mga bagong kaalaman mula rito at natututo tayo sa isa't isa.

Antonina B., edad 18, Central Federal District, Russia

MANATILING WALANG BAHID-DUNGIS

“At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa panalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw;

“Sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga pananalangin sa Kataas-taasan.”

Doktrina at mga Tipan 59:9-10



PUMILI NG MGA AKTIBIDAD PARA MAPANATILI ANG ESPIRITU

Ang pakiusap ni Jesus na samahan Siya at makipagpuyat sa Kanya (tingnan sa Mateo 26:38) ay nakaantig sa puso ko at nagpaunawa sa akin na ang araw ng Sabbath ay araw na maaari tayong makatanggap ng sakramento bilang tanda ng pag-alaala sa paglilingkod Niya sa atin.

Habang lalo ko itong iniisip, lalo kong ninanais na makilala pa Siya. Dahil dito mas natutulungan akong piliin ang mga tamang bagay sa araw na walang mga alalahanin ng mundo: ang araw ng Linggo. Kabilang sa mga ito ang pagbabasa at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, paglilingkod sa aking pamilya, panood ng nagbibigay-inspirasyong pelikula, pagbabahagi ng espirituwal na kaalaman sa mga kaibigan, at pagdarasal sa tuwina. Habang lalo kong ibinabaling ang puso ko kay Jesus, lalo ko Siyang nakikilala at lalo akong napapalapit sa Kanya. Wala akong maisip na anumang pagpapala na mas maganda pa kaysa rito.

*Sister Aleksandrovna C., edad 25,
Russia Novosibirsk Mission*

MAINSPIRASYUNAN NG ESPIRITU

Para sa akin ang araw ng Sabbath ay pagkakataon para pag-aralan ang ebanghelyo ni Jesucristo nang mas matindi. Walang duda, ang isang tao na dumarating nang handa sa simbahan at nais tumanggap ng sakramento at sinisikap na matuto ay tatanggap ng mga pagpapala at maiinspirasyon ng Espiritu, hindi lamang sa araw ng Linggo kundi sa sumunod na buong linggo.

Maraming pagkakataon sa labas ng simbahan na mapapanatili nating banal ang araw ng Sabbath: pag-uukol ng oras sa pamilya, pagtulong sa mga missionary, paglilingkod sa ward, at pagbabasa ng mga materyal ng Simbahan. Ang araw ng Sabbath ay panahon para maunawaan ang mga batas ng Diyos. Kapag naunawaan natin ito at nagpasalamat tayo sa Diyos sa pagkakataong ito, hindi tayo mahihirapang panatiliing banal ang araw ng Sabbath.

*Elder Vladimir Aleksandrovich Z., edad 18,
Russia Novosibirsk Mission*



ISANG ARAW NG PAHINGA

“Ibinigay ng Diyos sa atin ang nata-tanging araw na ito, hindi para sa paglilibang o pagtatrabaho kundi para magpahinga mula sa tungkulin, at magkaroon ng kapahingahan ang katawan at espiritu.”

Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Aspotol, “Ang Sabbath ay Kaluguran,” Liahona, Mayo 2015, 129.

“Kung iyong iurong ang iyong paa sa sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa aking banal na kaarawan; at iyong tawagin ang sabbath na kaluguran, at ang banal ng Panginoon na marangal; at iyong pararangalan, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga sariling salita:

“Kung magkagayo’y malulugod ka nga sa Panginoon.”

Isaias 58:13-14



PAGHIHINTAY NANG MAY PANANAMPALATAYA



Naghintay ako nang maraming taon pero hindi ako nawalan ng pag-asa na sasapi sa Simbahan ang mga magulang ko.

Ni Mikaeli Duarte da Silva

pinakilala ako sa Simbahan ng aking tiya at tiyo, na nakatira malapit sa bahay ko. Pitong taong gulang lang ako noon, at gustung-gusto kong magsimba para makasama ang ibang mga bata. Hindi miyembro ang mga magulang ko, pero hinayaan nila akong magsimba tuwing Linggo kasama ang tiya at tiyo ko. Sinabi ng mga magulang ko na mas mabuti pang sumama ako sa simbhang nagtuturo tungkol kay Jesucristo kaysa manatili sa lansangan at masangkot sa gulo.

Madalas pumunta ang mga missionary sa bahay namin para turuan kami. Gustung-gusto ng mga magulang ko ang mga talakayan, pero ayaw nilang tanggapin ang ebanghelyo. Hindi pa raw sila handa dahil ang pagpapabinyag ay isang mabigat na pangako. Patuloy na nagpunta ang mga missionary sa bahay namin, pero lagi silang umaalis na malungkot dahil sa mga sagot ng mga magulang ko. Gayunman, alam ko na balang araw ay mabibinyagan sila.

Noong walong taon na ako, handa na akong gumawa ng tipan sa binyag. Tinanong ako ng nanay ko kung iyon talaga ang gusto ko. Kapag nabinyagan na raw ako, hindi na ako puwedeng magbago ng isip at na babaguhin ng binyag na iyon ang buong buhay ko. Sinabi ko na ang mabinyagan ay isang bagay na pinangarap ko mula pa noong una akong sumali sa Primary.

Matapos akong mabinyagan at makumpirma, patuloy akong nagsimba, pero bihirang pumunta sa mga aktibidad ng Primary ang mga magulang ko. Masakit para sa akin na makita ang lahat ng iba pang bata na kasama

ang mga magulang nila. Pero umasa ako na balang-araw ay mabibinyagan sila at mabubuklod kami sa templo, at magkakatotoo ang pinakamatayog kong pangarap.

Noong tinedyer ako, patuloy pa rin ang mga missionary sa pagtuturo sa mga magulang ko, pero ayaw pa rin nilang magpabinyag. Gayunman, paminsan-minsa'y nagpupunta sila sa simbahan, na nagbigay sa akin ng kaunting pag-asa. Pinangarap ko pa rin na sumapi sa Simbahan ang mga magulang ko, pero nasimulan ko nang isipin na hindi ito mangyayari kailanman sa buhay na ito.

Pagkatapos isang magandang araw ng Linggo noong 17 na ako, muling sumama sa aking magsimba ang nanay ko. Habang papauwi kami may sinabi siya sa akin na parang naririnig ko pa rin sa puso't isipan ko. Sinabi niya na nagpasiya na siyang magpabinyag. Nagulat ako! Matapos maghintay nang napakatagal, inisip ko kung totoo nga ito. Noong Mayo 2010, nagpabinyag na ang nanay ko. Napakasaya ng araw na iyon.

Pagkatapos ng binyag tumingin ako sa tatay ko at sinabi ko, "Kayo na lang po ang hindi pa nabibinyagan." Sumagot siya na matagal pa iyon dahil ayaw niyang magpabinyag. Muli akong nalungkot—natupad na ang isang bahagi ng pangarap ko, pero parang malayo pang mangyari ang iba. Bagama't mahirap iyon, sigurado ako na may mangyayaring pagbabago. Laking tuwa ko dahil muling sinagot ang panalangin ko dalawang buwan pagkaraan nang magpabinyag ang tatay ko. Iyon ang pinakamasayang sandali sa buhay

ko. Pakiramdam ko ay parang nag-aawitan ang kalangitan.

Matapos sumapi ang mga magulang ko sa Simbahan, natanto ko na natupad na ang isa pang bahagi ng pangarap ko pero kailangan naming mabuklod para sa kawalang-hanggan sa bahay ng Panginoon. Sinabi sa akin ng mga magulang ko na hindi sila handa, na wala silang sapat na pera para sa mahabang paglalakbay papuntang Recife Brazil Temple, at na walang magbabantay sa bahay namin habang wala kami. Nalungkot ako, pero patuloy kong ipinagdasal na makamit ang pagpapalang iyon, batid na sasagutin ng Panginoon ang aking mga dalangin.

Dumating ang panahon na nakaramdam ang nanay ko ng matinding pagnanais na pumunta sa templo, kahit lagi itong ipinagpapaliban ng tatay ko. Matapos makausap nang maraming beses ang bishop, nagpasiya ang mga magulang ko na parehong pumunta. Walang pagsidlan ang saya ko!

Noong Setyembre 2011, nagpunta kami ng nanay at tatay sa templo sa unang pagkakataon sa aming buhay. Nabuklod ako sa aking mga magulang kinabukasan, at talagang masasabi ko na, matapos maghintay nang 11 taon, iyon ang pinakamagandang araw sa buhay ko.

Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit para sa lahat ng ibinigay Niya sa akin, lalo na sa pagsagot sa aking mga dalangin at pagtupad sa pinakamatayog na pangarap ko: ang makita ang aking buong pamilya sa bahay ng Panginoon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Ceará, Brazil.

Pakikipagkarera ni Shelly

Ni Jan Pinborough

Mga Magasin ng Simbahan

Batay sa tunay na buhay

“Huwag kang matakot; sapagka’t ako’y sumasaiyo: huwag kang manglupaypay; sapagka’t ako’y iyong Dios: aking palalakin ka; oo, aking tutulungan ka” (Isaias 41:10).


“Hoy, Shelly!” Tumingala si Shelly na noo’y Inagtatali ng sintas ng lumang sapatos na pantakbo para tingnan si Rosa na kumakaway mula sa starting line. “Halika na,” sigaw ni Rosa. “Lalagpasan natin ang pinakamabilis na oras natin!”

Ngumiti si Shelly. Sinasabi ni Rosa iyon tuwing may praktis.

May dalawang bagay na gusto si Shelly sa pagpasok niyang ito sa middle school. Ang una ay ang pagsali niya sa track team. Nang tumakbo siya, gumaan ang pakiramdam niya, na parang hindi niya kailangang mag-alala tungkol sa anupaman.

Ang pangalawang gusto niya ay na walang sinuman dito ang nakakaalam na kadidiborsyo lang ng mga magulang niya.

Nitong huli parang walang sinumang makapagbigay ng tulong na kailangan ni Shelly.



Sinikipan pa ni Shelly ang kanyang sintas at sumama na sa ibang pang mga dalagita sa relay team. *Aray!* Napangiwi siya sa sakit nang sumiksik ang mga daliri niya sa paa sa dulo ng sapatos niya. Paano niya sasabihin kay Itay na kailangan niya ulit ng bagong sapatos?

Pagkatapos ng karerahan, nagdiwang sina Shelly, Rosa, Becca, at Tiana sa bagong pinakamabilis na oras nila sa relay. “Sabi ko na sa inyo magagawa natin iyan ngayon!” sabi ni Rosa.

Tumawa si Shelly. Iniabot niya ang baton sa kanilang track teacher at yumuko para kalagin ang kanyang mga sintas.

“Magaling, mga bata,” sabi ni Ms. Goldmann. “Talagang nagtutulongan kayo. Huwag ninyong kalimutang bayaran ang track fee ninyo bukas.”

Naglaho ang ngiti ni Shelley. Nakalimutan niya iyon!

Habang sakay ng bus pauwi, ang tanging nasa isip ni Shelly ay ang sapatos at ang track fee. Ayaw niyang bigyan ng isa pang problema si Inay. At noong huli siyang tumawag kay Itay para humingi ng ekstrang pera, parang nayamot ito. Nitong huli parang wala nang makapagbigay ng tulong na kailangan niya.

Pagdating ng bahay, dumiretso si Shelly sa kanyang silid. Sa hapunan nag-usap at nagbiruan ang mga kapatid niya, pero pinaikut-ikot lang niya ang pagkain niya sa plato.

Pagkatapos maghapunan tinulungan ni Inay si Shelly sa pagliligpit ng mesa. “Kakausapin ko si Bishop Parker ngayong gabi,” sabi ni Inay. “Gusto mo bang sumama at humingi ng basbas ng priesthood?”

Tumango si Shelly. Talagang hinanap-hanap niya ang mga basbas na dating ibinibigay sa kanya ni Itay kapag nag-aalala siya o maysakit.

Maya-maya pa, nang mabasbasan siya ni Bishop Parker, napanatag ang loob ni Shelly. “Shelly, wala na ang tatay mo sa bahay ninyo para tulungan ka,” sabi nito sa basbas. “Pero laging nariyan ang iyong Ama sa Langit. Binabasbasan kita na magawang kausapin Siya tulad ng pagkausap mo sa tatay mo, at lagi kang tutulungan ng Ama sa Langit.”

Gumaan ang pakiramdam ni Shelly na matagal niyang hindi naramdaman. Panatag ang loob niya na ang mga sinabi sa kanya



“Kapag sinunod ninyo ang mga utos at nanalangin kayo nang may panampalataya na makita ang kamay ng Panginoon sa inyong buhay, ipinangako ko sa inyo na ididilat pa Niyang lalo ang inyong espirituwal na mga mata, at makikita ninyo nang mas malinaw na kayo’y hindi nag-iisa.”

Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labin-dalawang Apostol, “Dumating Nawa ang Kaharian Mo,” *Liahona*, Mayo 2015, 121–22.

ng bishop ay totoo. Mahal at pakikingingan siya ng Ama sa Langit. Sa tulong Niya, baka magkalakas-loob pa siyang kausapin ang kanyang mga magulang.

Habang papauwi, sinabi niya kay Inay ang tungkol sa sapatos at sa track fee. Nang gabing iyon lumuhod siya at hiniling sa Ama sa Langit na tulungan siyang magkalakas-loob na kausapin ang tatay niya. Ipinagdasal niya itong muli sa bus papasok ng eskuwela kinaumagahan. Pag-uwi niya mula sa paaralan, nagkaroon siya ng tapang na tawagan ang tatay niya. Sa pagkakataong ito parang hindi na ito nayayamot nang sabihin niya ang kailangan niya. Nasagot ang kanyang mga dalangin.

Ilang linggo kalaunan, itinali ni Shelly ang sintas ng bago niyang sapatos na pantakbo at tumakbo papunta kay Rosa at sa ibang pang mga dalagita. Masarap malaman na may mahusay siyang team na sumusuporta sa kanya. Hindi niya kailangang makipagkarera nang mag-isa. ■

Saklolo!

May Nakikipagdiborsyo

Ni Katherine Nelson

Kapag nagdiborsyo ang mga magulang, kadalasa'y mga anak ang natatakot, nagaalala, nababagabag, nagagalit, nalilito, naginhawahan, o nalulungkot—kung minsa'y sabay-sabay nila itong nararamdaman. Kung nangyari na ito sa inyo o sa isa sa mga kaibigan ninyo, narito ang ilang ideya na maaaring makatulong.

Pakiramdam ko nag-iisa ako. Parang lahat ng tao ay perpekto ang pamilya maliban sa akin.

Walang perpektong pamilya, kahit mukhang perpekto ito.

Tandaan na ang iyong mga magulang, bishop, guro sa Primary, kapitbahay, at kaibigan sa ward ay mahal ka.

Kung minsan maaaring may masabi ang mga tao na nakakasama ng loob mo nang hindi sinasadya. Kapag nangyari iyan, huwag matakot na sabihin sa

kanila kung ano ang nadarama mo at tunglan silang makahanap ng mas magandang paraan na makausap ka tungkol sa diborsyo.

Galit ako sa nanay at tatay ko.

Madaling magalit kapag wala kang magawa tungkol sa isang sitwasyon. Maaari mo pa ngang gustuhing ibunton sa iba ang galit mo. Kahit mahirap, patuloy na sikaping magpakita ng pagmamahal sa pamilya mo. Humingi ng tulong sa panalangin na maging katulad ng pagtingin ni Jesus ang pagtingin mo sa mga magulang mo. Mahal Niya sila, at ang buong pamilya ninyo.

Kung hindi mo mapigilang magalit, kausapin ang nanay o tatay mo o sinumang pinagtitiwalaan mo. Matutulungan ka nilang makahanap ng mabuting paraan para gumaan ang pakiramdam mo, tulad ng pag-eheersisyo o paglikha ng sining.

totoo hindi mo kasalanan iyon. Sila ang nagdesisyong magdiborsyo. Hindi responsable sa diborsyo ang mga anak sa pamilya.

Natatakot ako sa susunod na mangyayari.

Kapag may nangyaring malalaking pagbabago, natural lang na mag-alala tungkol sa hinaharap. Kausapin mo ang nanay at tatay mo. Gusto nilang malaman kung galit ka, at matutulungan ka nila sa anumang mga problema at tanong mo. Tiyaking ipagdasal na mapanatag ka.

Makakasama ko ba sa langit ang mga magulang ko?

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesus, magiging maayos ang lahat pagkamatay natin. Hindi mo kailangang mag-alala. Anuman ang mangyari, lagi kang magiging bahagi ng iyong mga magulang sa langit. Kung sisikapin mong piliin ang tama, mapapasaiyo ang lahat ng pagpapalang ipinlano ng Ama sa Langit para sa iyo.

Talagang nalulungkot ako palagi.

OK lang na malungkot. Ang maging malungkot dahil sa isang malaking pagbabago ay mahalagang hakbang para gumaan ang pakiramdam mo kalaunan. Kahit nalulungkot ka kung minsan, gawin mo pa rin ang mga bagay na gustung-gusto mong gawin. Maglalabas ka. Magbasa ng magandang aklat. Makinig sa masayang musika. Magsikap sa pag-aaral. Magsaya kasama ang mga kaibigan. Manalangin sa Ama sa Langit.

Kung talagang magtagal ang lungkot mo at hindi ka makatulog, makakain, makatuon sa pag-aaral, o makagawa ng mga bagay na dati mong gustong gawin, kausapin ang isang nakatatanda na pinagtitiwalaan mo para matulungan ka niyang gumaan ulit ang pakiramdam mo.

Kasalanan ko ba na nagdiborsyo ang mga magulang ko?

Maaari mong isipin na sana ay natulungan mo ang mga magulang mo na hindi maghiwalay. Pero ang



"Tayo ay naniniwala na noon, at hanggang ngayon, tayo ay mga miyembro ng pamilya [ng Ama sa Langit]."

Elder L. Tom Perry (1922–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bakit Mahalaga ang Kasal at Pamilya sa Lahat ng Dako ng Mundo," Liahona, Mayo 2015, 41.

Magiging maayos ang mga bagay-bagay

Anuman ang pakiramdam mo ngayon, gagaan ang pakiramdam mo kalaunan. Samantala, patuloy na ipagdasal sa Ama sa Langit na mapanatag ka. Alalahanin na ang Ama sa Langit at si Jesus ay laging nakamasid sa iyo at hinding-hindi ka iiwang magisa. Mahal ka Nila at ang iyong mga magulang at tutulungan kayong lahat. Bibigyan Nila kayo ng lakas para mapayapa at sumaya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Ano ang nakatulong sa iyo na malagpasan ang hirap na dulot ng diborsyo? Paano mo matutulungan ang iba na malagpasan ang mahihirap na panahong ito?

Ni Amie Jane Leavitt

Batay sa tunay na buhay

“Maging mabait ang nais ko, ‘pagkat ‘yan ang tama” (Aklat ng mga Awit Pambata, 83).

“Sabik na akong mag-recess!” Sabi ni Ally kay Lauren habang ibinabalik ang mga lunch box nila sa istante sa kanilang silid-aralan. “Kasasabi lang ni Tami na maglaro tayong lahat ng tag sa palaruan ngayon.”

“Ang saya!” sabi ni Lauren. “Gusto ko ang larong iyan.”

Masaya si Lauren at nagulat siya nang yayain ni Tami si Ally na maglaro. Matagal nang salbahe si Tami kay Ally. Natuwa si Lauren na sinikap din nitong maging mabait.

“Magsosoli lang ako ng libro sa library, kaya huwag kayong magsimula nang wala ako.” Nakangiting tumakbo si Ally pababa sa library.

Nagmadaling lumabas si Lauren sa palaruan. Pagdating niya roon, tinitipon na ni Tami nang pabilog ang ibang mga bata. Tumakbo si Lauren para sumali sa kanila.

“Bilisan ninyong lahat!” sigaw ni Tami habang sinesenyasan ang lahat na lumapit sa kanya. “May sasabihin ako sa inyo na nakakatuwa bago makarating si Ally dito.”

Masama ang kutob ni Lauren tungkol dito.

Tag, Taya Ka!





WALANG LUGAR ANG PANG-AABUSO

“Sa ebanghelyo ni Jesucristo, walang lugar ang pangungutya [o] pang-aabuso.”

Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Mga Espirituwal na Buhawi,” *Liahona*, Mayo 2014, 20.

“Magandang ideya!” sabi ni Lauren. “Hayu’t papunta na rito si Ally.”

Lumingon siya at tinapik si Damon sa balikat. “Tag, taya ka!” sigaw niya, pagkatapos ay tumakbo papunta kay Ally. At naghabulan na rin ang lahat ng bata. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Si Lauren at Ally ay naninirahan sa Canada.

Nasa high school na sila ngayon at matalik na magkaibigan pa rin.

Nagsiksikan ang mga bata para makinig. “Sa halip na i-tag ang lahat tulad ng dati nating ginagawa,” sabi Tami, “si Ally lang ang i-tag natin. Pero huwag ninyong sabihin sa kanya, at kung hindi lagot kayo sa akin!” Humagikgik si Tami. Parang ipinagmamalaki niya ang sarili niya.

Tiningnan ni Lauren ang ibang mga batang nasa bilog. Marami sa mga batang ito ang salbahe kay

Ally mula pa noong kindergarten. Noon talaga nagsimulang maging salbahe ang mga bata kay Ally. Pinagtatawanan at tinutukso nila ito. Kadalasan ay si Tami ang pasimuno nito at nagsusunuran ang ibang mga bata.

Kahit kailan hindi gusto ni Lauren ang pagtrato nila kay Ally. Nagdesisyon siya kaagad na hindi siya susunod sa kanila. Alam niya na bawat isa ay anak ng Diyos at dapat tratuhin nang may kabaitan.

Huminga siya nang malalim at tinitigan si Tami sa mga mata. “Hindi ako natutuwa sa ideya mo. Hindi natin dapat tratuhin si Ally nang ganyan. Kaya ayoko nang sumali.”

Iniwan ni Lauren ang grupo at bumalik nang mag-isa sa paaralan para hanapin si Ally.

Akala niya nag-iisa siya.

Pagkatapos ay narinig niya, “Hoy, teka lang!” Lumingon si Lauren at nakita ang karamihan sa mga batang tinipon ni Tami. Hindi siya makapaniwala!

“Hanapin natin si Ally at tayu-tayo na lang ang maglaro ng tag,” sabi ni Damon.

“Gusto ko ring sumali!” sabi ni Lea. Tumango ang iba.

Ngumiti si Lauren. Hindi na masama ang pakiramdam niya.



Parang hindi iyon nakakatuwa—para man lang kay Ally.



.....

ANG

Tama'y

IPAGLABAN

.....

*May binilin ang propeta,
"Maging tapat ka," ang kanyang wika.
Kahit saan man, At kahit kailan,
Maging matapat, tama'y ipaglaban.
(Aklat ng mga Awit Pambata, 81)*



Narito ang paraan para maipaglaban ko ang tama!

Sundin si Jesucristo

Magagandang aklat

Mabubuting kaibigan

Matinong Musika

Magagandang video
at iba pang media

Mabubuting salita

Katapatan

Kabaitan

Kadisentehan

Paggalang

PAGLALARAWAN NI HOLLIE HOBERT

Maglakas-loob, Tama'y Gawin

(Pinasimple)

Mga titik ni George L. Taylor
Himig na isinaayos ni A. C. Smyth

May tapang ♩. = 44-54 (Dalawang kumpas sa isang suklat)

C F C D7 G7

Mag - la - kas - loob, ta - ma'y ga - win! May na - ka - tak - da sa 'yong ga - wa - in;

C F C G

'To'y ga-win nang bu-ong pu - so't di - wa; Mga ang - hel ay mag -

C G7 C G C F C

ba - ba - li - ta. Mag - la - kas ng lo - ob; Na ang

G C F A7 Dm G7 C

ta - ma'y ga - win, Ta - ma'y ga - win, ta - ma'y ga - win.

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Isang Mahirap

Mawawala ba sa kanya ang kanyang bagong kaibigan dahil sa isang masamang laro sa video?



Ni Amanda Michaelis
Batay sa tunay na buhay

“Ang tama ay piliin mo sa t’wina”
(Mga Himno, blg. 145).

Diego ang burol pauwi mula sa paaralan. Recess ang karaniwang pinakamagandang oras sa maghapon. Pero ang sama ng nangyari sa buong linggo! Walang sinumang gustong makipaglaro ng football sa kanya, kaya naglibot na lang siyang mag-isa sa palaruan hanggang sa tumunog ang bell.

“Inay, narito na po ako!” sigaw ni Diego pagpasok sa pintuan at umupo sa kusina.

“Kumusta ang pag-aaral mo?” tanong ni Inay.

“Hindi po gaanong mabuti.” Dumampot ng isang mansanas si Diego. “Walang gustong makipaglaro sa akin noong recess.” Naramdaman niyang maluluha na siya, kaya mariin siyang pumikit. “Mahirap kapag malungkot o nag-iisa,” sabi ni Inay. Inakbayan nito si Diego. “Maganda sigurong ipagdasal mo na tulungan ka.”

Kinusot ni Diego ang mga mata niya. “Salamat po, Inay,” sabi niya at tumakbo na sa kanyang silid. Talaga bang mahalaga sa Ama sa Langit kung may mga kaibigan man siyang makalaro sa recess? Lumuhod si Diego at ipinagdasal na makahanap siya ng kaibigan. Matapos magdasal, gumaan nang kaunti ang pakiramdam niya, pero hindi pa rin niya alam kung ano ang gagawin.

Pagkauwi mula sa paaralan kinabukasan, tumunog ang doorbell. Tumakbo si Diego para buksan ang pinto. Nakatayo roon ang isang batang lalaki na bago nilang kapitbahay. Nakita na siya ni Diego sa palaruan kanina.

“Hi, ako si Ruben,” sabi nito. “Gusto mo bang maglaro sa bahay namin?”

Ngumiti si Diego. Isang kaibigang makakalaro? Sagot iyon sa kanyang dasal!

Nagpunta sila sa bahay ni Ruben at naupo sa sofa. Naglalaro ng video game ang kuya ni Ruben. Hindi alam ni Diego ang iisipin noong una. Masyadong marahas ang laro sa video at nakakadiri ang mga larawan, pero parang gustong-gusto ito ni Ruben at ng kuya niya. “Patayin mo!” sigaw ni Ruben habang nanonood sila.

Nadama ni Diego na bumaligtad ang sikmura niya, at tumitig na lang siya sa mga paa niya. Alam niya na hindi siya dapat manood ng ganitong klaseng mga video.

Pero ano ang magagawa niya?

Ayaw niyang isipin ng bago niyang kaibigan na masyado siyang nakakabagot na kasama dahil hindi siya naglalaro ng nakatutuwang

na Pagpapasiya

mga video game. Iisipin ba ni Ruben na kakaiba siya kung nagsalita siya?

Inilibot niya ang kanyang tingin sa silid at pinilit mag-isip ng iba pang mga bagay na magagawa nila.

Huminga nang malalim si Diego. “Ah, umm . . . puwede ba ninyo akong ilibot sa bahay ninyo? O maglaro kaya tayo sa itaas?” sabi niya.

Sumulyap sandali si Ruben kay Diego. Napakagat-labi si Diego. Sasabihin kaya ni Ruben na ayaw na niyang maglaro?

Pagkatapos ay nangingning ang mga mata ni Ruben. “Tek, mahilig ka ba sa kotse-kotsehan? Ang *bibilis*

ng mga kotse ko. Gusto mo pagkarerahin natin sila?”

Ngumiti at tumango si Diego. Sinundan niya si Ruben paakyat. Nawala ang bigat na nadama niya—para siyang nakalutang sa hagdan! Masaya siya na nagkaroon siya ng bagong kaibigan, at masaya siya na hindi siya nakapanood ng masama.

“Sa akin iyong pulang kotse,” sabi Ruben, “pero puwede mong gamitin iyong asul o berde. Alin ang gusto mo?”

Pinili ni Diego ang berdeng kotse—ang paborito niyang kulay. Madaaling magpasiya kapag ganoon. ■

Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.



MATATAPANG NA PASIYA

“Kailangan ang tapang para makagawa ng mabubuting pasiya, kahit iba ang ipasiya ng mga nakapaligid sa atin.”

Elder W. Craig Zwick ng Pitumpu, “Hindi Tayo Magpapatukso, Hindi Tayo Dapat Magpatukso,” *Liahona*, Mayo, 2008, 98.





**Ni Elder
Quentin L. Cook**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

*Ang mga miyembro
ng Korum ng Labin-
dalawang Apostol
ay mga natatanging
saksi ni Jesucristo.*

Paano ako mananatiling malaya?



Nais ng Diyos na maging malaya tayong pumili sa pagitan ng mabuti at masama.



Ang pagkalulong sa mga bagay na gaya ng droga at alak ay sumisira sa ating mabuting kalusugan at nililimitahan ang ating kalayaan.



Ang sobrang paglalaro ng video games, paglalaro ng sports, o panood ng TV ay maaaring ubusin ang lahat ng libreng oras natin.



Mahalaga na protektahan natin ang ilang libreng oras natin para sa ating pamilya.

Mula sa "Mga Panaghoy ni Jeremias: Mag-Ingat sa Pagkaalipin," Liahona, Nob. 2013, 88–91.

Maaari Kang Magsisi at Magpatawad

Matapos kang mabinyagan at makumpirma, responsibilidad mong piliin ang tama. Kung nagkamali ka, narito ang paraan kung paano magsisi para mas magawa ang tama!



- Isipin ang ginawa mo.
- Humingi ng paumanhin at gumawa ng isang bagay na makakatulong para mapabuti ito. Kung kailangan mo ng tulong, kausapin ang magulang mo tungkol dito.
- Manalangin sa Ama sa Langit. Hilingin sa Kanya na patawarin ka at tulungang mas magawa ang tama sa susunod.
- Pinatawad ka na! Gawin ang lahat ng makakaya mo para magawa ang gustong ipagawa sa iyo ng Ama sa Langit.



|||||

Kung ginawan ka ng isang bagay na nagpagalit sa iyo, narito ang paraan kung paano magpatawad para gumaan ang iyong pakiramdam!



- Isipin kung bakit nagawa ng taong iyon ang ginawa niya.
- Mag-isip ng isang magandang bagay tungkol sa taong iyon.
- Ipagdasal na tulungan kang magpatawad kapag mahirap gawin iyon.
- Huwag manatiling galit sa taong iyon.




Si Clara at ang PRIMARY PROGRAM

Ni Jane McBride Choate

Batay sa tunay na buhay

Si Clara at ang kanyang pamilya ay kabibinyag pa lang. Gustung-gusto ni Clara na bumangon tuwing Linggo at sama-sama silang magsimba.

Isang araw ng Linggo sinabi ng Primary president na malapit na silang magdaos ng Primary program. Hindi alam ni Clara kung ano ang Primary program. Pero alam niyang gusto niyang makasali rito.



“Maaari ka bang magbasa ng isang talata sa banal na kasulatan at magpatotoo sa Primary program?” tanong ng kanyang guro.

Tumango Clara. Tuwang-tuwa siya! Gusto niyang matuto hangga’t kaya niya tungkol sa ebanghelyo. Pero kinabahan din siya. Paano kung magkamali siya?



Pinraktis ni Clara ang gagampanan niyang papel gabi-gabi. Hindi pa niya kabisado ang lahat ng salita sa talata.

“Kaya mo iyan,” sabi ni Inay.

Hindi sigurado si Clara. Ito ang una niyang Primary program. Nagawa na ito dati ng ibang mga bata.



“Tandaan mo, kung gagawin mo ang lahat ng makakaya mo, bahala na ang Ama sa Langit sa iba,” sabi ng Papa niya sa kanya.

Noong gabi bago sumapit ang program, humiling ng tulong sa panalangin si Clara na magawa niya ang lahat ng kanyang makakaya. Nanatili siyang nakaluhod at inisip ang gagampanan niyang papel. Maganda na ang pakiramdam niya tungkol dito.

Pagsapit ng Linggo ng umaga ipinagdasal ni Clara na hindi siya matakot.



Nang siya na ang magsasalita, pumunta na si Clara sa harapan. Nagkamali siya sa isang salita sa talata. Pero naalala niya na napakaganda ng pakiramdam niya pagkatapos niyang manalangin. Ngumiti siya at nagpatotoo. Ikinuwento niya kung gaano niya kamahal ang Tagapagligtas.



Ngumiti si Clara pagbalik niya sa upuan. Alam niya na hindi mahalaga sa Ama sa Langit kung hindi man niya nasabi nang perpekto ang lahat. Mahalaga sa Kanya ang nasa puso niya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Colorado, USA.

Muling Binuhay ni Jesus si Lazaro



Ni Jean Bingham

Nag-alala na ba kayo nang may magkasakit sa inyong pamilya? Nag-alala ang mga kaibigan ni Jesus na sina Maria at Marta nang magkasakit nang malubha ang kanilang kapatid na si Lazaro. Inutusan nila ang isang tao na sabihin ito kay Jesus para pumunta Siya at pagalingin si Lazaro. Pero namatay si Lazaro bago nakarating doon si Jesus.

Nang makita ni Jesus kung gaano kalungkot sina Maria at Marta, nanangis Siya para sa kanila. Pagkatapos ay inutusan Niya ang isang tao na alisin ang bato sa pintuan ng

libingan, at inutusan Niya si Lazaro na lumabas. Bumalik ang espiritu ni Lazaro sa kanyang katawan, at lumabas siya mula sa libingan, na suot pa rin ang damit pamburo. Namangha ang mga tao. May kapangyarihan si Jesus na daigin ang kamatayan! Tunay ngang Siya ang Anak ng Diyos!

Bawat isa sa mga himala ni Jesus ay nagpakita ng Kanyang malaking pagmamahal at kapangyarihan. Kung tayo ay naniniwala sa Kanya at susunod sa Kanyang halimbawa, mabubuhay tayong muli sa piling Niya! ■

Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAG-UUSAP NG PAMILYA

Pag-usapan kung ano ang mada-rama ninyo kung nakita ninyo ang paglabas ni Lazaro mula sa libingan. Pagkatapos ay sama-samang basahin ang Juan 11:1–46 at kumpletuhin ang mga pangungusap na ito:

1. Nang marinig ni Jesus na maysakit si Lazaro . . .
2. Nang dumating si Jesus sa Betania, si Lazaro ay . . .
3. Naniwala si Marta na . . .
4. Nanangis si Jesus dahil . . .
5. Nanalangin nang malakas si Jesus sa Ama dahil . . .
6. Matapos ibangon ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay, maraming tao ang . . . , ngunit may ilang tao na . . .

Ang kamatayan ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit at kung minsay nagkakasakit o namamatay ang ating mga mahal sa buhay. Kahit hindi sinasagot ang ating mga panalangin ayon sa gusto natin, maaari tayong manalig na mahal tayo ng Ama sa Langit at alam Niya kung ano ang pinakamainam.

Awit: “Isinugo, Kanyang Anak”
(*Aklat ng mga Awit Pambata*, 20)

Mga Banal na Kasulatan:
Mateo 11:2–5; 2 Nephi 27:23

Video: Magpunta sa Biblevideo.org para mapanood ang “Lazarus Is Raised from the Dead”

MARAMING MAKAPANGYARIHANG HIMALA

Itugma ang mga larawan ng bawat himala sa mga talata sa ibaba.

Marcos 8:22–25

Juan 5:1–9

Marcos 9:17, 23–27

Marcos 5:21–24, 35–43

Marcos 4:36–39

Mateo 14:16–21



TIP SA BANAL NA KASULATAN

Gamitin ang mapa ng Biblia sa inyong mga banal na kasulatan para malaman ang iba pa tungkol sa mga kuwento sa banal na kasulatan. Sina Maria, Marta at Lazaro ay nanirahan sa Betania, isang bayang malapit sa Jerusalem. Gustong saktan ng ilan sa mga pinuno sa Jerusalem si Jesus, kaya nag-alala ang Kanyang mga disipulo sa pagpunta sa isang bayang napakalapit sa Jerusalem. Hindi natakot si Jesus at hinikayat ang Kanyang mga disipulo na sumunod sa Kanya.

ALAMIN ANG IBA PA

Ang ibig sabihin ng pangalang Hebreo na *Lazaro* ay “Ang Diyos ang tutulong sa akin.” Tinulungan ni Jesus si Lazaro sa pamamagitan ng pagbuhay na muli sa kanya. Paano nakatulong ang Ama sa Langit at si Jesucristo sa inyo at sa inyong pamilya?



**Ni Elder
Parley P. Pratt
(1807-57)**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

ITINURO NIYA SA AKIN ANG MAKALANGIT NA ORDEN NG KAWALANG- HANGGAN

Ngayon ay maaari na akong magmahal nang may taglay na espiritu at pang-unawa rin.

Sa Philadelphia masaya akong muling makausap si Pangulong [Joseph] Smith, at makasama siya at ang iba nang ilang araw, at ang mga Banal sa lungsod na iyon at sa paligid niyon.

Sa mga interbyung ito itinuro niya sa akin ang maraming dakila at maluwalhating alituntunin hinggil sa Diyos at sa makalangit na orden ng kawalang-hanggan. Sa panahong ito ko unang nalaman mula sa kanya ang tungkol sa organisasyon ng walang-hanggang pamilya, at ang walang-hanggang pagkabuklod ng babae at lalaki na ang napakatinding pagmamahalan ay hindi matatawaran ninuman maliban sa taong napakatalino, dalisay at malinis ang puso, marunong magpahalaga, at siyang pinakapundasyon ng lahat ng karapat-dapat tawaging kaligayahan.

Noon ko natutuhang unawain na ang mga pagsuyo at pagdamay sa



mga kaanak ay para lamang sa buhay na ito, na kailangan tayong matutong ihiwalay ang ating sarili, upang magiging karapat-dapat sa makalangit na kalagayan nito.

Si Joseph Smith ang nagturo sa akin kung paano pahalagahan ang pagmamahalan ng ama at ina, ng lalaki at babaeng mag-asawa; ng magkapatid na lalaki at babae, ng mga anak na lalaki at babae.

Sa kanya ko nalaman na maaaring mabuklod sa akin ang pinakamamahahal kong asawa ngayon at sa buong kawalang-hanggan; at na ang dalisay na mga pagdamay at pagsuyo na dahilan para mapamahal kami sa isa't isa ay nagmula sa bukal ng walang-hanggang pagmamahal ng Diyos. Sa kanya ko nalaman na maaari nating pag-ibayuhin ang mga pagsuyong ito, at lumago at tumibay sa pagmamahal

na iyon hanggang sa kawalang-hanggan; samantalang ang bunga ng ating walang-katapusang pag-iisa ay mga supling na sindami ng mga bituin sa langit, o ng buhangin sa dalampasigan.

Sa kanya ko nalaman ang tunay na dangal at tadhana ng isang anak ng Diyos, na nadaramitan ng isang walang-hanggang priesthood, bilang patriarch at pinuno ng kanyang di-mabilang na mga anak. Sa kanya ko nalaman na ang pinakamataas na dangal ng pagkababae ay, mag-silbing reyna at priestess sa kanyang asawa, at mamuno magpakailanman at magpasawalang-hanggan bilang inang reyna ng marami at dumarami pang mga supling.

Nagmahal na ako dati, pero hindi ko alam kung bakit. Ngunit ngayo'y nagmahal ako—nang dalisay—na may ibayong sidhi ng kabanalan, na mag-aangat sa aking kaluluwa mula sa mga panandaliang bagay sa buhay at magpapalawak dito na tulad ng karagatan. Nadama ko na ang Diyos ay tunay kong Ama sa langit; na si Jesus ay aking kapatid, at na ang minamahal kong asawa ay isang imortal at walang-hanggang kabiyak; isang naglilingkod na anghel, na ibinigay sa akin para panatagin ako, at isang putong ng kaluwalhatian magpakailanman at walang katapusan. Sa madaling salita, ngayon ay maaari na akong magmahal nang may taglay ng espiritu at pang-unawa rin. ■

Mula sa Autobiography of Parley P. Pratt (1979), 297-98.

MGA KABATIRAN



Paano tayo magkakaroon ng takot sa Diyos?

“Ang takot sa Diyos ay ang mahalín [Siya] at magtiwala sa Kanya. Kapag mas lubos ang takot natin sa Diyos, mas lubos natin Siyang mahal. At ‘ang ganap na pag-ibig ay nagwawaksi ng lahat ng takot’ (Moroni 8:16). Ipinangako ko na ang maningning na liwanag ng pag-asang dulot ng takot sa Diyos ay papawi sa dilim ng kawalan ng pag-asang dulot ng mga takot natin sa buhay (tingnan sa D at T 50:25) kapag umasa tayo sa Tagapagligtas, sumalig tayo sa Kanya bilang ating pundasyon, at sumulong sa landas ng Kanyang tipan nang may buong katapatan.”

Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Anupa’t Nabawasan ang kanilang Pagkatakot,” *Liahona*, Mayo 2015, 49.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

PAGTITIIS: Higit pa sa Paghihintay

Ang pagtitiis ay hindi isang aral na natutuhan mo nang minsanan, ngunit sa pamamagitan ng ating mga pagsubok ay mauunawaan natin kung ano ang pagtitiis—at kung ano ang hindi.



p.42

PARA SA MGA KABATAAN



p.56

Resipe para sa isang **Masayang Pamilya**

Sa pamumuhay alinsunod sa siyam na alituntunin mula sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak, matutungan ninyo ang inyong pamilya na maging mas matatag at masaya!

PARA SA MGA BATA



Saklolo! May Nakikipagdiborsyo

Kung magdiborsyo ang mga magulang mo, normal lang na marami kang maramdaman. Maaaring makatulong sa iyo ang mga ideyang ito para makayanan ang mga damdaming iyon.

p.66



TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW